
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • SETYEMBRE 2013

# Liahona



## Paano Tayo Pinalalaya ng Katarungan at Awa mula sa Pagkaalipin, p. 20

**Ang Paraan na Nakakatulong ang Biyaya ng Diyos, p. 42**

**Ano ang Maganda sa Malaki at Maluwang na Gusali? p. 48**

**Mga Bata, ang Inyong Halimbawa ay Gumagawa ng Kaibhan, p. 67, 71**



*"Datapuwa't ang sinomang umiinom ng tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpakailan man; ngunit ang tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay magiging . . . [bukal] sa kabuhayang walang hanggan."*

Juan 4:14

# Liahona, Setyembre 2013


26

## MGA MENSAHE


4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Ang mga Banal sa Lahat ng Panahon**
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Pag-asa sa Sarili**


## TAMPOK NA MGA ARTIKULO


18 **Aking mga Panalangin ng Pasasalamat**
Ni Christie Skrinak
*Kailangang-kailangan ng aming pamilya ang mga pagpapala. Paano ako magpapasalamat sa gitna ng ganitong mga pagsubok?*

20 **Ang Katarungan at Awa ng Diyos**
Ni Elder Jeffrey R. Holland
*Kung mapagsisisihan natin ang ating mga kasalanan at magiging mapang-unawa sa mga kasalanan ng iba, tutulungan tayo ng buhay na Ama nating lahat.*

26 **Maawaing Katulad ni Cristo**
Ni Randy L. Daybell
*Maituturo sa atin ng mga kuwento sa banal na kasulatan na ito mula sa buhay ng Tagapagligtas ang mga paraan para maging maawain.*

30 **Paano Itinatatag ang Doktrina?**
Ni LaRene Porter Gaunt

32 **Kailangan ng mga Kabataang Lalaki sa Panahong Ito ng Mabubuting Huwaran**
Ni Hikari Loftus
*Dahil nalampasan niya ang magulong buhay niya noong kanyang kabataan, sinisikap ngayon ni Todd Sylvester na tulungan ang mga kabataang lalaki.*

36 **Nananatiling Malakas na Panawagan**
Ni Richard M. Romney
*"Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" ay nagsisilbing makabagong bandila ng kalayaan, na nagbibigay ng kalinawan at patnubay sa mga pamilya.*


## MGA BAHAGI


8 **Notebook ng Kumperensya ng Abril**

10 **Ang Ating Paniniwala: Ang Priesthood ay Dapat Gamitin nang Karapat-Dapat**

12 **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Hindi Ako Kailanman Sinigawan ng Panginoon**
Hindi ibinigay ang pangalan

14 **Mga Klasikong Ebanghelyo: Ano ang Ibig Sabihin ni Jesus sa Atin Ngayon?**
Ni Elder David B. Haight

16 **Mga Balita sa Simbahan**


38 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Ang Pinakamahabang Sacrament Meeting**
Ni Okon Edet Effiong



**SA PABALAT**
Harap: *Ang Nawawalang Tupa,* ni Newell Convers Wyeth, muling ginawa sa pahintulot ng Colby College Museum of Art. Likod: larawang kuha © Thinkstock. Sa loob ng pabalat sa harap: larawang kuha ni Chelsea Stark.

**MGA YOUNG ADULT**



42


42 **Ang Kanyang Biyaya ay Sapat**
Ni Brad Wilcox
*Ang himalang dulot ng biyaya ni Cristo ay hindi lamang tayo makakabalik sa langit kundi maaari tayong magbago para mapanatag tayo roon.*




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Dinalaw ni Jesus ang mga tao sa Amerika.***

**MGA KABATAAN**


46 **Mga Hakbang Tungo sa Kaligayahan**
Ni Elder D. Todd Christofferson
*Kapag nauunawaan natin ang layunin ng mga kautusan, gusto natin ang mas marami pa nito—hindi mas kaunti.*

48 **Ano ang Maganda sa Malaki at Maluwang na Gusali?**
Ni Dennis C. Gaunt

52 **Maging Liwanag sa Inyong mga Kaibigan**
Ni Elder Benjamín De Hoyos
*Ang gawaing misyonero ay nagsisimula sa mabuting halimbawa.*

54 **Tuwirang Sagot**

56 **Para sa Lakas ng mga Kabataan: Ang Impluwensya ng Musika**
Ni Rosemary M. Wixom
*Ano ang maaaring ituro sa atin ng daga tungkol sa pagpili ng makabuluhang musika?*

58 **Isang Panalangin sa Aking Puso**
Ni Ma. Consuelo N.

59 **Poster: Pumailanlang Tungo sa Kinabukasan**

60 **Mula sa Misyon: Sa Kabila ng Maninipis na Dingding**
Ni Monica Garcia Adams

62 **Pagkatuto mula sa mga Buhay na Propeta**
Ni Elder Neil L. Andersen
*Ang apat na tanong na ito ay makakatulong sa inyo na sundin ang propeta.*




52

**MGA BATA**



64


64 **Isulat nang Tama**
Ni Jan Pinborough
*Sinabi ng guro ni Cara na ang Ama sa Langit, si Jesucristo, at ang Espiritu Santo ay iisang tao. Ano ang maaaring sabihin ni Cara?*

66 **Awitin: Pastol Ko si Cristo**
Ni Tammy Simister Robinson

67 **Matatapat na Halimbawa**
Ni Jean A. Stevens
*Ang halimbawa ng mga batang Primary na ito sa Hong Kong ay tumulong para ang mga miyembro sa kanilang ward ay magkaroon ng pananampalataya na ipamuhay ang ebanghelyo.*

68 **Sa Daan: Ang Nauvoo Temple at Carthage Jail**
Ni Jennifer Maddy

70 **Natatanging Saksi: Bakit mahalagang magkaroon kapwa ng Biblia at Aklat ni Mormon?**
Ni Elder L. Tom Perry

71 **Pinili Ko ang Tama**
Ni Ekene B.
*Ayaw kong inumin ang alak, pero ano ang mangyayari sa aking pamilya kung hindi ko ito iinumin?*

72 **Ang Ating Pahina**

74 **Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Paglilingkuran Ko ang Diyos nang Buong Puso, Kakayahan, Pag-iisip, at Lakas**

76 **Para sa Maliliit na Bata**

81 **Larawan ng Propeta: George Albert Smith**


**PAGWAWASTO**

Humihingi kami ng paumanhin sa pagkakamali sa "Mga Kard ng Banal na Kasulatan" sa mga pahina 65–66 ng Liahona sa buwan ng Agosto. Ang dapat na mga talata para sa kard na "Kapag masaya ako . . ." ay Mga Awit 118:24; Juan 13:17; at Alma 26:35. Ang dapat na mga talata para sa kard na "Kapag kailangan ko ng tapang . . ." ay Daniel 6; 1 Nephi 3:7; at Alma 56:44–48. Ang naiwastong mga pahina ay maaaring i-print mula sa liahona.lds.org.

**SETYEMBRE 2013 TOMO 16 BLG. 9**
**LIAHONA 10789 893 (ISSN 1096-5165)**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Craig A. Cardon
**Mga Tagapayo:** Shayne M. Bowen, Bradley D. Foster, Christoffel Golden Jr., Anthony D. Perkins

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner
**Direktor ng Family and Member Support:** Vincent A. Vaughn
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr, LaRene Porter Gaunt
**Assistant ng Publikasyon:** Melissa Zenteno
**Writing and Editing Team:** Susan Barrett, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Mindy Raye Friedman, Lori Fuller, Garrett H. Garff, Jennifer Grace Jones, Hikari Loftus, Michael R. Morris, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Julia Woodbury

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Design Team:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott, Thomas Child, Nate Gines, Kerry Lynn C. Herrin, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Brad Teare

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Kevin C. Banks, Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Stephen R. Christiansen

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Para sa suskrisyon ng magasin at pagpapanibago ng suskrisyon nito, bisitahin ang http://store.lds.org. Huwag kalimutang isaad ang iyong ward/branch bilang address na pagpapadalhan ng iyong suskrisyon.

Kung mayroong mga tanong tungkol sa suskrisyon tawagan lamang ang Global Service Center (GSC) ng Simbahan sa bilang na 1800-8-680-3950 para sa mga PLDT at Smart subscriber o 1800-1-441-0687 para sa mga Globe subscriber.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2013 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Pilipinas. Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

# Mga Ideya para sa Family Home Evening

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang halimbawa.*



LARAWANG KUHA NI CODY BELL

**"Ano ang Maganda sa Malaki at Maluwang na Gusali?"** pahina 48: Basahin ang artikulo sa iyong pamilya. Isiping tanungin sila kung nadama na nilang napahiya sila sa pamumuhay ng mga pamantayan ng Simbahan; maaari kang magbahagi ng pagkakataon na ganoon ang nadama mo at ano ang natutuhan mo. Talakayin ang pagkakaiba sa pagsasabing *hindi mo magagawa* ang isang bagay kumpara sa pagsasabing *hindi mo gagawin* ang isang bagay. Masusundan ng inyong pamilya ang magkakaugnay na banal na kasulatan na ito para malaman kung paano naaakma sa plano ng Diyos ang kalayaan: Moises 4: 1–4; 2 Nephi 2:14–16, 22–27; Josue 24:15; Mosias 2:41; Doktrina at mga Tipan 82: 10; 130: 20–21. Pagkatapos ay maaari ninyong kantahin ang "Piliin ang Tama" (*Mga Himno,* blg. 145) o isa pang himno tungkol sa mabubuting pagpili.

**"Isulat nang Tama,"** pahina 64, at **"Pinili ko ang Tama,"** pahina 71: Isiping ibahagi kung paano nakahanap ng paraan sina Cara at Ekene sa mga kuwentong ito upang mapanindigan ang katotohanan. Maaari mong talakayin kung ano ang ibig sabihin ng "tumayo bilang saksi ng Diyos" (Mosias 18:9). Magpalitan ng mga ideya tungkol sa mga paraan na maibabahagi ninyo ang inyong patotoo at planuhing gawin ito sa linggong ito. Para sa isang aktibidad, maaaring basahin o repasuhin ng inyong pamilya ang kuwento sa banal na kasulatan kung saan may tumayo bilang saksi ng Diyos; pagkatapos ay isadula o gayahin ang mga tauhan sa kuwento. Maaaring kabilang sa ilang ideya ng mga kuwento si Daniel at ang kanyang mga kaibigan na tumangging kainin ang masasamang bagay (Daniel 1), si Esteban na nagpatotoo kay Jesucristo (Mga Gawa 6–7), at ang paghikayat ni Nephi sa kanyang mga kapatid na kunin ang mga lamina (1 Nephi 3–4).

## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.**

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aklat ni Mormon,*** *70*
***Awa, habag,*** *20, 26*
***Banal na Kasulatan,*** *40, 70*
***Biblia,*** *70*
***Biyaya,*** *42*
***Doktrina,*** *30*
***Edukasyon,*** *59*
***Espiritu Santo,*** *12, 41, 56, 72, 80*
***Gawaing Misyonero,*** *40, 52, 54, 60*
***Halimbawa,*** *32, 38, 40, 52, 67, 74*
***Himala, mga,*** *76*
***Ikapu,*** *67*
***Jesucristo,*** *26, 66, 76*
***Kalayaan,*** *48*
***Kalayaan,*** *20*
***Kalinisang-Puri,*** *54*
***Kalusugan ng Katawan,*** *54*
***Kasaysayan ng Simbahan,*** *7, 68*
***Katarungan,*** *20*
***Kautusan, mga,*** *46, 71*
***Musika,*** *56, 58*
***Pag-asa sa Sarili,*** *7*
***Paghahayag,*** *30, 62*
***Paghihirap,*** *4, 18, 48, 71*
***Paglilingkod,*** *74*
***Pagsisisi,*** *20*
***Pamilya,*** *12, 36*
***Panalangin,*** *18, 58, 60, 72*
***Pananampalataya,*** *39, 72, 76*
***Pasasalamat,*** *18*
***Patotoo,*** *64*
***Priesthood,*** *10*
***Propeta, mga,*** *30, 62*
***Sakramento,*** *80*
***Smith, George Albert,*** *81*
***Templo,*** *68*
***Tungkuling ipinagkatiwala,*** *80*
***Word of Wisdom,*** *71*



**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# ANG MGA Banal SA LAHAT NG PANAHON



May alaala ako noong bata pa ako sa isang bahagi ng mundo na talagang napakaganda sa apat na panahunan o season ng taon. Bawat buwan na lumilipas ay maluwalhati at napakaganda. Isang napakagandang araw ng taglamig, nabalot ng bagong bagsak na niyebe ang mga bundok at mga kalye ng lungsod. Nalinis ng ulan na dala ng tagsibol ang lahat at dahil dito ang mga puno at halaman ay nagkabunga, nagkadahon, at namukadkad. Matindi ang sikat ng araw sa maaliwalas na asul na kalangitan. At binago ng napakagandang taglagas ang kalikasan at naging matitingkad na kulay orange, dilaw, at pula. Noong bata ako, gustung-gusto ko ang bawat panahon, at hanggang ngayon, gustung-gusto ko ang katangian at kaibhan ng bawat isa.

May mga panahon din sa ating buhay. Ang ilan ay masigla at maganda. Ang iba ay hindi. May mga araw sa ating buhay na kasingganda ng mga retrato o larawan sa isang kalendaryo. At may mga araw at kalagayan din na nagdudulot ng sama ng loob at maaaring maghatid sa ating buhay ng matinding lungkot, poot, at pait.

Natitiyak ko na may mga pagkakataon na iniisip nating lahat na napakaganda siguro kung titira tayo sa isang lupain na puno ng mga perpektong panahon at iiwasan ang di kanais-nais na mga panahon sa pagitan nito.

Ngunit hindi ito maaaring mangyari. Ni hindi ito kanais-nais.

Kapag iniisip ko ang sarili kong buhay, maliwanag na marami sa mga panahon ng pinakamalaking pag-unlad ay dumating sa akin habang dumaraan sa maunos na panahon.

Alam ng ating matalinong Ama sa Langit na para umunlad ang Kanyang mga anak at maging mga nilalang na nilayon na kahinatnan nila, kakailanganin nilang dumanas ng mga panahon ng paghihirap sa kanilang buhay o paglalakbay sa mortalidad. Sinabi ng propetang si Lehi sa Aklat ni Mormon na kung walang oposisyon, ang "kabutihan ay hindi mangyayari" (2 Nephi 2:11). Tunay nga na ang kapaitan ng buhay ang nagtutulot sa atin na makilala, ihambing, at pahalagahan ang katamisan nito (tingnan sa D at T 29: 39; Moises 6:55).

Ganito ang sabi ni Pangulong Brigham Young: "Ang lahat ng matalinong tao na napuputungan ng korona ng kaluwalhatian, kawalang-kamatayan, at buhay na walang hanggan ay kinakailangang malampasan ang bawat pagpapahirap na itinalaga upang danasin ng matatalinong tao, upang matamo ang kanilang kaluwalhatian at kadakilaan. Ang bawat [kalamidad] na maaaring dumating sa mga mortal na nilalang ay pinapayagang dumating . . . upang ihanda sila na [makapiling ang] Panginoon. . . . Ang bawat pagsubok at karanasan na inyong nadaanan ay kailangan para sa inyong kaligtasan."[1]

Ang tanong ay hindi kung daranasin natin ang mga panahon ng paghihirap kundi kung paano natin haharapin ang mahihirap na karanasan sa buhay. Malaki ang pagkakataon natin sa pabagu-bagong panahon ng buhay na humawak nang mahigpit sa matapat na salita ng Diyos, sapagkat ang Kanyang payo ay hindi lamang nilayon para tulungan tayong maligtasan ang mga unos ng buhay kundi para gabayan din tayo na malampasan ang mga ito. Ibinigay ng ating Ama sa Langit ang Kanyang salita sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta—mahalagang kaalaman na dinisenyo para akayin tayo sa kabila ng mahihirap na mga hamon ng panahon tungo sa hindi mabigkas na kagalakan at maliwanag na ilaw ng buhay







na walang hanggan. Mahalagang bahagi ng karanasan natin sa buhay ang magkaroon ng lakas, tapang, at integridad na manangan nang mahigpit sa katotohanan at kabutihan sa kabila ng mga tuksong mararanasan natin.

Ang mga lumusong sa mga tubig ng binyag at nakatanggap ng kaloob na Espiritu Santo ay tumatahak sa landas ng pagkadisipulo at inuutusang patuloy at matapat na sundan ang mga yapak ng ating Tagapagligtas.

Itinuro ng Tagapagligtas na ang araw ay sumisikat "sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap" (Mateo 5:45). Kung minsan hindi natin nauunawaan kung bakit nangyayari ang mahirap, maging ang mga hindi patas, na mga bagay sa buhay. Ngunit bilang mga tagasunod ni Jesucristo, nagtitiwala tayo na kung tayo ay "masigasig na [maghahanap, mananalangin] tuwina, at [magiging] mapanampalataya, . . . lahat ng bagay ay magkakalakip na gagawa para sa [ating] ikabubuti, *kung* [tayo] ay lalakad nang matwid" (D at T 90:24; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Bilang mga miyembro ng Kanyang Simbahan, bilang mga Banal, naglilingkod tayo nang buong kagalakan at kusang-loob sa lahat ng panahon. At habang ginagawa natin ito, ang ating puso ay napupuno ng pinabanal na pananampalataya, nagpapagaling na pag-asa, at makalangit na pag-ibig sa kapwa.

Gayunman, kailangan nating dumaan sa lahat ng panahon—kapwa kanais-nais at mapait na karanasan. Ngunit anuman ang panahon, bilang mga tagasunod ni Jesus na Cristo, tayo ay mananatiling umaasa sa Kanya habang naglalakad tayo papunta sa Kanyang liwanag.

Sa madaling salita, tayo ay mga Banal ng Diyos, determinadong matuto sa Kanya, mahalin Siya, at mahalin ang ating kapwa. Tayo ay mga manlalakbay sa pinagpalang landas ng pagkadisipulo, at patuloy nating tatahakin ang landas tungo sa ating makalangit na mithiin.

Dahil dito, tayo'y maging mga Banal sa tagsibol, tag-init, taglagas, at taglamig. Tayo'y maging mga Banal sa lahat ng panahon. ■

**TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (1997), 293.

### PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Itinuro ng Unang Panguluhan, "Ang ilan sa pinakamagagandang sermon ay naipahahayag sa pamamagitan ng pag-awit ng mga himno" (*Mga Himno,* vii). Habang tinatalakay ninyo ang mensaheng ito, isiping kantahin kasama ng mga tinuturuan mo ang isa sa mga himnong ito o ang isa pang awitin tungkol sa pagtitiis ng paghihirap: "Saligang Kaytibay" (blg. 47); "Ang Panginoon ay Pastol Kong Tunay" (blg. 62); o "Magpatuloy Tayo" (blg. 148). Kung nadarama mo ang inspirasyon, ibahagi ang isang maunos na panahon sa iyong buhay na naging isang pagpapala.

MGA PAGLALARAWAN NI CRAIG DIMOND; RETRATO NG TAGLAMIG BACKGROUND © THINKSTOCK/ISTOCKPHOTO



# Nagawa Kong Kalimutan ang Aking Kalungkutan

Ni Juan Zhu

Nang mabinyagan ang aking mga kaibigan na si Brother Chen at ang kanyang asawa sa aming ward, tuwang-tuwa ako. Isang taon matapos ang kanilang binyag, sila ay ibinuklod sa templo, at ang kanilang anak na lalaki na pumanaw bago sila sumapi sa Simbahan ay ibinuklod sa kanila. Napakagandang tingnan ang pag-unlad ng mga Chen sa ebanghelyo.

Pagkatapos ay namatay si Brother Chen sa isang aksidente nang sumunod na taon. Kasunod ng aksidente, parang lagi kong naiisip ang kanyang pagkamatay at madalas ko itong mapanaginipan. Nagigising akong umiiyak at paulit-ulit na nagtatanong kung, "Bakit? Bakit pinapayagan ng Panginoon na mangyari ang ganitong uri ng trahedya? Bakit kailangan itong mangyari sa magandang pamilyang ito?" Isang araw, habang pinag-iisipan ko ang mga tanong na ito, dinampot ko ang isang manwal at nabasa ko ang mga salitang ito mula kay Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985):

"Kung iisipin nating mortalidad lang ang buhay, ang sakit, kalungkutan, kabiguan, at maikling buhay ay magiging kalamidad. Ngunit kung titingnan natin ang buhay bilang kawalang-hanggan, na sakop nito ang buhay noong bago tayo isinilang at ang walang hanggang hinaharap, ang lahat ng pangyayari ay mailalagay natin sa dapat nitong kalagyan. . . .

"Hindi ba't nahaharap tayo sa mga tukso para subukin ang ating katatagan, sa karamdaman para matuto tayong magtiyaga, sa kamatayan para maging imortal tayo at luwalhatiin?"[1]

Nang sandaling iyon, nagpasiya akong kalimutan na ang aking kalungkutan at tumingin sa ipinangako at mangyayari sa hinaharap. Nakita ko sa aking isipan si Brother Chen na muling masayang kasama ang kanyang pamilya. Ang tagpong iyon ay nagdulot sa akin ng kapayapaan. Alam ko na bibigyan tayo ng Ama sa Langit ng karunungan at lakas ng loob na harapin ang mga paghihirap.

*Ang awtor ay mula sa Taiwan.*

**TALA**

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 17-18.



# Paglilingkod sa Lahat ng Panahon

Itinuro ni Pangulong Uchtdorf na dapat "maglingkod tayo nang buong kagalakan at kusang-loob sa lahat ng panahon." Sa mga larawan sa ibaba, gumagamit ang mga bata ng mga bagay mula sa iba't ibang panahon upang maglingkod sa iba. Itugma ang bagay na nasa kanang hanay sa mga larawan nito na nasa kaliwang hanay.



FROM LEFT: ILLUSTRATIONS BY BRIAN CALL AND DILLEEN MARSH

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang inyong mga kapatid at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society. Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa* **reliefsociety.lds.org**.

# Pag-asa sa Sarili

Ang pagtustos sa sariling pangangailangan ay ang kakayahan, katapatan, at pagsisikap na tustusan ang espirituwal at temporal na kapakanan ng ating sarili at ng ating pamilya.[1]

Habang natututuhan at ipinamumuhay natin ang mga tuntunin ng pagtustos sa sariling pangangailangan sa ating mga tahanan at komunidad, may pagkakataon tayong pangalagaan ang maralita at nangangailangan at tulungan ang iba na tustusan ang sarili nilang pangangailangan upang makapagtiis sila sa oras ng paghihirap.

Tayo ay may pribilehiyo at tungkulin na gamitin ang ating kalayaan upang matustusan ang espirituwal at temporal na pangangailangan. Sa pagsasalita tungkol sa pagtustos sa espirituwal na pangangailangan at sa pag-asa natin sa Ama sa Langit, itinuro ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol na: "Tayo ay napapabalik-loob at nakakaasa sa ating espirituwalidad kapag mapanalangin nating ipinamuhay ang ating mga tipan—sa pamamagitan ng karapat-dapat na pakikibahagi sa sakramento, pagiging marapat sa temple recommend, at pagsasakripisyo para mapaglingkuran ang iba."[2]

Pinayuhan tayo ni Elder Hales tungkol sa sariling kakahayahang temporal, "na kinabibilangan ng pagtatamo ng postsecondary education o vocational training, pagkatutong magtrabaho, at paggasta nang hindi lampas sa ating kinikita. Sa pag-iwas



na magkautang at pag-iipon ng pera ngayon, handa tayong maglingkod nang full-time sa Simbahan sa darating na mga taon. Ang layunin ng sariling kakayahang temporal at espirituwal ay ilagay ang ating sarili sa mas mataas na lugar nang maiahon natin sa hirap ang ibang nangangailangan."[3]

## *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Mateo 25:1–13; I Timoteo 5:8; Alma 34:27–28; Doktrina at mga Tipan 44:6; 58:26–29; 88:118

**MGA TALA**

1. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 6.1.1.
2. Robert D. Hales, "Pagkilala sa Ating Sarili: Ang Sakramento, ang Templo, at Sakripisyo sa Paglilingkod," *Liahona,* Mayo 2012, 34.
3. Robert D. Hales, "Pagkilala sa Ating Sarili," 36.
4. Tingnan sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 62.

## *Ano ang Magagawa Ko?*

**1.** Paano ko tinutulungan ang kababaihang pinangangalagaan ko na mahanap ang mga solusyon sa kanilang temporal at espirituwal na pangangailangan?

**2.** Dinaragdagan ko ba ang aking pag-asa sa espirituwal na kakayahan sa pamamagitan ng paghahanda para sa sakramento at pagsasakripisyo para maglingkod?

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

## *Mula sa Ating Kasaysayan*

Matapos magtipon ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Salt Lake Valley, na isang liblib na disyerto, gusto ni Pangulong Brigham Young na umunlad sila at magtatag ng mga permanenteng tahanan. Ibig sabihin nito kailangang matuto ang mga Banal ng mga kasanayang magiging daan upang matugunan nila ang lahat ng kanilang mga pangangailangan. Sa pagsisikap na ito, napakalaki ng tiwala ni Pangulong Young sa mga kakayahan, talento, katapatan, at kahandaan ng kababaihan, at hinikayat niya sila sa partikular na mga temporal na tungkulin. Bagamat kaiba sa ngayon ang maraming partikular na mga tungkulin ng kababaihan ng Relief Society, ang mga alituntunin ay hindi nagbabago:

1. Matutong mahalin ang trabaho at iwasan ang katamaran.
2. Matutong magsakripisyo.
3. Tumanggap ng personal na pananagutan o responsibilidad para sa espirituwal na kalakasan, kalusugan, edukasyon, trabaho, pananalapi, pagkain, at iba pang mga kailangan upang mabuhay.
4. Manalangin para sa pananampalataya at tapang na harapin ang mga hamon.
5. Palakasin ang iba na nangangailangan ng tulong.[4]

PAGLALARAWAN NI ROBERT CASEY © 2005

# NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG ABRIL 2013

*"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).*

*Habang nirerepaso ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Abril 2013, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa darating na mga isyu) upang tulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.*

**MGA KUWENTO MULA SA KUMPERENSYA**

## Isang Liwanag sa Africa

**Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan



PAGLALARAWAN NI RICHARD M. ROMNEY

Ilang taon na ang nakalilipas, kami ng asawa kong si Harriet, ay nagkaroon ng hindi malilimutang karanasan kung saan nakita namin ang katuparan ng pangakong ito. Nasa West Africa kami noon, isang magandang panig ng mundo kung saan lumalago ang Simbahan at kahanga-hanga ang mga Banal sa mga Huling Araw. Gayunman, marami ring pagsubok sa West Africa. Ang ikinalulngkot ko sa lahat ay ang kahirapan na nakita ko roon. Sa mga lungsod, marami ang walang trabaho, at kadalasan ay hirap ang mga pamilya na tustusan ang kanilang pangangailangan sa araw-araw at nag-aalala sa kanilang kaligtasan. Lungkot na lungkot ako na malaman na marami sa ating minamahal na mga miyembro ng Simbahan ay namumuhay sa gayong kahirapan. Ngunit nalaman ko rin na nagtutulungan ang mabubuting miyembrong ito para mapagaan ang mabibigat na pasanin ng isa't isa.

Nakarating kami sa isa sa ating mga meetinghouse na malapit sa isang malaking lungsod. Ngunit sa halip na makakita ng mga taong nabibigatan at lugmok sa kadiliman, ang nakita namin ay masasayang tao na nagniningning sa liwanag! Ang kaligayahang nadama nila sa ebanghelyo ay nadama namin at nagbigay-sigla sa amin. Ang pagmamahal na ipinakita nila sa amin ay nakaaantig. Ang kanilang mga ngiti ay tunay at nakakahawa.

Naaalala kong naisip ko sa sandaling iyon kung mayroon pang mga tao sa balat ng mundo na mas maligaya kaysa sa kanila. Kahit na napalilibutan ng kahirapan at mga pagsubok ang mga mahal na Banal na ito, puno sila ng liwanag!

Nagsimula ang pulong, at nagumpisa akong magsalita. Ngunit di nagtagal namatay ang ilaw sa gusali, at naging napakadilim.

Sumandali akong nahirapang makita ang sinuman sa kongregasyon, ngunit nakita at nadama ko ang maliwanag at magagandang ngiti ng ating mga miyembro. Ah, ang sarap makasama ng kahanga-hangang mga taong ito!

Madilim pa rin sa chapel, kaya naupo ako sa tabi ng aking asawa at hinintay na magkaroon ulit ng ilaw. Habang naghihintay kami, may kagilagilalas na nangyari.

Sinimulang kantahin ng ilang tinig ang isa sa mga himno ng Panunumbalik. At sumabay sa pagkanta ang iba. At nadagdagan pa. Hanggang sa isang napakagandang koro ng mga tinig ang pumuno sa chapel.

Hindi kailangan ng mga miyembrong ito ng Simbahan ng mga himnaryo; alam nila ang titik ng bawat himnong kinanta nila. At sunud-sunod ang inawit nila nang buong lakas at sigla na umantig sa aking kaluluwa.

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang **conference.lds.org.**

Sa wakas, sumindi na ulit ang mga ilaw at napuno ng liwanag ang silid. Nagtinginan kami ni Harriet, at basa sa luha ang aming mga pisngi.

Sa gitna ng matinding kadiliman, pinuno ng mga kalugud-lugod at kahanga-hangang mga Banal na ito ng liwanag ang gusali ng Simbahan at ang aming kaluluwa.

Napakaganda at nakaantig ang karanasan naming iyon—karanasan na di namin malilimutan ni Harriet.

**Mula sa "Ang Pag-asang Dulot ng Liwanag ng Diyos," *Liahona,* Mayo 2013, 76.**

### MGA TANONG NA PAGNINILAYAN

- Paano mo mabubuksan ang iyong mga mata sa pag-asang dulot ng liwanag ng Diyos?
- Paano makatutulong ang pagsunod sa mga yapak ni Jesucristo sa paglakad mo sa Kanyang liwanag?
- Anong mga pagbabago ang kailangan mong gawin upang mas madama nang lubusan ang liwanag ng ebanghelyo?

Isiping isulat ang iyong mga ideya sa iyong journal o talakayin ang mga ito sa iba.

Karagdagang mga sanggunian sa paksang ito: *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), "Ang Espiritu Santo," 36–39; Gospel Topics sa LDS.org, "Hope," "Holy Ghost"; Dieter F. Uchtdorf, "Ang Walang-Hanggang Bisa ng Pag-asa," *Liahona,* Nob. 2008, 21–24.

### MGA SALITA NG PROPETA TUNGKOL SA KAHINAAN NG TAO

"Sa Simbahang ito, mas mahalaga ang alam natin kaysa hindi natin alam. At tandaan, sa mundong ito, lahat ay dapat mamuhay sa pananampalataya.

"Kaya't maging mapagpaumanhin sa kahinaan [ng tao]—sa inyong kahinaan gayundin sa mga kasama ninyong naglilingkod sa Simbahan na pinamumunuan ng boluntaryo at mortal na kalalakihan at kababaihan. Maliban sa Kanyang perpektong Bugtong na Anak, mga taong di-perpekto ang tanging katulong ng Diyos sa gawain noon pa man. Nakayayamot siguro iyon sa Kanya, pero napagpapasensyahan Niya iyon. Dapat, tayo rin. . . . Kaya maging mapagpasensya at mapagpatawad."

**Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Panginoon, Nananampalataya Ako," *Liahona,* Mayo 2013, 94.**

### ANG KASAGRADUHAN NG KASAL

"Ang kautusan na magpakarami at kalatan ang mundo ay iniuutos pa rin ngayon. Kaya nga, ang kasal ng isang lalaki at isang babae ang tamang pamamaraan kung saan papasok sa mortalidad ang mga premortal na espiritu. Ang hindi pakikipagtalik bago ikasal at lubusang katapatan kapag kasal na ang nagpoprotekta sa kabanalan ng sagradong pamamaraang ito."

**Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Naniniwala Kami sa Pagiging Malinis," *Liahona,* Mayo 2013, 42.**

## MGA SAGOT PARA SA INYO

Bawat kumperensya, nagbibigay ng inspiradong mga sagot ang mga propeta at apostol sa mga tanong ng mga miyembro ng Simbahan. Gamitin ang inyong isyu ng magasin sa kumperensya o bisitahin ang conference.lds.org para makita ang mga sagot sa mga tanong na ito:

- Paano ako mananatiling malakas kapag kinukutya ako dahil sa aking mga pinaniniwalaan? Tingnan sa Robert D. Hales, "Tumayo nang Hindi Natitinag sa mga Banal na Lugar," 48.
- Ano ang maaari kong gawin kung ang taong mahal ko ay gumagawa ng mga maling pasiya? Tingnan sa Henry B. Eyring, "Magsiparito sa Akin," 22; at Richard G. Scott, "Para sa Kapayapaan sa Tahanan," 29.
- Bakit napakahalaga ng kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae? Tingnan sa David A. Bednar, "Naniniwala Kami sa Pagiging Malinis," 41; L. Whitney Clayton, "Pagsasama ng Mag-asawa: Magmasid at Matuto," 83; at L. Tom Perry, "Ang Pagsunod sa Batas ay Kalayaan," 86.
- Ano ang layunin ng priesthood? Tingnan sa M. Russell Ballard, "Ito ang Aking Gawain at Aking Kaluwalhatian," 18.
- Bakit ba natin kailangan ang isang simbahan? Tingnan sa Quentin L. Cook, "Kapayapaan sa Sarili: Ang Gantimpala ng Kabutihan," 32; at D. Todd Christofferson, "Pagtubos," 109.

# ANG PRIESTHOOD AY DAPAT GAMITIN NANG KARAPAT-DAPAT

Ang Ama sa Langit ay nagbibigay ng bahagi ng Kanyang kapangyarihan at awtoridad sa karapat-dapat na mga lalaking miyembro ng Simbahan. Ang itinalagang awtoridad na ito ay tinatawag na priesthood. Ang mga mayhawak ng priesthood ay awtorisadong kumilos sa pangalan ng Panginoon sa pamumuno sa Kanyang Simbahan, sa pagtuturo ng ebanghelyo, pagbabasbas sa maysakit, at pagsasagawa ng mga sagradong ordenansa na kailangan para sa kaligtasan.

Ang priesthood ay dapat gamitin nang karapat-dapat dahil, gaya ng inihayag ng Panginoon kay Joseph Smith, "ang mga karapatan ng pagkasaserdote ay may di mapaghihiwalay na kaugnayan sa mga kapangyarihan ng langit, at . . . ang kapangyarihan ng langit ay hindi mapamamahalaan ni mahahawakan tanging alinsunod lamang sa mga alituntunin ng kabutihan" (D at T 121:36). Kaya nga, may pagkakaiba sa pagitan ng awtoridad at ng kapangyarihan ng priesthood. "Ang awtoridad ng priesthood, na karapatang kumilos sa ngalan ng Diyos, ... ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay. Ang kapangyarihan ng priesthood ay dumarating lamang kapag ang gumagamit nito ay karapat-dapat at kumikilos nang naaayon sa kalooban ng Diyos."[1]

Dahil ang priesthood ay kapangyarihan ng Diyos, Siya ang nagtatakda ng mga pamantayan ng pagkamarapat sa paggamit nito at inihahayag Niya ang mga pamantayang iyon sa Kanyang mga propeta at apostol. Ang mga mayhawak ng priesthood ay nagiging karapat-dapat sa pamamagitan ng pagsisisi ng kanilang mga kasalanan at pamumuhay nang ayon sa ebanghelyo at mga utos ni Jesucristo. Ang patnubay ng Espiritu Santo sa kanilang buhay ay makatutulong sa kanila para malaman kung sila ay karapat-dapat. ■

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121: 34–46; Thomas S. Monson, "Kapangyarihan ng Priesthood," *Liahona,* Mayo 2011, 66–69.

**TALA**

1. M. Russell Ballard, "Ito ang Aking Gawain at Aking Kaluwalhatian," *Liahona,* Mayo 2013, 18–19.

## INGATAN AT MAMUHAY NANG KARAPAT-DAPAT SA PRIESTHOOD



"Ang ating pag-uugali sa publiko ay kailangang lalong katanggap-tanggap. Mas mahalaga ang ating pag-uugali sa pribadong lugar. Kailangang nakaayon ito sa pamantayang itinakda ng Panginoon. Hindi tayo maaaring magpakasasa sa kasalanan, ni tangkaing pagtakpan ang ating mga kasalanan. Hindi natin maaaring bigyang-kasiyahan ang ating kapalaluan. Hindi tayo maaaring makibahagi sa walang kabuluhang adhikain. Hindi tayo maaaring gumamit ng lakas, o kapangyarihan, o pamimilit sa ating asawa o mga anak, o sa iba pa sa alinmang antas ng kasamaan.

"Kung gagawin natin ang alinman sa mga ito, ang kapangyarihan ng langit ay lalayo. Ang Espiritu ng Panginoon ay nagdadalamhati. Ang mismong kabanalan ng ating priesthood ay nawawalan ng bisa. Ang awtoridad nito ay nawawala. . . .


". . . [Ang priesthood] ay nagsisilbing gabay na paparisan ng ating buhay. Sa kabuuan nito, ang awtoridad nito ay umaabot sa kabilang-buhay tungo sa mga kawalang-hanggan sa hinaharap.

"Wala itong katulad sa buong mundo. Ingatan ito, pahalagahan, mahalin ito, mamuhay nang karapat-dapat dito."

**Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), "Personal na Pagkamarapat sa Paggamit ng Priesthood," *Liahona,* Hulyo 2002, 58, 61.**

LARAWANG KUHA © BUSATH PHOTOGRAPHY; MGA PAGLALARAWAN NI DAVID HABBEN

**Ang mga mayhawak ng priesthood ay nagkakaroon ng kapangyarihan ng priesthood sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsunod:**



*Maging mabait sa iyong asawa, mga anak, at sa iba.*



*Sumamba sa templo.*



*Maglingkod nang tapat sa iyong tungkulin.*



*Maging karapat-dapat sa pagtanggap ng sakramento.*



*Gamitin ang priesthood kapag kailangan.*

# HINDI AKO KAILANMAN SINIGAWAN NG PANGINOON

**Hindi ibinigay ang pangalan**

*Wala akong magawa habang minamasdan ang aming panganay na anak na lalaki na nahuhulog sa mga patibong ni Satanas, at madalas kong ipakita ang aking takot sa pagiging galit. Kinailangan kong baguhin ang sarili ko sa halip na baguhin ang anak ko.*



Noong bata pa ang apat naming anak, inakala naming magasawa na kung magpapakita kami ng mabuting halimbawa at palalakihin sila sa ebanghelyo na puno ng pagmamahal at patuloy na gagawin ito, sila ay talagang hindi lilisya sa landas na iyon.

Isang araw ng tag-init napilitan kaming kalimutan ang pag-aakalang iyon. Ang panganay naming anak, na mga 14 anyos, ay sumama sa kanyang mga kaibigan para mag-swimming. Pagdating ko sa swimming pool kasama ang mas maliliit na anak ko, parang nakita ko siyang may hawak na sigarilyo. Nag-alala ako, kaya kinausap ko siya tungkol dito kalaunan. Sinabi lang niya na nagkamali ako. Sa kasamaangpalad, iyon na ang simula ng kanyang mga kasinungalingan.

Sa paglipas ng panahon lalo niyang inilayo ang kanyang sarili sa amin. Hindi na siya madaling lapitan at madalas nagagalit nang walang dahilan. Alak, droga, masasamang salita, at maraming kasinungalingan ang idinagdag sa pagsisigarilyo. At ang kanyang pakikitungo sa pamilya ay hindi na namin nakayanan.

Noong una sinikap naming limitahan ang kanyang mga aktibidad para protektahan siya, pero lalo lang siyang nagmatigas. Walang epekto ang disiplina. Nang pagsabihan ko siya at hinamon siyang magbago, ang paguusap namin ay madalas na naging malakas na pagtatalo na lalong naglayo sa aming dalawa.

Masakit para sa akin at sa aking asawa ang mga pangamba namin sa aming panganay na anak. Sinikap naming humanap ng patnubay sa pamamagitan ng panalangin, ngunit wala akong nagawa habang minamasdan ko ang panganay kong anak na pinipili ang gayon kapanganib na landas. Habang nagdarasal kami, nadama namin na dapat naming bigyan ng space o luwagan ang aming anak sa halip na kontrolin siya gamit ang mas istriktong mga patakaran. Parang hindi ito magbubunga ng maganda at parang hindi tama o makatuwiran, ngunit lahat ng hakbang na ginawa namin noon para matigil ang kanyang ginagawa ay hindi nagtagumpay. Kaya pinili naming parusahan o pagbawalan siya kapag tuwiran lamang na naaapektuhan ng kanyang kilos ang aming buhay-pamilya.

Sa kabila ng pagsisikap na sundin ang payo ng Panginoon, nakita

naming mas lumala ang situwasyon. Nahirapan akong labanan ang aking mga pag-aalinlangan at kabiguan. Sinikap naming mag-asawa na palaging magdaos ng family home evening at panalangin ng pamilya, ngunit masyado akong nakokonsiyensya sa tuwing naiisip ko na nagkulang kami at sa tuwing mali ang pakikitungo ko sa aming anak. Lagi akong umiiyak noon, hindi makatulog, at kung minsan pagud na pagod ang aking katawan na halos hindi normal ang kilos ko.

Hindi na tulad ng dati ang aming buhay-pamilya. Ang mga family home evening ay palaging nagtatapos sa kaguluhan at pagtatalo. Lalo pa akong naging mainisin sa mga mahal ko sa buhay at ipinaalam ito sa kanila nang malakas.

Natanto naming mag-asawa na hindi namin mahahayaan ang aming pamilya na matalo ng sitwasyon. Nagpasiya kami na ituloy ang pagsunod sa payo ng Panginoon at ng mga propeta, kaya sinikap naming magdaos ng biglaan, di-pormal na mga family home evening kasama ang mga anak na handang makibahagi. Ngunit hindi ko pa rin matanggap na ang panganay naming anak ay nahulog sa mga patibong ni Satanas. Sa pamamagitan ng panalangin, pag-aayuno, at pag-asa—lahat ng natitira pang kaya naming gawin—ipinaubaya namin sa Panginoon ang aming pasanin at nagtiwala sa Kanya.

Lumala ang mga problema. Nang minsang hirap na hirap na ako, humiling ako sa asawa ko ng basbas ng priesthood. Umasa akong makarinig ng mga salita ng kapanatagan at panghihikayat. Ngunit alam ng Panginoon ang tunay kong mga pangangailangan. Pinayuhan ako sa pakikipagtalo ko nang malakas sa aking anak. Ipinabatid sa akin ng Panginoon na hindi Niya ako kailanman sinigawan—ngunit palagi kong sinisigawan ang mga anak ko.


Sa basbas na iyon, lalo pa akong pinayuhan na kailangan kong kausapin ang anak ko tungkol sa mga pag-aalala ko para sa kanya sa halip na pagalitan siya. Natanto ko na ang galit at pamimintas ko ay pagpapakita pala ng mga pinangangambahan ko sa kanya. Palagi ko siyang kinakalaban, at ginagawa niya ang lahat ng paraan para ipagtanggol ang kanyang sarili. Nag-isip ako ng mga paraan para baguhin ang aking pag-uugali.

Sa panahong ito, naglilingkod ako bilang guro sa institute. Nalaman ko na hindi mahirap harapin nang mahinahon at may pagsasaalang-alang ang mga kabataan sa simbahan dahil hindi ko kailangang paglabanan ang damdamin ng isang ina.

Sinikap kong tingnan ang anak ko hindi batay sa pananaw ng isang ina na nag-aalala kundi bilang ibang tao. Ang istratehiya na ito, at ang maraming panalangin at pag-aayuno, ay nakatulong para pigilan ang aking damdamin at makita ang aking anak—na halos 18 anyos na—nang may bagong pananaw. Muli kong nakita ang kanyang mabubuting katangian. Nakayanan kong sabihin ang nadarama ko at ang mga pag-aalala ko sa kanya nang taos-puso at hindi nagagalit.

Ito ang lumikha ng pagbabago sa aming relasyon. Marami kaming pinag-usapan ng anak ko, at nakayanan ko na hayaang danasin niya ang mga bunga ng kanyang pag-uugali. Kaming mag-asawa ay nagpapayo lamang sa kanya at sinasabi sa kanya ang mga paraan para malutas niya ang kanyang mga problema.

Unti-unti niyang tinanggap ang aming pagmamahal at suporta. Ang pakikitungo namin sa kanya, makaraan ang limang mahihirap na taon, ay kakikitaan na ngayon ng respeto o paggalang. Ang kanyang buhay, sa maraming aspeto, ay magulo pa rin, pero naisasaayos na niya ito. Unti-unti niyang nakikilala kung ano ang talagang mahalaga sa buhay at ano ang nagbibigay ng walang hanggang kapanatagan.



### TINGNAN ANG MABUTI SA IBA

"Narito ang ilang bagay na nais kong sabihin sa mga taong nagmamahal sa isang kapamilya na hindi tama ang mga pagpapasiya. Maaaring subukan niyan ang ating tiyaga at tibay. Kailangan nating magtiwala sa Panginoon at sa Kanyang takdang panahon na darating ang magandang sagot sa ating mga panalangin at pagtulong. Gawin natin ang lahat upang makapaglingkod, magpala, at mapagpakumbabang tanggapin ang kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay. . . . Sa pagsampalataya malalaman natin na ang mahal natin sa buhay na naligaw ng landas ay hindi pinabayaan kundi nasa pangangalaga ng isang mapagmahal na Tagapagligtas.


"Tingnan ang mabuti sa iba, hindi ang kanilang mga kamalian. Paminsan-minsan kailangang pansinin ang pagkakamali para mapagsisihan, ngunit laging magtuon sa kanyang mabubuting katangian."

**Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Para sa Kapayapaan sa Tahanan,"** ***Liahona*****, May 2013, 31.**

Ang pagkilos ayon sa payo ng Panginoon ay nakatulong para lumigayang muli ang aming buhay-pamilya. Natutuhan naming mag-asawa na hubugin ang aming buhay at aming buhay-pamilya sa halip na hubugin ang buhay ng aming anak.

Alam ko na ngayon ang ibig sabihin ng ipagkatiwala ang aking mga anak sa Panginoon. Mas kilala Niya sila kaysa sa akin. Natutuhan ko na hindi ko kailangang panagutan ang lahat ng mga desisyon ng aking anak. Natuklasan naming mag-asawa na ang pinakamainam na tulong na maibibigay namin sa aming anak ay ang bumaling sa Panginoon at magtiwala sa Kanyang kalooban at payo. ■

PAGLALARAWAN NI BEN SOWARDS



**Ni Elder David B. Haight (1906–2004)**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# ANO ANG IBIG SABIHIN NI JESUS SA ATIN NGAYON?

*Si Elder David B. Haight ay inorden bilang Apostol noong Enero 8, 1976, at naglingkod sa korum na iyon hanggang sa mamatay siya noong 2004. Bilang Assistant sa Konseho ng Labindalawa, ibinigay niya ang mensaheng ito sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 6, 1974. Para sa buong teksto sa Ingles, tingnan sa Mayo 1974* Ensign *sa LDS.org.*

Ang Jesus na kilala at pinaniniwalaan ko ay si Jesus na Cristo, ang Anak ng Diyos. Ang patotoong ito ay inihayag sa akin ng pagpapala at impluwensya ng Espiritu Santo. Alam ko na Siya . . . ang Tagapaglikha ng mundo at ng lahat ng narito, na Siya ang ating Tagapagligtas na nagmamahal sa bawat isa sa atin at namatay sa krus para sa atin, na nagtuturo sa atin ng pagkahabag at pagpapatawad, ang kaibigan ng lahat, ang manggagamot ng maysakit, ang tagapagbigay ng kapayapaan sa lahat na makikinig at maniniwala.

Ang makabagong tao ay hindi dapat malihis mula sa landas ng katotohanan noong unang panahon at sa mga huling araw—mga katotohanan at espirituwal na karanasan na nangyari nang lumakad na kasama at kausap ng mga propeta si Jesus. Ano ang kabuluhan ni Jesus sa mga sinaunang apostol? Ano ang kabuluhan Niya kay Pedro?

Sinabi ni Marcos, sa pagsusulat ng mga kaganapan sa umaga ng Pagkabuhay, na sina Maria Magdalena at Maria na ina ni Santiago ay sinabihan ng [dalawang anghel] na nakaharap nila habang papasok sila sa libingan, "Magsiyaon kayo, sabihin ninyo sa kaniyang mga alagad at kay Pedro" (Marcos 16:7). Sila ay inutusan na ipaalam ito kay Pedro. Nagmamadaling pumunta sina Pedro at Juan sa libingan. Pumasok si Pedro, nakita ang maayos na nakatuping damit na lino at ang panyo na itinali sa Kanyang ulo. Si Pedro ngayon ay personal na saksi sa dakilang kaganapang ito.

Sa araw ng Pentecostes, ipinangaral ni Pedro . . . ang maluwalhating ebanghelyo at nagpatotoo tungkol kay Jesus ng Nazaret. Nangasaktan ang puso ng mga tao at nagtanong, "Mga kapatid, anong gagawin namin?" (Mga Gawa 2:37). At si Pedro, taglay ang bagong napatibay na pananalig, ay sumagot, "Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo" (Mga Gawa 2:38). Tatlong libong kaluluwa ang naniwala at nangabinyagan. Nadama nila ang diwa at kapangyarihan ng senior na Apostol ng ating Panginoon. Mapagdududahan ba natin ang kabuluhan ni Jesus kay Pedro?

Lagi akong pinalalakas ng tindi at tibay ng pananalig ni Juan. Walang anumang pag-aalinlangan. Pinatotohanan niya: "Nang pasimula siya ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa Dios, at ang Verbo ay Dios. . . . Ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan niya. . . . Nasa kaniya ang buhay; at ang buhay ay siyang ilaw ng mga tao. At ang ilaw ay lumiliwanag sa kadiliman; at ito'y hindi napagunawa ng kadiliman" (Juan 1:1, 3–5). . . .

Maaaring higit sa kaya nating maunawaan ang ibig sabihin ni Jesus kay Nephi nang magpakita ang nabuhay na mag-uling Cristo sa kanlurang kontinente, na nagsasabing, "Masdan, ako si Jesucristo, na pinatotohanan ng mga propeta na paparito sa daigdig." . . .

Pagkatapos ay isinulat ni Nephi, "Ang maraming tao ay lumapit, at inihipo ang kanilang mga kamay sa kanyang tagiliran, at sinalat ang bakas ng pako sa kanyang mga kamay at kanyang mga paa" (3 Nephi 11:10, 15). . . . Sila ay Kanyang nakapiling, at sila ay makapagpapatotoo.

Ano ang kabuluhan ni Jesus sa batang si Joseph Smith? Ang pagpapakita ng Diyos Ama at ni Jesucristo sa batang propeta sa makabagong panahon ay inilarawan sa kanyang sariling salita: "Ako ay nakakita ng isang haligi ng liwanag na tamang-tama sa tapat ng aking ulo, higit pa sa liwanag ng araw. . . . Nang tumuon sa akin ang liwanag, nakakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang

isa—*Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!*" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–17). . . .

Ang espirituwal na kaalaman at espirituwal na karanasan ay hindi dapat at hindi kailangang maglaho sa isipan ng makabagong tao, dahil ang mga patotoo ng mga propeta noon at ngayon ay naitala para sa kapakinabangan ng tao, at ngayon nagpapatotoo ang mga naniniwala sa mga katotohanang ito. Dapat palitan ng makabagong tao ang mga kawalang-katiyakan at pag-aalinlangan ng hangaring malaman pa ang tungkol kay Jesus.

Ating responsibilidad at maluwalhating pagkakataon na palaging magpatotoo tungkol kay Jesus, ang Cristo. Dapat nating patotohanan sa mundo ang Kanyang pagkadiyos, na Siya ay isinilang sa laman na may kapwa banal at mortal na mga magulang. Pinili Siya para gampanan ang mahalagang misyon ng Panunumbalik at Pagtubos. Ginawa Niya ito—Siya ay ipinako sa krus at bumangon mula sa libingan, at sa gayon ay makapagsisisi ang bawat tao upang mabuhay muli sa pamamagitan ng kamangha-manghang Pagbabayad-Sala ni Jesus, banal man o makasalanan.

Lahat ay mailalagay sa landas tungo sa walang hanggang pag-unlad. Lahat ng tumatanggap sa Kanya at nagsisisi ay tatanggap ng kapatawaran ng kanyang nagawang mga kasalanan at ng pagkakataon na magtamo ng kadakilaan. "Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko" (Juan 14:6). Ang isipan ba ng tao ay posibleng magkaroon ng mas marangal na konsepto para sa tadhana ng tao? Si Jesucristo ang pinakasentro.

Sa tanong na "Ano ang kabuluhan ni Jesus sa makabagong tao?" Pinatotohanan ko na Siya ang lahat-lahat. ■

*Ang pagbabantas, pagpapalaki ng titik, at citation ay iniayon sa pamantayan.*



*SA PAGAALAALA SA AKIN*, NI WALTER RANE

***Ang makabagong tao ay hindi dapat malihis mula sa landas ng katotohanan noong unang panahon at sa mga huling araw—mga katotohanan at espirituwal na karanasan na nangyari nang lumakad na kasama at kausap ng mga propeta si Jesus.***

# MGA BALITA SA SIMBAHAN

*Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.*

## Mga Bagong Paksa sa Visiting Teaching, Magsisimula sa Oktubre

Simula sa Oktubre 2013 ang mga Mensahe sa Relief Society Visiting Teaching ay magtutuon sa banal na misyon ni Jesucristo at sa maraming papel na Kanyang ginagampanan at sa Kanyang mga katangian.

Tulad ng mababasa natin sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society,* "Noong nasa lupa pa si Jesucristo, ipinakita Niya sa atin ang dapat na paraan ng ating pamumuhay."[1] Sa pamamagitan ng pag-aaral at pagtuon sa mga papel na ginampanan at mga katangian ng Tagapagligtas, matututo ang kababaihan ng Simbahan na maging katulad Niya[2] at matatalakay nila sa kababaihang pinaglilingkuran nila kung paano maiimpluwensyahan ng mga turo at halimbawa ng Tagapagligtas ang kanilang buhay.

Ipinakita ng Panginoon sa atin kung paano maglingkod—paano alagaan, palakasin, at turuan ang isa't isa. Siya ay naglingkod sa mga tao, sa bawat tao.[3] Visiting teaching ang pagkakataon nating masundan ang Kanyang halimbawa.

Si Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, ay nagpatotoo na "ang visiting teaching ay bahagi ng plano ng Panginoon na maglaan ng tulong para sa mga tao sa buong mundo. . . . 'Nagtakda Siya ng huwaran.'"[4] Bilang mga visiting teacher, naaalala rin natin ang payo ni Pangulong Thomas S. Monson: "Tayo ang mga kamay ng Panginoon dito sa lupa, na inutusang maglingkod at tulungan ang Kanyang mga anak. Umaasa Siya sa bawat isa sa atin."[5] ■

**MGA TALA**

1. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 123.
2. Tingnan sa Moroni 7:48.
3. Tingnan sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 123; *Handbook 2: Administering the Church,* 9.5.
4. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 129.
5. *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 133.



© IRI

## Isang Bilyong Talaan Nasa FamilySearch na Ngayon

**Ni R. Scott Lloyd**
*Mga Balita sa Simbahan*

Sa sama-samang pagsisikap ng mga boluntaryo sa buong mundo na nag-iindex (nagdi-digitize) ng napakalaking koleksyon ng mga genealogical record ng Simbahan ang isang milestone noong Abril 19, 2013. Sa petsang iyon nakapagdagdag sila ng isang bilyong record na masasaliksik sa FamilySearch website ng Simbahan nang wala pang pitong taon.

Nag-eextract o nag-iindex na ng mga talaan ang mga boluntaryo simula pa noong 1978, ngunit noong Setyembre 2006 naglunsad ang Family History Department ng malawakang pagbabago na inaanyayahan ang halos lahat ng tao sa lahat ng dako na mag-log on sa site at mag-sign up para makalahok sa indexing project.

"Halos lahat ng dokumento ay hinango mula sa koleksyon ng 2.4 milyong rolyo ng microfilm na naglalaman ng mga photographic image ng mga dokumento ng kasaysayan mula sa 110 bansa at lugar," ang paliwanag sa isang wiki entry sa FamilySearch site. "Kabilang sa mga dokumento ang mga census record, birth at death certificate, marriage license, military at property record, at iba pang mahahalagang talaan ng mga pamahalaan sa lugar, estado, at bansa." ■



LARAWANG KUHA NI JEFFREY D. ALLRED

## Sinabi ni Elder Perry sa mga Nagtapos sa Kolehiyo na Panatilihing Balanse ang Buhay

Nagsalita si Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol sa seremonya ng pagtatapos sa Brigham Young University sa Provo, Utah, USA, noong Abril 2013. Binanggit niya na kailangang balansehin ang buhay at binigyang-diin na kailangang pag-ukulan ng oras ang pamilya, trabaho, pag-aaral, paglilingkod, sarili, at lalo na ang ebanghelyo ni Jesucristo.

Ipinayo niya sa mga nagtapos na mamuhay nang masinop. "Ang isa sa pinakamahahalagang aral na matututuhan ninyo sa lahat ay ang katiwasayan at kapayapaang nagmumula sa pamumuhay nang ayon lamang sa kinikita ninyo," sabi niya.

Binigyang-diin din niya ang kahalagahan ng pagbubuo ng tahanang nakasentro kay Cristo. "Ang pagdarasal at pag-aaral ng mga banal na kasulatan araw-araw ay dapat maging bahagi ng tahanan ng bawat Banal sa mga Huling Araw," sinabi niya. "Gawing mahalaga at aktibong bahagi ng inyong buhay ang ebanghelyo ni Jesucristo."

## Binisita ni Elder Nelson ang Asia North Area

Mula Pebrero 23 hanggang Marso 3, 2013, binisita ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol ang Asia North Area. Sinabi ni Elder Nelson na saanman siya magtungo sa mundo, iisa lang ang kanyang mensahe. "Narito tayo upang magturo at magpatotoo tungkol sa Panginoong Jesucristo at sa Kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo," sinabi niya sa mga miyembro sa area. "Ang atin ay isang mensahe ng kapayapaan at kagalakan, ng pagpapalakas sa mga pamilya, pagbibigkis sa mag-asawa, ng mga anak sa kanilang mga magulang, at ng mga tao sa kanilang mga ninuno . . . nang matamasa nilang lahat ang buhay na walang hanggan sa piling ng Diyos kapag nagwakas na ang kanilang buhay sa lupa."

Bukod pa sa pakikipag-usap sa mga lider ng priesthood at miyembro sa buong area at sa isang espesyal na district para sa mga sundalo sa Okinawa, kinausap din ni Elder Nelson ang dalawang lokal na opisyal ng pamahalaan sa Japan.

# Parating Na ang Kumperensya


Parating nang muli ang pangkalahatang kumperensya, ang panahon na ibinabahagi ng mga lider ng Simbahan ang salita ng Panginoon sa mga miyembro. Tulad ng sabi ng Panginoon, "Maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38). Narito ang isang karanasan mula sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2013:

## Kumperensya sa Dagat ng Galilea

Mga 60 estudyante mula sa Brigham Young University Jerusalem Center for Near Eastern Studies ang nagtipon sa baybayin ng Dagat ng Galilea noong Abril para panoorin ang sesyon sa Linggo ng umaga ng pangkalahatang kumperensya. Isang live Internet broadcast ng pulong ang ipinakita sa gilid ng isang kubol na di-kalayuan sa tubig. Nasa Galilea ang mga estudyante bilang bahagi ng 10-araw na biyahe nila sa rehiyon. Pinasalamatan at pinahalagahan nila ang kabuluhan ng kaganapan.

Sinabi ni Jennie Smithson, isa sa mga estudyante, na nakamamanghang "maturuan ng mga propeta at apostol sa mga huling araw habang iniisip ang mga apostol noong araw na tinuturuan ni Cristo sa baybaying ito mismo." ■

*Tanawin mula sa BYU Jerusalem Center.*



© IRI

# *Ang Aking mga* Panalangin *ng* Pasasalamat

*Nang magipit kami sa pera, nadama ko na napakarami naming pangangailangan na dapat ipagdasal. Maitutuon ko ba talaga ang aking mga panalangin sa pasasalamat lamang?*



**Ni Christie Skrinak**

Ilang taon na ang nakararaan bumili kaming mag-asawa ng bahay na gustung-gusto namin at malaking oras at pera ang ginugol namin para maipaayos at mapaganda ito. Pagkaraan ng labingwalong buwan, bumagsak ang ekonomiya. Kinailangan naming gastusin ang perang pinaghirapan naming kitain at ipunin para ipambayad sa napakalaking utang na ipinambili ng bahay at sa iba pang mga gastusing hindi namin inasahan.

Lumipas ang mga buwan na puno ng mga pagsubok at problema sa pera. May isang buwan na hirap na hirap kami sa mga gastos sa pagkukumpuni ng bahay at sasakyan, mga gamot, at pagbaba ng suweldo. Agad naubos ang ipon namin.

Naaalala ko na nagdasal ako, na paulit-ulit na hinihiling ang mga bagay na kailangan namin. Namroblema ako nang husto, at nahirapan akong asikasuhin ang mga anak namin at ang mga pangangailangan ng aming pamilya dahil sa kalungkutan at kawalan ng pag-asa. Gayunpaman, patuloy akong nagdasal, na naghahanap ng kapanatagan at alam kong ito ang magpapatatag sa akin para hindi na ako malungkot pang lalo.

Pagkaraan ng ilang buwang pagdarasal na humihingi ng tulong, nagsimula akong mag-isip ng mga paraan para makapanalangin nang mas taimtim. Ipinaalala sa akin ng Espiritu ang payo ng mga lider ng priesthood at ang mga talata sa banal na kasulatan na nagturo ng kahalagahan ng pasasalamat sa Ama sa Langit. Naipaunawa sa akin ng mga pahiwatig na ito na kailangan kong higit pang magpasalamat sa mga pagpapalang natanggap ko at huwag ganong humiling ng mga bagay na kailangan ko at ng aking pamilya. Nagpasiya ako na sisikapin ko sa loob ng isang linggo na huwag nang humiling ng kahit ano at magpasalamat na lamang sa aking mga panalangin.

Mahirap iyon. Nadama ko na napakaraming pangangailangan ng aking pamilya. Pakiramdam ko ay binigo ko ang aking pamilya sa hindi paghiling ng mga biyayang kailangang-kailangan namin. Paano ako bibiyayaan ng Panginoon kapag hindi ako humiling?

Kahit kinakabahan ako, sinubukan kong gawin iyon. Hindi nagtagal, natanto ko na ang aking mga panalangin ay hindi na paulit-ulit na paghiling ng mga biyaya. Muli akong nagkaroon ng kakayahang mahiwatigan ang mga pangangailangan ng iba at makita ang mga biyayang akin pa rin sa kabila ng mga problema ko. Lalo akong inilapit sa Tagapagligtas ng aking pasasalamat, at pinanatag ako sa mga paraang hindi ko sana natanggap sa ibang paraan.

Lagi kong naiisip ang isang talata sa banal na kasulatan: "Nguni't kung pinararamtan ng Dios ng ganito ang damo sa parang, na ngayon ay buhay, at sa kinabukasa'y iginagatong sa kalan, hindi baga lalonglalo na kayong pararamtan niya, Oh kayong mga kakaunti ang pananampalataya?" (Mateo 6:30). Nakadama ako ng pagpapakumbaba sa banal na kasulatang ito habang patuloy akong nagdarasal. Sa pasasalamat, lalo akong natutong tunay na magpakumbaba.

Habang lumilipas ang mga araw ng linggo, ang mga panalangin kong dati ay "Salamat po sa Inyo sa pagkain, damit, at tirahan" ay naging "Salamat po sa Inyo sa pamilyang Inyong iningatan at pinangalagaan nang husto, sa proteksyong patuloy Ninyong ibinibigay sa amin. Salamat po sa Inyo sa mga biyayang patuloy Ninyong ibibigay sa amin." Naaalala ko ring sinabi ko sa panalangin na, "Salamat po sa pag-aaruga Ninyo sa Amin, sa pag-aalala Ninyo sa amin, at sa paraang inihahanda Ninyo para malagpasan namin ang pagsubok na ito, anuman po ito." Kalaunan, ang aking mga panalangin ay hindi lamang panalangin ng pasasalamat, hindi lamang panalangin ng pagpapakumbaba, kundi maging ng pananampalataya. Nagpakita ako ng pananampalataya, nang hindi humihiling ng mga pagpapala, na bibiyayaan kami ng Panginoon, at lalo pang lumakas ang aking pananampalataya.

Sa mga panalanging ito, lagi kong naiisip ang sakripisyo ng mga Banal noon, at itinatanong ko sa aking sarili kung ano ang handa kong isakripisyo. Lumipas pa ang ilang araw, at ibinenta namin ang bahay namin. Talagang napakabagal at napakababa ng bentahan ng bahay at lupa noon, ngunit nakamamangha na pinalad kaming maibenta ang bahay namin. Bagama't malaki ang nalugi sa amin—tulad ng aming inasahan—ang pamilya namin ngayon ay makapagtatatag ng mas matibay na pundasyon sa aspetong temporal.

Gayunpaman, hindi ang pagbebenta ng bahay namin sa gayon kahirap na panahon ang himalang naranasan ko mula rito. Ang himala ay ang pananampalatayang natamo ko at ang pagkaunawang nakamtan ko. Ipinahayag ni Pangulong James E. Faust (1920–2007), Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, na ang pasasalamat ay isang "nakapagliligtas na alituntunin."[1] Sa palagay ko ay naranasan ko ang sinasabi niya nang ibaling ko ang aking puso at mga panalangin sa Ama sa Langit, at tumanggap ako ng kapanatagan, kapayapaan, at patnubay. Ang natamo kong patotoo tungkol sa pasasalamat ay na naghihikayat ito ng pagpapakumbaba, ang pagpapakumbaba ay naghihikayat ng pananampalataya, at ang pananampalataya ay naghahatid ng mga himala. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Nevada, USA.*

**TALA**

1. Tingnan sa James E. Faust, "Gratitude as a Saving Principle," *Ensign,* Mayo 1990, 85–87.

LARAWANG KUHA NI CRAIG DIMOND © IRI



**Ni Elder**
**Jeffrey R. Holland**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# Ang Katarungan at



*Alam ko na muli nating makakapiling ang Tagapagligtas, na kung tayo ay tapat sa Kanya, tayo ay magiging malaya—walang pumipigil at walang nagbabawal—at na matatanto natin sa mga marka ng pako sa Kanyang katawan ang Kanyang pagdurusa at paghihirap at matinding sakripisyo para sa atin.*

# Awa ng Diyos

Hindi ito katulad ng iba pang seremonya sa pagtatapos o graduation na nadaluhan o nalahukan ko na noon. May 44 na magsisipagtapos, na pawang mga lalaki. Hindi sila nakasuot ng tradisyonal na toga o gora. Bawat lalaki ay nakasuot ng light blue denim na kamiseta at dark blue denim na pantalon.



Hindi idinaos ang seremonya sa isang gym o istadyum o kahit sa isang magandang awditoryum. Idinaos iyon sa isang simpleng kapilyang ginagamit ng iba't ibang relihiyon sa Utah State Prison. Ang magsisipagtapos na klase ay tagumpay na nakakumpleto ng isang taong kurso sa pag-aaral ng Biblia, na inisponsor ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ngunit bukas sa lahat ng gustong makilahok.

Ang pambungad na panalangin ay inialay ng isang binatang mukhang bata kaysa kanyang edad. Kabadung-kabado siya, ngunit nag-alay siya ng panalangin mula sa kanyang puso. Nahatulan siya ng 10 taon hanggang habambuhay na pagkabilanggo sa salang pagnanakaw na may dalang armas. Ang pangwakas na panalangin ay inialay ng isang lalaking 45 o 50 anyos na mukhang isang karaniwang mabait na tiyo. Nahatulan siya ng habambuhay na pagkabilanggo sa salang pagpatay.

Isang binatang kalalaya pa lamang sa bilangguan ang nagbalik para kunin ang kanyang sertipiko at hikayatin ang kanyang mga kasamahan. Sabi niya, "Mga kasama, hindi talaga maganda sa loob ng bilangguan. Mas maganda sa labas. Tandaan n'yo sana iyan." Pagkatapos ay bumaling siya sa mga hindi bilanggo, sa mga kaibigan at pamilyang nagsipunta, at sinabing, "Kayo ang liwanag sa dilim. Kung hindi sa pagmamahal ng mga katulad ninyo, hindi namin mararating ang dapat naming marating."

Nang matapos ang pulong, sinabi ng bilanggong nangasiwa, sa medyo garalgal na tinig at may luha sa mga mata, "Ito ang pinakamasayang okasyon sa taon na ito. Mas masaya pa ito kaysa Pasko. Mas masaya pa ito kaysa Thanksgiving. At mas masaya pa kaysa Mother's Day. Mas masaya ito dahil naliwanagan tayo, at para na rin tayong nakalaya."

Pagkatapos ay sumara nang malakas ang tarangkahan paglabas naming mag-asawa.

KALIWA: LARAWANG KUHA NI JEREMY BURKE HUNTER, HINDI MAARING KOPYAHIN; KANAN: LARAWAN © THINKSTOCK

*Pumaroon tayo sa lugar ng pagsisisi—sa bishop o sa Panginoon o sa mga taong nasaktan natin o sa mga nakasakit sa atin.*



Nang gabing iyon umuwi kami, at inaamin kong hindi ako makatulog. Hindi mawala sa isip ko ang karanasang iyon. Madaling araw pa kinaumagahan, may mga naramdaman at naisip ako at isang sagot tungkol sa pagkabilanggo at kalayaan (at ang kaugnayan ng mga ito sa kaliwanagan at pagmamahal) na noon lamang napasaakin.

**Ang Katarungan ng Diyos**

Ang isang impresyon na napasaakin noong gabing iyon ay na ang Diyos ay makatarungan. Sinabi ni Alma: "Iyo bang ipinalalagay na ang awa ay makaaagaw sa katarungan? Sinasabi ko sa iyo, Hindi; kahit isang kudlit. Kung magkakagayon, ang Diyos ay titigil sa pagiging Diyos" (Alma 42:25). Sinabi ni Apostol Pablo sa mga taga-Galacia, "Huwag kayong padaya; ang Dios ay hindi napabibiro: sapagka't ang lahat ng ihasik ng tao, ay siya namang aanihin niya" (Mga Taga Galacia 6:7).

Ang isa pang sumunod kong naisip ay na ang talagang ibig sabihin ni Pablo ay aanihin natin kung ano ang ating itinanim. At muli kong naisip na kung nagtanim tayo ng mga ligaw na damo, huwag nating asahang aani tayo ng mga strawberry. Kung nagtanim tayo ng galit, huwag nating asahang tatanggap tayo ng saganang pagmamahal. Kung ano ang ating itinanim, iyon ang ating aanihin.

Pagkatapos ay may iba pa akong naisip nang maalala ko ang kalalakihang iyon na nakaasul na kamiseta: isang bagay ang anihin ang bunga ng ating itinanim, ngunit kahit paano ay palaging mas marami tayong inaani. Nagtatanim tayo ng kaunting ligaw na damo, at marami tayong naaaning ligaw na damo—taun-taon, malalaking palumpong at sanga nito. Hindi ito mauubos maliban kung putulin natin ito. Kung nagtanim tayo ng kaunting galit, bago pa natin mamalayan ay nakaani na tayo ng matinding galit—na nag-aapoy at mapait at masungit na humahantong sa matinding pagkasuklam at pag-iisip ng masama sa kapwa.

Pagkatapos, sa kabaligtaran, napanatag akong malaman na ang una kong naisip—na ang Diyos ay makatarungan—ay hindi naman pala gaanong nakakatakot. Nakakatakot mang isipin na lahat tayo ay nagkasala, nakakatakot mang isipin na ang Diyos ay makatarungan, mas nakakatakot para sa akin ang isipin na ang Diyos ay hindi makatarungan.

Ang isang mahalagang alituntunin ng doktrina ng mga Banal sa mga Huling Araw ay na kailangan nating malaman na ang Diyos ay makatarungan upang makasulong tayo. Isa sa mga katangian ng Diyos ang pagiging makatarungan, at hindi tayo magkakaroon ng pananampalataya—dahil sa takot—na mamuhay nang matwid o higit na magmahal o lalo pang magsisi kaagad kung hindi natin naisip kahit paano na mabibigyan tayo ng katarungan, kung naisip natin na magbabago ang isip ng Diyos at magpapasiya na magtakda ng iba pang mga tuntunin.[1] Dahil alam natin na ang Diyos ay makatarungan at titigil sa pagiging Diyos kung hindi Siya gayon, sumasampalataya tayo na makasusulong tayo, batid na hindi tayo magiging biktima ng di-makatwirang paghatol o pabagu-bagong isip o hindi magandang araw o masamang biro. Lubos na nakahihikayat ang katiyakang iyan.

**Ang Awa ng Diyos**

Pagkatapos ay may isa pa akong naisip. Lubos akong nagpapasalamat na dahil makatarungan ang Diyos, kailangan din Niyang maging isang maawaing Diyos. Sa Alma 42, matapos ituro ni Alma kay Corianton na kinailangan ng Diyos na maging makatarungan, sinabi niya na kailangan ding maging maawain ng Diyos na iyon at na aangkinin ng awa ang *nagsisisi*. Ngayon, ang kaisipang iyan ay kakaiba sa akin dahil kabibisita ko pa lang sa bilangguan. Ang kaisipang ito ay nagpasigla sa akin: Maaangkin ng awa ang nagsisisi. Naisip ko na kung kailangang ipasok ang kalalakihang iyon sa *bilangguan* upang samantalahin ang kaloob na awa—at kung pagpunta nila roon ay matagpuan nila ang ebanghelyo ni Jesucristo o ang mga banal na kasulatan o ang Pagbabayad-sala—sulit ang pagkabilanggo nila.

KALIWA: PAGLALARAWAN NI LES NILSSON © IRI; KANAN: LARAWAN © THINKSTOCK



*Kung nagtanim tayo ng mga ligaw na damo, huwag tayong umasang aani tayo ng mga strawberry. Kung nagtanim tayo ng galit, huwag tayong umasang tatanggap tayo ng saganang pagmamahal. Kung ano ang ating itinanim, iyon ang ating aanihin.*

Kaya pumaroon tayo sa lugar ng pagsisisi—sa bishop o sa Panginoon o sa mga taong nasaktan natin o sa mga nakasakit sa atin. May sarili tayong maliliit na bilangguan, sa palagay ko, sa buong paligid natin. Kung pagpunta lamang doon ang kailangan para tunay tayong makapagsisi at maging marapat sa kaloob na awa, kailangan nating gawin iyon.

Alam kong hindi madaling bumalik at itama ang pagkakamali at magbagong-buhay, ngunit buong puso akong naniniwala na mas madali at tiyak na mas kasiya-siyang magbagong-buhay kaysa magpatuloy at subuking maniwala na walang epekto ang katarungan.

Sabi ng isang paborito kong British scholar: "Palagay ko hindi lahat ng pumipili ng maling landas ay nasasawi; ngunit masasagip sila kung maibabalik sila sa tamang landas. Ang isang [problema sa matematika] na [mali ang pagkalutas] ay maitatama: ngunit magagawa lamang ito kung babalikan ninyo ito hanggang sa makita ninyo ang mali at [saka kayo] magsimulang muli mula roon, hindi lamang sa simpleng *pagpapatuloy*. Maaaring ituwid ang masama, ngunit hindi ito maaaring 'pagmulan' ng mabuti. Hindi ito napaghihilom ng panahon. Dapat itama ang kasamaan."[2]

Kaya ang Diyos ay makatarungan, "aangkin ng awa ang nagsisisi" (Alma 42:23), at ang kasamaan ay maitatama.

### Kailangan ang Pagsisisi

Ang huli at kasiya-siyang naisip ko ay naipaunawa sa akin ang marahil ay hindi ko talaga naunawaan kahit kailan. Iyon ay kung bakit sa bawat henerasyon, sa bawat dispensasyon, inulit ng Panginoon ang sinabi Niya noong una sa mga doktrina ng dispensasyong ito: "Huwag mangaral ng anuman kundi pagsisisi sa salinlahing ito; sundin ang aking mga kautusan" (D at T 6:9). Naging napakaganda, nakakatulong, at nakakaantig ang kaisipan at talatang iyan para sa akin. Nalaman ko sa paraang hindi ko naunawaan noon na wala nang ibang paraan kundi ang magsisi.

Kung kayo ay katulad ng iba pang mga mortal, kailangan ninyong baguhin ang ilang pag-uugali ninyo, maaari kayong makawala sa ilang espirituwal na pagkabilanggo at kadenang pumipigil sa inyo, at may mga kasalanan



kayong maaari ninyong pagsisihan. Isang halimbawa lamang ang gagamitin ko: ang gapos ng kamangmangan.

Para sa akin, ang sukdulang espirituwal na pagkabilanggo sa ating buhay ay ang hindi sapat ang ating nalalaman. Bata pa lang ay natututo na tayo ng mga kasabihan. Ang dalawa rito ay "Ang kamangmangan ay kaligayahan" at "Hindi ako masasaktan ng hindi ko alam." Taos-puso kong sinasabi sa inyo na walang makakasakit sa inyo nang *higit* kaysa sa bagay na hindi ninyo alam. Naniniwala ako na mananagot tayo sa espirituwal na pagkabilanggong napasukan natin at parurusahan tayo sa buhay na ito o sa kabilang-buhay para sa mga bagay na hindi natin inalam.

Sa mga alituntunin ng ating relihiyon nalaman natin na hindi tayo maliligtas sa kamangmangan (tingnan D at T 131:6), na anuman ang matutuhan natin sa buhay na ito ay kasama nating babangon sa pagkabuhay na mag-uli (tingnan sa D at T 130:18), na malaki ang kalamangan natin sa daigdig na darating kung marami tayong alam (tingnan D at T 130:19), na maliligtas tayo ayon sa ating natutuhan,[3] na ang liwanag at katotohanan ay tumatalikod sa masama (tingnan D at T 93:37), na ang kaluwalhatian ng Diyos ay katalinuhan (tingnan sa D at T 93:36), at marami pang iba. Minsan noong nagsisimula ang dispensasyong ito, ang buong Simbahan ay sinabihan. Sabi ng Panginoon sa bahagi 84 ng Doktrina at mga Tipan:

"At binibigyan ko kayo ngayon ng isang kautusan na mag-ingat hinggil sa inyong sarili, na makinig na mabuti sa *mga salita* ng buhay na walang hanggan.

"Sapagkat kayo ay mabubuhay sa bawat *salita* na magmumula sa bibig ng Diyos.

"Sapagkat ang *salita* ng Panginoon ay katotohanan, at anumang katotohanan ay liwanag, at anumang liwanag ay Espiritu, maging ang Espiritu ni Jesucristo" (mga talata 43–45; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang simula ng pagbalik sa piling ng Panginoong Jesucristo sa huli, na siyang itinuturo sa atin sa bahagi 84, ay ang *salita.*

"Kung kayo'y magsipanatili sa akin, at ang *mga salita* ko'y magsipanatili sa inyo," pagpapahayag ng Panginoon sa Kanyang ministeryo, "ay hingin ninyo ang anomang

*Alam kong hindi madaling bumalik at itama ang pagkakamali at magbagong-buhay, ngunit buong puso akong naniniwala na mas madali at tiyak na mas kasiya-siyang magbagong-buhay kaysa magpatuloy at subuking maniwala na walang epekto ang katarungan.*

inyong ibigin, at gagawin sa inyo" (Juan 15:7; idinagdag ang pagbibigay-diin).

### Ang Kahalagahan ng Kalayaan

Kung pipili tayo ng isang tema para sa ating buhay—ang buhay na alam natin ngayon, hindi ang buhay bago tayo isinilang at hindi ang buhay na darating—ang temang iyon ay kailangang may kinalaman sa paghahanap ng tunay na kalayaan. Alam natin na mahalagang bahagi ng malaking Kapulungan sa Langit ang ginugol sa pagtuturo sa atin kung paano tayo makasusulong tungo sa ganap na kalayaan. Ang paraan ng Ama ay may kalayaan at pagpili—ang kalayaang magkamali ngunit sa huli'y ang kalayaang magtagumpay. Napakaraming ibinigay na pananggalang at buong kapangyarihan ng sansinukob ang ginamit upang matiyak ang ating kalayaang magpasiya at makabalik sa ating selestiyal na tahanan. Kabilang sa mga pananggalang na ito ang kabuuan ng mga katotohanan ng ebanghelyo at ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas na si Jesucristo.

Talagang dumaranas tayo ng pagkaalipin at pagkabilanggo kapag hindi tayo malaya. Naisip ko tuloy na sana'y nabilanggo akong minsan sa buhay ko para madamdamin kong maipahayag ito. Sana'y makapangusap akong tulad ni Pedro o ni Pablo at magsirating ang mga anghel para gulatin ang mga tanod at buksan ang mga pintuan ng bilangguan (tingnan sa Mga Gawa 12:5–11; tingnan din sa 16:25–26) o tulad nina Alma at Amulek at mapaguho ko ang mga pader ng bilangguan (tingnan sa Alma 14:23–29) o tulad ni Joseph Smith, na kayang isulat ang pinakabanal na kasulatan ng ating dispensasyon mula sa isang madilim, marumi, at mapanglaw na bilangguan (tingnan sa D at T 121–23). Nagpapasalamat tayo sa Diyos na nabubuhay tayo sa panahong ito, na ang Pangulo at propeta ng ating Simbahan ay hindi kailangang matakot na mabilanggo at kung kailan tayo, sa aspetong pulitikal at pisikal man lang, ay hindi kinakailangang igapos o alipinin. Ngunit may iba pang mga uri ng gapos at iba pang mga uri ng bilangguan sa ating buhay na kailangan nating wasakin. Lahat ng gagawin natin kaya tayo naparito ay kailangan nating gawin.

Buong puso akong naniniwala na kung magsisisi tayo sa ating mga kasalanan, kung patatawarin natin ang mga kasalanan ng iba, kung lalakasan natin ang ating loob sa ating mga sitwasyon at gugustuhin nating lunasan ito, aabutin tayo ng buhay na Ama nating lahat at, sabi nga sa banal na kasulatan, "dadalhin [tayo] tulad sa mga pakpak ng mga agila" (D at T 124:18).

Nakasakay na ako sa mga pakpak ng mga agila. Alam ko nang buong puso na ang Diyos ay buhay at na si Jesus ang Cristo. Alam ko na si Jesus ang namumuno sa Simbahang ito, na ito ang Kanyang Simbahan, na Siya ang pangulong bato sa panulok, kung saan inilatag ang pundasyon ng mga buhay na apostol at propeta. Alam ko na muli nating makakapiling ang Tagapagligtas, na kung tayo ay tapat sa Kanya, tayo ay magiging malaya—walang pumipigil at walang nagbabawal—at na matatanto natin sa mga marka ng pako sa Kanyang katawan ang Kanyang pagdurusa at paghihirap at matinding sakripisyo para sa atin. Alam ko na dapat nating pagsisihan ang ating mga kasalanan at na ang Diyos ay kailangang maging makatarungan, ngunit nalulugod ako sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga buhay na propeta na kung saan laganap ang kasalanan, mas lalong sagana ang biyaya at na "aangkin ng awa ang nagsisisi." ■

*Mula sa isang mensahe sa fireside, "Borne Upon Eagles Wings," na ibinigay noong Hunyo 2, 1974, sa Brigham Young University. Para sa buong teksto sa Ingles, bumisita sa speeches.byu.edu.*

Para malaman pa ang tungkol sa paksang ito, tingnan sa D. Todd Christofferson, "Pagtubos," *Liahona,* Mayo 2013, 109; at Craig A. Cardon, "Nais ng Tagapagligtas na Magpatawad," *Liahona,* Mayo 2013, 15.

**MGA TALA**

1. Tingnan sa *Lectures on Faith* (1985), 50–54.
2. C. S. Lewis, *The Great Divorce* (1946), viii.
3. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 309.

*Isinulat ni Joseph Smith ang pinakabanal na kasulatan ng ating dispensasyon mula sa isang madilim, marumi, at mapanglaw na bilangguan.*



PAGLALARAWAN NI WELDEN C. ANDERSEN; *SI JOSEPH SMITH SA LIBERTY JAIL,* NI GREG K. OLSEN, HINDI MAAARING KOPYAHIN

# Maawaing Katulad ni Cristo

*Ang mortal na ministeryo ng Tagapagligtas ay naglalaan sa atin ng mga praktikal na halimbawa kung paano tayo magiging maawain.*

**Ni Randy L. Daybell**

Nang mawala nina Propetang Joseph Smith at Martin Harris ang 116 na pahinang isinalin mula sa Aklat ni Mormon, matindi silang kinagalitan ng Panginoon (tingnan sa D at T 3:6–8, 12–13). Panandaliang nawala kay Joseph ang pribilehiyong magsalin at nagdalamhati siya sa kanyang pagsuway.[1] Matapos magpakumbaba at magsumamo sa Panginoon na siya ay mapatawad, tiniyak ng Tagapagligtas kay Joseph, "Tandaan, ang Diyos ay maawain; . . . at ikaw ay pinili pa rin, at muling tinatawag sa gawain" (D at T 3:10).

Itinuro ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Si Cristo ang ating huwaran. Sa Kanyang mga turo [tungkol sa awa] at maging sa Kanyang buhay, ipinakita Niya sa atin ang paraan. Pinatawad niya ang masasama, ang mahahalay, at yaong naghangad na saktan at ipahamak Siya."[2]

Ipinapakita sa mga banal na kasulatan na isa sa mga banal na katangian ng Tagapagligtas ang pagiging maawain. Itinuro ni Jesus, "Mapapalad ang mga mahahabagin" (Mateo 5:7), at "Magmaawain kayo, gaya naman ng inyong Ama na maawain" (Lucas 6:36).[3] Ang kahulugan ng awa ay pagkahabag at lakip ang damdamin at pagpapakita ng pagdamay, kabaitan, pagpapatawad, at pagmamahal. Madalas tayong maawa kapag nalalaman natin ang kakaiba at nakalulunos na mga sitwasyon ng iba. Ipinakita ni Jesucristo ang walang-hanggang kakayahan Niyang maawa. "Hindi [Niya] matingnan ang mukha ng mga tao nang hindi nasasaktan sa kanilang pagkalito, pagkabagabag, at paghihirap. . . . Kapag nakakita siya ng mga taong nahahapis at nangakalat na gaya ng mga tupang walang pastol, naaantig ang kanyang puso sa pagkahabag sa kanila."[4]

Ang sumusunod na mga alituntunin mula sa mga salaysay sa Bagong Tipan ay naglalarawan kung paano nagpakita ng awa ang Tagapagligtas at kung paano natin pipiliing maawa sa iba.

**Nagpakita ng awa si Jesus sa pamamagitan ng hindi paninisi sa iba.**


Sa Huling Hapunan, ilang oras bago ang pagkakanulo, naghapunan si Judas Iscariote sa Paskua kasama ang iba pang mga disipulo. Nang sabihin ni Jesus, "Ako'y ipagkakanulo ng isa sa inyo," ang mga disipulo, pati na si Judas, ay nagtanong sa Kanya, "Ako baga, Panginoon?" (Mateo 26:21–22). Tumugon si Jesus kay Judas, "Ang ginagawa mo, ay gawin mong madali" (Juan 13:27). Pagkatapos sa pasukan sa Halamanan ng Getsemani, muling nagkita sina Jesus at Judas. Sabi ni Judas, "Magalak, Rabi" at binati ng halik ang Tagapagligtas (Mateo 26:49), kaya nagtanong si Jesus, "Sa isang halik baga ay ipinagkakanulo mo ang Anak ng tao?" (Lucas 22:48). Ang sagot ni Jesus, bagama't pananagutin si Judas sa mga bunga ng kanyang ginawa, ay hindi paninisi kundi pagsamo kay Judas na isipin kung tama ang kanyang ginagawa.

Matapos tiisin ni Jesus sa mga kamay ng mga Romanong kawal ang maraming oras ng pagkabilanggo, pambubugbog, paglatigo, puwersahang paglalakad sa buong lungsod, at pagpasan at pagkapako sa krus, maawain Niyang minasdan ang mga nagpahirap sa Kanya at nagsumamo, "Ama, patawarin mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa" (Lucas 23:34).

**Nagpakita ng awa si Jesus sa pamamagitan ng pagpiling mahalin sa halip na sumpain sila.**

Sa mga unang araw ng Kanyang ministeryo, tumigil si Jesus para magpahinga at uminom sa balon sa Samaria sa isa sa Kanyang mga paglalakbay. Dumating ang isang babae sa balon para sumalok ng tubig, at kinausap siya

***"Kapag nakakita [ang Tagapagligtas] ng mga taong nahahapis at nangakalat gaya ng mga tupang walang pastol, naantig ang kanyang puso sa pagkahabag sa kanila."***



*ANG NAWAWALANG TUPA*, NI NEWELL CONVERS WYETH, KINOPYA SA PAHINTULOT NG COLBY COLLEGE MUSEUM OF ART

ng Tagapagligtas. Nagulat siya nang kausapin siya ni Jesus, "sapagka't hindi nangakikipagusap ang mga Judio sa mga Samaritano." Ngunit binalewala Niya ang mga tradisyong nakaimpluwensya sa iba na hamakin siya. Itinuro Niya sa kanya ang tungkol sa tubig na buhay ng ebanghelyo, at nagpatotoo Siya sa kanya, "Ako [ang Mesiyas] na nagsasalita sa iyo." (Tingnan sa Juan 4:3–39.)

Sa mga araw na matatapos na ang Kanyang ministeryo sa mga taga-Perea, nagdaan si Jesus sa lungsod ng Jerico noong papunta Siya sa Jerusalem. Isang maliit at mayamang lalaking nagngangalang Zaqueo ang umakyat sa puno para makita ang Tagapagligtas pagdaan Niya. Napansin siya ni Jesus at sinabing pupunta Siya sa bahay ni Zaqueo. Nagreklamo ang ilan sa mga disipulo ni Jesus nang makita nila ito, na sinasabing si Jesus "ay pumasok na nanunuluyan sa isang taong makasalanan." Ngunit nakita ni Jesus ang kabutihan ni Zaqueo at sinabing, "Dumating sa bahay na ito ngayon ang pagkaligtas, sapagka't siya'y anak din naman ni Abraham." (Tingnan sa Lucas 19:1–10.)

### Nagpakita ng awa si Jesus sa pamamagitan ng pagbibigay sa iba ng maraming pagkakataong magsisi at mapatawad.

Sa mga unang araw ng Kanyang ministeryo, bumalik si Jesus sa sinagoga sa Kanyang bayang sinilangan sa lungsod ng Nazaret, kung saan Siya sumamba nang maraming beses. Binasa Niya sa mga nagtipon doon para sa Sabbath ang isang propesiya mula kay Isaias tungkol sa Mesiyas. Pagkatapos ay malinaw Niyang pinatotohanan sa kanila na Siya ang Mesiyas. "Nangapuspos ng galit" ang mga tao sa sinagoga sa Kanyang mga salita, at kanilang "ipinagtabuyan siya sa labas ng bayan . . . upang siya'y maibulid nila" sa gulod. (Tingnan sa Lucas 4:16–30.) Ang matatagal nang kaibigan ni Jesus ay naging mga kaaway Niya. Kalaunan, nangahas na muling bumalik si Jesus sa Nazaret at nagturo sa mga tao. At kahit muli silang nagalit sa Kanya, dalawang beses Niyang tinangkang tulungan sila na makaunawa. (Tingnan sa Mateo 13:54–57.)

Mga pinuno ng mga Judio ang pinakamahihigpit na kaaway ng Tagapagligtas. Hinangad nilang patayin Siya dahil naging banta Siya sa kanilang mga tradisyon. Subalit paulit-ulit silang hinimok ni Jesus na magsisi at umayon sa katotohanan. Nakatala sa mga banal na kasulatan ang di-kukulangin sa 10 mahahalagang sermon na pinatungkol ni Jesus sa mga pinunong ito kung saan tinukoy Niya ang kanilang mga kasalanan at inanyayahan silang magsisi.

### Nagpakita ng awa si Jesus sa pamamagitan ng pag-iwas na maghinanakit.

Jerusalem ang lugar kung saan magdurusa at mamamatay ang Tagapagligtas kalaunan. Maaari sana Siyang magdamdam at magalit sa lungsod at sa mga tao roon; sa halip ay madalas Siyang nagpahayag ng kalungkutan sa kanilang kasamaan at pagtangging magsisi.

Ilang araw bago ang Kanyang Pagpapako sa Krus, pumasok sa Jerusalem si Jesus na sakay ng isang asno. Maraming alagad ang nagalak, naglatag ng kanilang mga kasuotan sa Kanyang daraanan at pinuri ang Diyos. (Tingnan sa Lucas 19:28–38.) Ngunit batid ni Jesus na hindi magtatagal ang katapatan ng mga tao sa Jerusalem. Nang masdan Niya ang lungsod sa huling linggo Niya sa lupa, napaiyak ang Tagapagligtas, na sinasabi, "Oh Jerusalem, Jerusalem, na pumapatay sa mga propeta, at bumabato sa mga sinusugo sa kaniya! makailang inibig kong tipunin ang iyong mga anak, . . . ay ayaw kayo!" (Mateo 23:37; tingnan din sa Lucas 19:41–44).

Ilang araw lang ang lumipas, kinalaban ng mga tao si Jesus at hiniling nilang patayin Siya. Nang kunin ang Tagapagligtas para ipako sa krus, sinundan Siya ng "isang makapal na karamihan sa bayan, at ng mga babaing nagiiyakan at nananambitan dahil sa kaniya.

"Datapuwa't paglingon sa kanila ni Jesus ay sinabi, Mga anak na babae ng Jerusalem, huwag ninyo akong tangisan, kundi tangisan ninyo ang inyong sarili, at ang inyong mga anak" (Lucas 23:27–28). Sa kabila ng kahihiyang dinanas Niya sa harap ng publiko at matinding pagdurusa Niya sa kamay ng mga tao sa Jerusalem, ang Tagapagligtas ay hindi naghinanakit sa kanila at nagpahayag ng kalungkutan sa pagtanggi nilang magsisi.

### Nagpakita ng awa si Jesus sa pamamagitan ng pagtulong sa mga nangangailangan.

Sa isa sa Kanyang mga paglalakbay, pumasok si Jesus sa lungsod ng Nain, kung saan nakita Niya na "inilalabas ang isang patay, ang bugtong na anak na lalake ng kaniyang ina, at siya ay bao" (Lucas 7:12). Inilarawan ni Elder James E. Talmage (1862–1933) ng Korum ng Labindalawang Apostol ang sumunod na himala sa kanyang aklat na *Jesus the Christ:* "Nahabag ang ating Panginoon sa nagdadalamhating ina, na nawalan na ng asawa at anak; at, nadama sa Kanyang Sarili ang sakit ng kanyang dalamhati, sinabi Niya sa magiliw na tinig, 'Huwag kang tumangis.' Hinawakan Niya ang higaan [at] . . . sinabi Niya sa bangkay: 'Binata, sinasabi ko sa iyo, Magbangon ka.' At narinig ng patay ang tinig Niya na Panginoon ng lahat, at agad naupo at nagsalita. At buong giliw na ibinigay ni Jesus ang binata sa kanyang ina."[5]

Gumawa si Jesus ng napakarami pang himala para sa mga tao sa mga oras ng pangangailangan. Pinagaling Niya ang ketongin, pinayapa ang dagat, at ibinangon ang anak na babae ni Jairo mula sa mga patay. Pinagaling Niya ang isang lalaking maysakit sa tubig



***Gumawa si Jesus ng maraming himala para sa mga tao sa mga oras ng pangangailangan. Pinagaling Niya ang isang ketongin, pinayapa ang dagat, at ibinangon ang anak na babae ni Jairo mula sa mga patay.***

ng Betesda, ang isang taong bingi na pautal kung magsalita, at ang 10 ketongin. Bawat isa ay may matinding pangangailangan.

Ipinakita ng Tagapagligtas ang landas na tatahakin. Mapagsisikapan nating maging maawain sa pamamagitan ng hindi paninisi sa iba, pagpapasiyang mahalin sa halip na sumpain ang iba, pagbibigay ng maraming pagkakataon sa iba na magsisi, pag-iwas na maghinanakit, at pagtulong sa mga nangangailangan. Habang lalo nating natatanto at naaalala ang maraming awang ipinakita sa atin sa pamamagitan ni Jesucristo, lalo tayong matututong maawa sa iba.

Ipinayo ni Pangulong Uchtdorf: "Laganap na ang hinagpis at kalungkutan sa buhay na ito hindi pa man natin ito nadaragdagan ng sarili nating pagmamatigas, hinanakit, at pagkamuhi. . . . Alisin natin ang ating mga hinanakit. . . . *Iyan ang pamamaraan ng Panginoon.*"[6]

Nang bisitahin ng nabuhay na mag-uling Panginoon ang mga Nephita sa lupain ng Amerika, tinuruan Niya ang mga tao. At nang oras na para umalis si Jesus, "muli niyang iginala ang kanyang mga paningin sa maraming tao, at namasdan na sila ay luhaan. . . .

"At kanyang sinabi sa kanila: Masdan, ang aking sisidlan ay puspos ng pagkahahabag sa inyo.

"Mayroon bang maykaramdaman sa inyo? . . . Dalhin sila rito at akin silang pagagalingin, sapagkat ako ay nahahabag sa inyo; ang aking sisidlan ay *puspos ng awa*" (3 Nephi 17:5–7; idinagdag ang pagbibigay-diin). Walang hanggan ang Kanyang awa. Bibiyayaan Niya tayo ng banal na kaloob na awa kung lalapit tayo sa Kanya (tingnan sa Moroni 10:32). ■

*Ang awtor ay naninirahan sa New York, USA.*

Para malaman pa ang tungkol sa paksang ito, tingnan sa Dallin H. Oaks, "Mga Tagasunod ni Cristo," *Liahona,* Mayo 2013, 96.

**MGA TALA**

1. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 81–84.
2. Dieter F. Uchtdorf, "Ang Mahabagin ay Kahahabagan," *Liahona,* Mayo 2012, 76.
3. Ang salitang Griyego sa Mateo 5:7 ay *eleémón,* na ang ibig sabihin ay *mahabagin.* Ang salitang Griyego sa Lucas 6:36 ay *oiktirmón,* na ang ibig ding sabihin ay *mahabagin.*
4. Charles Edward Jefferson, *The Character of Jesus* (1908), 154.
5. James E. Talmage, *Jesus the Christ,* ika-33 ed. (1977), 252.
6. Dieter F. Uchtdorf, "Ang Mahabagin ay Kahahabagan," 77.

MGA PAGLALARAWAN NI DAN BURR

# Paano Itinatatag ang Doktrina?

**Ni LaRene Porter Gaunt**
Mga Magasin ng Simbahan

*Ang doktrina ay dumarating ngayon na katulad noong unang panahon—sa pamamagitan ng banal na paghahayag sa mga propeta.*

Bilang mga Banal sa mga Huling Araw, "naniniwala kami sa lahat ng ipinahayag ng Diyos, sa lahat ng Kanyang ipinahahayag ngayon, at naniniwala rin kami na maghahayag pa Siya ng maraming dakila at mahahalagang bagay hinggil sa Kaharian ng Diyos" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:9).

Tungkol sa kaugnayan ng paghahayag sa doktrina, sinabi ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Sa Simbahan ngayon, tulad noon, ang [pagtatatag] ng doktrina ni Cristo o pagwawasto ng mga paglihis sa doktrina ay inihahayag ng langit sa mga taong pinagkalooban ng Panginoon ng karapatan bilang apostol."[1]

Yamang paghahayag ang paraan para maiparating ang doktrina sa mga propeta, tagakita, at tagapaghayag, bawat isa sa atin ay maaari ding makatanggap ng ating sariling patunay na ang mga doktrina ng ebanghelyo ni Jesucristo ay totoo. Ang personal na paghahayag na ito ay dumarating sa pamamagitan ng pagdarasal, pag-aaral ng banal na kasulatan, at patotoo ng Espiritu Santo. Ipinapakita natin na tinatanggap natin ang doktrina ni Jesucristo sa pamamagitan ng pagsisisi, pagpapabinyag, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at patuloy na pagsunod sa mga batas at pagtupad sa mga tipan ng ebanghelyo habang tayo ay nabubuhay.

Ang sumusunod na tsart, batay sa mensahe ni Elder Christofferson sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2012, ay nagpapakita kung paano itinatatag ang doktrina.[2] ■

**MGA TALA**

1. D. Todd Christofferson, "Ang Doktrina ni Cristo," *Liahona,* Mayo 2012, 86.
2. Tingnan sa D. Todd Christofferson, "Ang Doktrina ni Cristo," 86–90.

***Ang Unang Panguluhan***



***Ang Korum ng Labindalawang Apostol***



MGA LARAWANG KUHA NI CRAIG DIMOND © IRI; TSART NA GAWA NI TAIA MORLEY

## ANG PAGHAHAYAG NG DOKTRINA AY NAGMUMULA KAY JESUCRISTO

Kapag ang paghahayag ay doktrina para sa buong Simbahan, ipinararating lamang ito sa Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol (tingnan sa Amos 3:7; D at T 1:38; 28:2).

### ANG PAGHAHAYAG AY MAAARING DUMATING SA PAMAMAGITAN NG . . .

**PERSONAL NA PAGDALAW NIYA**
Ang Diyos ay nagpakita kay Moises at ipinakita sa kanya ang gawa ng Kanyang mga kamay (tingnan sa Moises 1:1–9; tingnan din sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–20).

**KANYANG SARILING TINIG**
Ang Panginoon ay nangusap kay Nephi at inutusan itong gumawa ng barko upang madala ang kanyang pamilya sa lupain ng Amerika (tingnan sa 1 Nephi 17:7–8).

**ANG TINIG NG ESPIRITU SANTO**
Ang ganitong uri ng paghahayag ay pakikipag-ugnayan ng Espiritu sa espiritu. Natanggap ng mga Apostol sa Bagong Tipan ang patunay ng Espiritu Santo na hindi nila dapat utusan ang mga bagong binyag na sundin ang batas ni Moises (tingnan sa Mga Gawa 15:5–29).

**SUGO**
Ang mga sugo na sina Moises, Elias, at Elijah ay nagpakita kina Joseph Smith at Oliver Cowdery at ipinagkaloob ng bawat isa ang mga susi ng kanyang dispensasyon sa Propeta (tingnan sa D at T 110:11–16).

### ANG PAGHAHAYAG AY MAAARING DUMATING SA . . .

**BAWAT PANGULO NG SIMBAHAN**
Bawat propeta at Pangulo ng Simbahan ay maaaring tumanggap ng paghahayag na nagiging doktrina kapag sinang-ayunan ng nagkakaisang tinig ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol (tingnan sa Mga Gawa 10; Opisyal na Pahayag 2).

**MGA PROPETA NA NAGPUPULONG SA COUNCIL**
Ipinagdasal ng mga disipulong nasa lupain ng Amerika na malaman nila kung ano ang itatawag sa Simbahan. Nagpakita si Cristo sa kanila at sumagot, "Anuman ang inyong gagawin, gagawin ninyo ito sa aking pangalan; kaya nga tatawagin ninyo ang simbahan sa aking pangalan" (3 Nephi 27:7).




*Malaki ang maitutulong ng mabubuting huwaran sa mga tinedyer sa isa sa pinakamahahalagang bahagi ng kanilang buhay.*



MGA PAGLALARAWAN NI WELDEN C. ANDERSEN

# KAILANGAN NG MGA KABATAANG LALAKI SA PANAHONG ITO NG Mabubuting Huwaran

**Ni Hikari Loftus**
Mga Magasin ng Simbahan

Sa high school, may dalawang mithiin si Todd Sylvester: maging mahusay na manlalaro ng basketball at makilala bilang pinakamahilig dumalo sa party sa paaralan.

Sa edad na 14, nagsimulang uminom at magdroga si Todd. Hindi siya miyembro ng Simbahan, at ayon sa paliwanag niya, hindi hinutok ng kanyang mga magulang ang kanyang pag-uugali "sa anumang paraan." Sa paglipas ng mga taon, sinira ng pagkalulong niya sa droga at alak ang dati'y maganda niyang kinabukasan sa pagiging mahusay na manlalaro ng basketball at naisip niyang magpakamatay.

Ang malungkot, ang mga nangyari sa buhay ni Todd ay makikita sa buhay ng maraming kabataang lalaki ngayon, maging sa buhay ng mga miyembro ng Simbahan. Gayunman, wala si Todd ng isang bagay na mayroon ang mga kabataang lalaki sa Simbahan: mabubuting huwaran. Malaki ang maitutulong ng mga lider ng Simbahan sa mga tinedyer sa isa sa pinakamahahalagang bahagi ng kanilang buhay. Dahil sa nangyari sa kanya, nagsisikap ngayon si Todd, na sumapi sa Simbahan sa edad na 22, na maging mabuting halimbawa sa mga kabataan sa kanyang ward.

Nagbago si Brother Sylvester nang umusal siya ng isang simpleng panalangin sa pinakamadilim na panahon ng kanyang buhay: "Diyos, kailangan ko po ng tulong." Makalipas ang isa't kalahating buwan, tinawagan siya ng isang dating kaibigan, na miyembro ng Simbahan, at sinabing, "Todd, nagkainspirasyon akong sabihin sa iyo na kailangan ka namin. . . . Marami kang taong matutulungan, lalo na ang mga kabataan at mga bata."

Pagkaraan ng ilang taon, matapos siyang mabinyagan at makasal sa templo, si Brother Sylvester ay tinawag na maglingkod sa Young Men program—isang tungkuling humantong sa 14 na taong paglilingkod sa mga kabataang lalaki.

Gamit ang kanyang nakaraan bilang pangganyak sa tungkulin niyang tulungan ang mga kabataang lalaking pinaglilingkuran niya, nakahanap ng paraan si Brother Sylvester para makaugnay sa mga paghihirap na pinagdaraanan ng mga binatilyo. "Palagay ko karamihan sa mga bata ay takot magsalita kapag nahihirapan sila," wika niya. "Pero ikinuwento ko ang buhay ko sa mga batang ito taun-taon. Palagay ko dahil diyan, kampante silang lapitan ako at sabihing, 'May problema po ako sa pornograpiya o pag-inom ng alak o iniisip ko pong magpakamatay.'" Masusuportahan sila ni Brother Sylvester sa kanilang pagsisisi, kasama na rito ang pakikipag-usap sa bishop.

Ang mga lider na nakikinig at mapagmahal na tumutugon sa mga kabataan sa kritikal na mga panahong ito ay maaring lumikha ng matibay na ugnayan na huhubog sa pagkatao

ng isang kabataan. Sinabi ni Mat Duerden, isang assistant professor sa Brigham Young University na nagtapos ng PhD sa youth development, "Ang pagbibinata o pagdadalaga ay panahon [kung kailan ang indibiduwal] ay nagkakaroon ng sariling pagkakakilanlan: mga pinahahalagahan, paniniwala, tungkulin, atbp. Iyan ay isang proseso ng pagtuklas. Bahagi ng prosesong iyan ang pagtanggap ng puna mula sa kapwa nila tinedyer o mga magulang o iba pang nakatatanda, at maaaring makaimpluwensya nang husto kung magmumula ito sa isang respetado at iginagalang na nakatatanda."

Sabi pa ni Brother Duerden, "Ang pinakaepektibong pagtuturo ay nakabatay sa paggalang sa isa't isa at sa damdamin ng kabataan na may isang taong tunay na nagmamalasakit sa kanila paano man siya manamit o magsalita."

"Karamihan sa mga binatilyo ay sabik makaugnayan ang kanilang ama," sabi ni Brother Sylvester. "Kung wala sila nito, ang isa pang pinakamainam ay ang magkaroon sila ng makakausap na nakatatandang lalaki, na makakapalitan ng mga ideya, at hindi sila huhusgahan, kukutyain, o pipintasan dahil sa mga problema nila. Hindi ako naroon para halinhan ang kanilang ama, pero gusto kong naroon ako para makausap nila sa makabuluhang paraan."

Bagama't mahalaga ang tungkulin ng mga lider ng Simbahan sa pagtuturo sa isang tinedyer, sinabi ng mga propeta at apostol na ang pangunahing mga huwaran para sa mga kabataan ay ang kanilang magulang. Halimbawa, sinabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Mga ama, kayo ang pangunahing huwaran ng pagkalalaki para sa inyong mga anak na lalaki. Kayo ang pinakamakabuluhang tagapagturo nila, at sa maniwala kayo't sa hindi, kayo ay hinahangaan nila sa maraming paraan. Ang inyong mga salita at halimbawa ay malaking impluwensya sa kanila" ("Mga Mag-ama: Isang Kalugud-lugod na Ugnayan," *Liahona*, Nob. 2009, 47).

Ang matibay na ugnayan ni Brother Sylvester sa mga kabataang lalaki ay hindi agarang nangyari; kinailangan niyang patibayin ang mga ugnayang iyon sa maraming taon ng paglilingkod. Sa 20 kabataang lalaking tinuruan niya, 17 ang nagmisyon. Hindi kukulangin sa 5 sa kanila ang walang balak magmisyon bago nila nakilala si Brother Sylvester.

"Nahikayat ko ang mga batang ito dahil alam nila na talagang mahal ko sila," sabi ni Brother Sylvester. "Alam nila ito—hindi dahil sinabi ko ito kundi dahil ipinakita ko ito. Talagang nagtuon ako sa pagkakaroon nila ng ugnayan sa kanilang Tagapagligtas. Nadama ko lang na iyan ang susi para makayanan nila ang lahat ng bagay at makasulong sila sa buhay at magtagumpay."

Sa pagtulong sa mga kabataang lalaki na magkaroon ng ugnayan sa Tagapagligtas, umasa si Brother Sylvester na aakayin sila ng kanilang mga patotoo na magmisyon, makasal sa templo, at magpalaki ng isang mabuting pamilya. "Iyan ang plano ng kaligayahan," wika niya. "Kaya nga mahalagang [tulungan ang mga kabataan]." ■



"Mahalagang magbahagi ng mga karanasan sa mga kabataan para makaugnay kayo sa isa't isa. Sa halip na tumayo sa isang tabi at magmasid, kailangan ninyong aktibong makibahagi. Malaki ang epekto ng ibinahaging mga karanasan.

"Dapat tumulong ang lahat ng miyembro sa mga kabataan, anuman ang kanilang tungkulin."

**Mat Duerden, assistant professor, Brigham Young University**

## MGA KUWENTO NG TAGUMPAY

Ang sumusunod na mga kabataang lalaki ay may mabubuting huwarang nakagawa ng kaibhan sa kanilang buhay.

### Hindi na Ako Muling Lumiban sa Sacrament Meeting Kailanman

Bilang tinedyer, pinagdaanan ko ang mga karaniwang pagsubok sa mga kabataang kaedad ko. Bukod pa riyan, may ama akong hindi aktibo sa Simbahan, kaya nanay ko lang ang kaugnay ko sa ebanghelyo. Hindi ko man alam, kinailangan ko ng isang mayhawak ng priesthood na tutularan.

Binigyan ako ng Ama sa Langit sa buhay ko ng isang lalaki na noon, hanggang ngayon, ay malaki ang impluwensya sa akin. Ang pangalan niya ay Paulo César dos Santos.

Naaalala ko ang isang araw ng Linggo na ayaw kong magsimba. Gusto kong pabayaan lang ako ng nanay ko. Sinabi ko sa kanya na mauna na siya sa simbahan at maghahanda na ako at susunod kalaunan. Hindi ako nagsimba at sa halip ay nanatili ako sa bahay at nanood ng karera sa TV. Makaraan ang ilang sandali, narinig ko ang pamilyar na boses ni Bishop Paulo na tumatawag mula sa tarangkahan. Matiyaga niya akong kinausap, at atubili akong nagpunta sa sacrament meeting.

Habambuhay na nakaapekto sa akin ang karanasang ito, at simula noon ay hindi na ako lumiban sa sacrament meeting kailanman.

Vinicius Elias Barbosa Jardim, São Paulo, Brazil



### Itinuring Niya Akong Anak ng Diyos

Noong buong kabataan ko sa Missouri, USA, naging mabuting kaibigan sa akin si Blaine Bartholomew, isang miyembro ng stake Young Men presidency, sa mga aktibidad. Gayunman, hindi ko sineryoso ang kanyang pakikipagkaibigan o payo. Noon lamang mag-18 anyos ako talagang nagsimulang lumago ang aming pagkakaibigan. Nakita niya akong nahihirapan at patuloy na nalilihis, at bilang bishop ko noon, sinikap niyang payuhan ako at akayin pabalik sa landas ng kabutihan. Sa huli ay nalulong ako sa droga at alak, at matapos maglayas, nagpatuloy ako sa masamang gawaing iyon.

Nang umuwi ako, naalala ko si Blaine at ang pagmamahal niya sa akin. Malugod niyang ipinagpatuloy ang pakikipagkaibigang iyon at ginawa akong bahagi ng kanyang pamilya. Hindi lamang siya naging isang kaibigan kundi naging pangalawang ama ko na rin siya. Sa maraming pagkakataon kapag lasing ako o nasa ilalim ng impluwensya ng droga, inalagaan niya ako.

May edad na ako ngayon at itinatangi ko ang pagkakaibigan namin ni Blaine. Ang patuloy niyang paghihikayat, pagmamahal, at suporta ay mas mahalaga kaysa inaakala niya. Hindi siya kailanman nag-alinlangan sa potensyal ko bilang anak ng Diyos. Ngayon sinisikap kong paglabanan ang aking mga kasalanan at kapalaluan at malapit na akong gumawa ng mga tipan na kailanman ay hindi ko naisip na magagawa ko. Nagpapasalamat ako na naghanda ang Ama sa Langit ng isang tao para maging huwaran ko.

Hindi ibinigay ang pangalan, Utah, USA

# Nananatiling MALAKAS NA PANAWAGAN

*Ipinahayag ng mga propeta at apostol na "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa mundo" ay mas mahalaga ngayon kaysa noong unang ilathala ito.*

**Ni Richard M. Romney**
Mga Magasin ng Simbahan

Sa isang mundong nanganganib ang kasal at pagsasama ng mga pamilya, isang dokumento ang partikular na nagbibigay ng linaw at patnubay. Sinabi ng mga propeta at apostol na "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" ay mahalaga o mas mahalaga ngayon tulad nang ilathala ito noong 1995.[1]

### Makabagong Bandila ng Kalayaan

Ang pagpapahayag tungkol sa mag-anak ay nananatiling isang "panawagang . . . protektahan at palakasin ang mga pamilya," ayon kay Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol.[2]

Ang ating mundo ay katulad ng unti-unting lumalalang lipunan ng mga Nephita sa Aklat ni Mormon, at hinikayat ni Elder Ballard ang mga Banal sa mga Huling Araw na "iwagayway [ang pagpapahayag] tulad ng 'bandila ng kalayaan' ni Heneral Moroni, at tapat na ipamuhay ang mga tuntunin nito."[3]

### Mahalaga sa Kaligayahan

Ang mundo ay lumilikha ng iba't ibang daan tungo sa kaligayahan. Ngunit iginigiit ng mga propeta ngayon na ang pinakamalaking posibilidad para lumigaya ay matatagpuan sa selestiyal na kasal.[4]

Kung tayo ay mamumuhay at kikilos ayon sa ating kaalaman na ang mga pamilya ay maaaring maging walang hanggan, ipinangako ni Elder Ballard na "maaakit natin ang mundo. Ang mga magulang na ilalagay sa unang priyoridad ang kanilang pamilya ay maaakit sa Simbahan. . . .

"Dahil sa pagsentro natin sa pamilya dapat magpunyagi ang mga Banal sa mga Huling Araw na maging pinakamahusay na mga magulang sa mundo. Dapat tayong bigyan nito ng malaking paggalang sa ating mga anak, na tunay nating mga kapatid sa espiritu, at dahil dito'y dapat tayong mag-ukol ng anumang oras na kailangan upang mapalakas ang ating pamilya. Tunay ngang walang higit na mahalagang nauugnay sa kaligayahan—kapwa sa atin at sa ating mga anak—kaysa kung gaano natin minamahal at sinusuportahan ang isa't isa sa pamilya."[5]

### Lakas na Higit pa sa Taglay Ninyo

Pinayuhan ni Elder Ballard ang mga pamilya sa lahat ng dako na kumuha ng kopya ng pagpapahayag at iayon ang kanilang sarili sa mga turo nito.

"Maging pinakamahusay at gawin ang pinakamainam na magagawa ninyo. Bibigyan kayo ng Diyos ng lakas na higit pa sa taglay ninyo habang sinisikap ninyo araw-araw na gampanan ang pinakasagradong responsibilidad sa buhay na ibinigay Niya sa Kanyang mga anak. Makinig sa tinig ng Espiritu at sa payo ng mga buhay na propeta. Maging masigla. Hindi kayo inilagay ng Diyos sa mundo para mabigo, at ang mga pagsisikap ninyo bilang mga magulang ay hindi ituturing na kabiguan maliban kung susuko kayo."[6]



Hanapin at ibahagi ang pagpapahayag tungkol sa mag-anak sa lds.org/topics/family.

## Pag-asam sa Buhay na Walang Hanggan

Itinuturo sa pagpapahayag tungkol sa mag-anak na ang mga pamilya ay maaaring magkasama-sama magpakailanman. Itinuro ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol na "bagamat ang kaligtasan ay nasa tao, ang kadakilaan ay nasa pamilya. . . . Kapag nabuklod ang isang pamilya sa templo, ang pamilyang iyon ay nagiging walang hanggan tulad mismo ng kaharian ng Diyos."[7]

Ipinaliwanag ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, na ang ating pamilya ay "hindi lamang napakahalaga sa lipunan at sa Simbahan kundi maging sa pag-asam natin sa buhay na walang hanggan."[8]

## Isang Maagang Babala tungkol sa Panahong Darating

Nagbabala si Pangulong Eyring na ang mga ibubunga ng pagbabalewala sa mga turo sa pagpapahayag tungkol sa mag-anak "ay higit na makapipinsala kaysa kawalan lang ng kapayapaan sa buhay na ito o sa kawalan ng kaligayahan."[9]

Ang pagpapahayag ay isang propesiya, wika niya, dahil nagbababala ito laban sa mismong mga bagay na nakapagpahina sa mga pamilya sa nagdaang mga taon. Inulit niya ang babala at panawagang kumilos ayon sa sinabi ng propeta sa pagtatapos ng pagpapahayag:

"Kami ay nagbababala na ang mga taong lumalabag sa mga tipan ng kalinisang-puri, nang-aabuso ng asawa o anak, o bigo sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa mag-anak ay mananagot balang-araw sa harap ng Diyos. At gayon din, kami ay nagbababala na ang pagkakawatak-watak ng mag-anak ay magdudulot sa mga tao, mga komunidad, at mga bansa ng mga kapahamakang sinabi na noon pa ng mga sinauna at makabagong propeta."[10]

## Isang Dokumento para sa Buong Mundo

Nang ilabas ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) ang pagpapahayag tungkol sa mag-anak sa general Relief Society meeting noong Setyembre 23, 1995, sinabi niya na layon nitong "balaan at balaan nang maaga"[11] ang mundo laban sa paglihis mula sa mga pamantayan nito. Mula noon, ang dokumento ay nailathala na sa maraming wika, paulit-ulit na tinalakay sa pangkalahatang kumperensya, at nakadisplay sa mga meetinghouse at tahanan sa buong mundo. Ito ay isang pagpapahayag na ibinigay ng mapagmahal na Ama sa Langit sa pamamagitan ng propeta upang patnubayan ang Kanyang mga anak—patnubay na higit na kailangan ngayon. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa M. Russell Ballard, "Ang Pinakamahalaga ay Kung Ano ang Mananatili Hanggang sa Kabilang Buhay," *Liahona*, Nob. 2005, 41.
2. M. Russell Ballard, "Ang Pinakamahalaga ay Kung Ano ang Mananatili Hanggang sa Kabilang Buhay," 41.
3. M. Russell Ballard, "Ang Pinakamahalaga ay Kung Ano ang Mananatili Hanggang sa Kabilang Buhay," 42.
4. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Selestiyal na Kasal," *Liahona*, Nob. 2008, 92–94.
5. M. Russell Ballard, "Ang Pinakamahalaga ay Kung Ano ang Mananatili Hanggang sa Kabilang Buhay," 42.
6. M. Russell Ballard, "Ang mga Sagradong Responsibilidad ng Pagiging Magulang," *Liahona,* Mar. 2006, 17.
7. Russell M. Nelson, "Selestiyal na Kasal," 92, 93.
8. Henry B. Eyring, "The Family," *Liahona,* Okt. 1998, 23.
9. Henry B. Eyring, *Liahona*, Okt. 1998, 23.
10. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona*, Nob. 2010, 129.
11. Gordon B. Hinckley, "Stand Strong against the Wiles of the World," *Ensign,* Nob. 1995, 100.

PAGLALARAWAN NINA CRAIG DIMOND AT CODY BELL © IRI

# SERMON SA LIKOD NG PULPITO

Habang nakaupo ang pamilya ko nang ilang hanay mula sa likuran ng mga deacon sa isang sacrament meeting, ang tanging nasa isipan ko bago ang pambungad na himno ay na isa sa mga deacon ang hindi naitali nang tama ang mahaba niyang kurbata at naisuksok nang maayos sa pantalon ang kanyang gusot na polo. Naisip ko na dapat ay may tumulong sa kanya. Tutal, kapag nagpapasa ng sakramento, dapat maging halimbawa ng Tagapagligtas ang mga deacon sa kilos at pananamit.

Nagpatuloy ang miting, at nalimutan ko na siya. Matapos maipasa ng mga deacon ang sakramento, nagsimula ang pagbibigay ng mga mensahe. Ang pangalawang nagsalita ay ang ina ng binatilyong iyon. Binanggit niya ang kanyang pagbabalik-loob, ang dumarami niyang pagsubok, at ang mga hirap niya bilang isang ina na walang katuwang sa buhay. Magandang mensahe iyon na nagpaluha sa kanya. Umupo na siya sa bandang likod ng pulpito at patuloy na umiyak habang nagtitipon ang ward choir para kumanta.

Noon din ay tumayo ang kanyang anak, na baliko ang kurbata at hindi nakasuksok ang polo, at pumunta sa pulpito. Niyakap niya at tinabihan ang kanyang ina para aluin ito. Napaluha ako sa tagpong nasaksihan ko; hindi ako makapagsalita dahil labis akong naantig. Ngunit pagkatapos ay may napagtanto ako, at napayuko ako sa hiya. Nakaupong suot ang aking plantsadong amerikana, kurbatang maayos ang pagkatali at makintab na itim na sapatos, natanto ko na talagang mayroon akong hindi nagawa sa paghahanda para sa sacrament.

Ang binatilyo at kanyang ina ay bumaba mula sa pulpito at magkatabing naupo habang kumakanta ang koro. Nakaupo ako roon, at hindi ko marinig ang musika dahil ang sermon na itinuro ng deacon na ito ay pinuspos ang puso ko ng isang mensahe tungkol sa pag-ibig sa kapwa na katulad ng kay Cristo.

Ipinakita niya ang kanyang kabaitan at pagmamalasakit. Walang anumang bahid ng hiya sa mukha ng binatilyong iyon—tanging dalisay na pag-ibig lamang. Ang sumunod na mga mensahe sa pulpito nang araw na iyon ay maganda, ngunit lagi kong maaalala ang sermon sa likod ng pulpito. ■

Jeff Fullmer, Idaho, USA



Suot ang kanyang balikong kurbata at hindi nakasuksok na polo, tumayo siya at pumunta sa pulpito. Niyakap niya at tinabihan ang kanyang ina para aluin ito.

# DALAWANG BAGONG DEACON

Ilang taon na ang nakararaan nagkaroon ako ng pribilehiyong maglingkod bilang deacons quorum adviser. Sa aming korum may tatlo kaming aktibong deacon, na pawang tinawag na maging miyembro ng quorum presidency.

Sa isa sa kanilang mga pulong, nagpasiya ang bagong presidency na ito na gusto nila na kahit dalawa man lang na di-gaanong aktibong deacon sa kanilang korum ay magsimulang dumalo sa mga pulong at aktibidad ng Simbahan. Mapanalangin nilang itinakda ang petsa—isang araw ng Linggo na anim na linggo pa ang layo—kung kailan nila kakamtin ang kanilang mithiin. Ipinagdasal nila na magtagumpay sila sa sagradong adhikaing ito at mapanalangin silang nangakong gagawin ang sumusunod:

- Magkakasamang manalangin nang regular.
- Magkakasamang mag-ayuno.
- Bisitahin ang bawat deacon na nasa listahan.
- Magplano ng mga aktibidad para sinumang magbalik na mga deacon ay pumasok sa isang maayos na programa.

Lubos na nadama ng presidency na ang mga mithiing ito ay kalooban ng Panginoon, kaya sumulong sila nang may pananampalataya at tiwala.

Nang sumunod na mga linggo, tinupad ng tatlong binatilyong ito ang pangako nila, na umaasang sasagutin ang kanilang mga panalangin. Sila ay magkakasamang nanalangin, magkakasamang nag-ayuno, bumisita sa di-gaanong aktibong mga deacon at inanyayahan silang bumalik, at naghanda ng mga aktibidad, na naniniwalang kailangan nilang paghandaan ang pagdami ng dadalo.

Sa kabila ng kanilang pagsusumigasig, walang nagbalik na mga deacon—sa simbahan man o sa iba pang aktibidad. Palapit na ang takdang petsa, at kahit nalungkot sila na walang mga miyembro ng kanilang korum ang bumalik sa simbahan, nanatiling tiwala ang mga binatilyo na sasagutin ng Ama sa Langit ang kanilang mga panalangin.

Dumating ang araw ng Linggo na itinakda nila, at wala ni isa sa mga binatilyong dinalaw ng presidency ang nagsimba. Ngunit ibinalita ng bishop sa sacrament meeting na dalawang 12-taong-gulang na binatilyong nagsisiyasat sa Simbahan ang bibinyagan sa gabing iyon.

Kaylaking pagpapala sa dalawang bagong miyembro ng Simbahan na makasapi sa isang korum na may gayon kagaling na presidency. At kaylaking pagpapala sa deacon presidency na makita na nagbunga ang kanilang mga pagsisikap at tuwirang nasagot ang kanilang mga panalangin at nalaman nila na tinutupad ng Panginoon ang Kanyang mga pangako.

Tuwang-tuwa sila sa korum kaya sinabi ng isang miyembro ng presidency na, "Ulitin natin ito." ■

Anthony Poutu, New Zealand

Nang sumunod na mga linggo, ang tatlong binatilyong ito ay magkakasamang nanalangin, magkakasamang nag-ayuno, at inanyayahan ang mga deacon na di-gaanong aktibo na bumalik sa simbahan.



MGA PAGLALARAWAN NI BRADLEY CLARK

# PAGMAMAHAL NG AMA SA LANGIT

Ilang araw na ang nakalilipas hiniling ng mga kaibigan namin kung maaaring makituloy sa amin ang kanilang anak na si John at ang kasintahan nito para mamalagi sa loob ng isang linggo. Si John ay di-gaanong aktibo, at ang kanyang kasintahan ay hindi miyembro ng Simbahan. Pinatulog namin ang babae sa silid ng aming anak na lalaki at si John naman sa sopa sa sala.

Bago sila dumating, nagdasal kami sa Ama sa Langit, na nagtatanong kung paano namin sila pakikitunguhan—bilang mga guro, magulang, o kaibigan? Dumating ang sagot na kailangan naming sundin ang mga paramdam ng Espiritu at tulungan sila sa espirituwal.

Tuwing gabi magkasama kami ng asawa at anak ko na nag-aaral ng mga banal na kasulatan. Sa unang gabi ng aming mga panauhin, naisip namin na hindi namin sila dapat yayaing sumali sa pag-aaral namin. Ngunit nang sumunod na gabi bago kami mag-aral ng banal na kasulatan, nahihiyang kumatok si John sa pintuan namin at sinabi, "Natatakot pong magtanong si Mary, pero gusto po niyang malaman kung puwede kaming sumali sa inyo."

Binuksan namin ang pintuan, pinapasok sila, at sinimulan naming pag-aralan nang sama-sama ang Aklat ni Mormon. Hindi pa nakapagbasa ng mga banal na kasulatan si Mary kahit kailan at hindi niya alam kung naniniwala siya sa Diyos. Inamin niya na pagdating niya sa aming tahanan, natakot siya na baka yayain namin siyang sumali sa isang bagay ukol sa relihiyon na hindi niya nauunawaan.

Para mapanatag si Mary, kinuwentuhan siya ng asawa ko tungkol sa plano ng kaligtasan, sa Tagapagligtas na si Jesucristo, sa Unang Pangitain ni Joseph Smith, at sa Aklat ni Mormon. Nag-usap kami hanggang hatinggabi.

Kinabukasan, sumama sina John at Mary sa amin para magpaturo sa mga missionary. Hinding-hindi ko malilimutan ang diwang namayani sa silid. Pagkaraan ng isang simpleng talakayan, pinag-usapan namin ang banal na katangian ng ating Ama sa Langit. Pagkatapos ay nagtanong si Mary kung bakit tinutulutan ng Diyos ang pagdurusa kung mahal Niya tayo, isang tanong na matagal ko nang napagnilayan.

Ilang araw bago iyon nakatanggap ako ng liham mula sa isang kaibigang nakunan sa kanyang pangatlong anak, kaya naantig ang puso ko sa tanong ni Mary. Nagpatotoo ako na ang mga panahon ng kaligayahan at kagalakan kung minsan ay hindi makapagturo sa atin nang matindi at walang hanggan na katulad ng mga panahon ng trahedya sa ating personal na buhay. Sinabi ko kay Mary na maaari tayong mapatibay ng dalamhati tulad ng pagpapatibay ng apoy sa bakal. Kung mananatili tayong tapat sa Diyos habang nagdaraan tayo sa mga pagsubok, lalago ang ating pananampalataya.

Hindi malilimutan ang talakayang iyon. Pagkatapos ay tahimik lang kaming nakaupo habang sumasaksi ang Espiritu sa pagmamahal ng ating Ama sa Langit. Nang mag-angat ng tingin si Mary, maningning at puno ng luha ang kanyang mga mata.

Hindi ko alam kung ano ang mangyayari sa darating na mga taon, ngunit natitiyak ko na ang pagkaunawang nakita ko sa mga mata ni Mary noong araw na iyon ay makakatulong sa kanya habang siya ay nabubuhay at ilalapit siya sa kanyang Ama sa Langit. ■

Anna Nikiticheva, Russia



Nahihiyang kumatok si John sa pintuan namin at sinabing, "Natatakot pong magtanong si Mary, pero gusto po niyang malaman kung puwede kaming sumali sa pag-aaral ninyo ng banal na kasulatan."

# PINAGPALA NIYA ANG SINTUNADO KONG BOSES

Namula ang mga tainga ko sa hiya matapos naming kantahin ng anak kong tinedyer na si Derek ang "Pumayapa, Aking Kaluluwa"[1] sa sacrament meeting. Hindi ko gaanong napraktis ang boses ko bago nagsimula ang miting, at dahil dito, nang tangkain kong abutin ang isang mataas na nota, pumiyok ako.

Naupo na ako sa aking upuan, na naaasiwa sa kabila ng magiliw na tingin ng nakangiti kong asawa, na tinitiyak sa akin na hindi ko nasira ang diwa ng miting.

Pagkatapos ng pangwakas na panalangin tumuloy ako sa kotse ko para kunin ang lesson manual. Isang sister sa ward namin ang nakatayo malapit sa pintuan, na humihikbi. Nakaakbay sa kanya ang isang kaibigan para panatagin ang kanyang kalooban. Pagdaan ko, tinawag ako ng umiiyak na sister at pinasalamatan ako sa himnong pinili naming kantahin at sa pagkanta nito sa paraang lubos na nakaantig sa kanya.

Ipinaliwanag niya na patay ang sanggol na isinilang niya ilang araw pa lamang ang nakararaan at simula noon ay pinaglabanan na niya ang galit at kawalan ng pag-asa. Habang kinakanta namin ni Derek ang himno, nadama niya na binalot ng Espiritu ang kanyang nagdadalamhating kaluluwa ng payapa at nakapapanatag na init ng pagmamahal. Pinuspos siya nito ng pag-asang kailangan niya para makayanan ang tindi ng kanyang dalamhati.

Nahihiyang pinasalamatan ko siya at lumabas na ako, na nadaramang pinagpala at nakadama ako ng pagpapakumbaba sa kanyang sinabi. Pagdating ko sa kotse, naalala ko ang isang mensahe sa debosyonal ni Kim B. Clark, pangulo ng Brigham Young University–Idaho. Sinabi niya, "Kapag kumilos tayo nang may pananampalataya kay [Jesus] para gawin ang Kanyang gawain, sinasamahan Niya tayo" sa paglilingkod sa iba at "pinagpapala tayong masabi ang kailangan nilang marinig." Itinuro din niya na "maaaring medyo asiwa tayo o hindi tayo gaanong perpekto sa talagang sinasabi at ginagawa natin. . . . Ngunit dadalhin ng Tagapagligtas ang ating mga salita at kilos sa puso ng mga tao sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu. Dadalhin Niya ang ating taos ngunit di-perpektong pagsisikap at gagawin itong isang bagay na tama lang, tunay na isang bagay na perpekto."[2]

Napuno ng luha ng pasasalamat ang aking mga mata nang bumalik ako sa meetinghouse. Napagpala ng Panginoon ang isang di-perpektong pagkanta at dinala nang perpekto ang mensahe nito sa nagdadalamhating puso ng isang bata pang ina upang panatagin ang kanyang namimighating kaluluwa. Dagdag pa rito, ginamit ng Panginoon ang nakakaantig na karanasang ito para dalhin sa puso ko ang mas malalim na pag-unawa sa isang napakahalagang alituntunin ng ebanghelyo. ■

Randy Lonsdale, Alberta, Canada

**MGA TALA**

1. Mga *Himno,* blg. 71.
2. Kim B. Clark, "Love by Faith," debosyonal sa Brigham Young University–Idaho, Hulyo 29, 2010, www.byui.edu/Presentations/Transcripts/EducationWeek/2010_07_29_Clark.htm.



Hindi ko gaanong napraktis ang boses ko bago nagsimula ang miting, at dahil dito, nang tangkain kong abutin ang isang mataas na nota, pumiyok ako.



# ANG KANYANG BIYAYA AY Sapat

*Paano nakakatulong ang biyaya ng Diyos?*

**Ni Brad Wilcox**

Minsan ay lumapit sa akin ang isang dalagita at nagtanong kung puwede kaming mag-usap. Sabi ko, "Siyempre. Ano ang maitutulong ko sa iyo?"

Sabi niya, "Hindi ko po talaga maunawaan ang kahulugan ng biyaya."

Sumagot ako, "Ano ang hindi mo maunawaan?"

Sabi niya, "Alam ko po na kailangan kong gawin ang lahat ng kaya ko, at si Jesus na ang bahala sa iba, pero ni hindi ko po magawa ang lahat ng kaya ko."

Sabi ko, "Ang totoo, ganap nang binayaran ni Jesus ang ating pagkakautang. Hindi Niya iyon binayaran lahat maliban sa ilang sentimo. Lubusan Niya itong binayaran. Tapos na."

Sabi niya, "Ayos! E, di, wala na po akong kailangang gawin?"

"Naku, hindi," sabi ko, "marami ka pang gagawin, pero hindi mo na babayaran ang utang na iyon. Lahat tayo ay mabubuhay na mag-uli. Lahat tayo ay babalik sa piling ng Diyos para mahatulan. Kailangan pang malaman ayon sa ating pagsunod kung gaano natin hinahangad na makapiling ang Diyos at anong antas ng kaluwalhatian ang gusto nating matanggap."

Inutusan tayo ni Cristo na sumampalataya sa Kanya, magsisi, gumawa at tumupad ng mga tipan, tanggapin natin ang Espiritu Santo, at magtiis hanggang wakas. Sa pagsunod sa ipinagagawa ni Cristo, hindi natin binabayaran ang mga hinihingi ng katarungan—ni ang pinakamaliit na bahagi nito. Sa halip, ipinapakita natin ang ating pasasalamat sa ginawa ni Jesucristo sa pamamagitan ng pamumuhay na katulad Niya. Ang katarungan ay nangangailangan ng agarang kasakdalan o kaparusahan kapag nagkulang tayo. Dahil inako ni Jesus ang kaparusahang iyon, mabibigyan Niya tayo ng pagkakataong maging sakdal (tingnan sa Mateo 5:48; 3 Nephi 12:48) at matutulungan tayong makamit ang mithiing iyan. Mapapatawad Niya ang hindi mapapatawad ng katarungan kailanman, at maaari Niyang ipagawa sa atin ngayon ang lahat ng nais Niyang ipagawa (tingnan sa 3 Nephi 28:35).

## Binababago Tayo ng Biyaya

Ang plano sa atin ni Cristo ay katulad sa isang ina na nagtuturo ng musika sa kanyang anak. Binabayaran ng ina ang piano teacher. Dahil binayaran ng Nanay ang buong utang, makakahiling siya sa kanyang anak ng isang bagay. Ano iyon? Magpraktis! Mababayaran ba ng pagpapraktis ng bata ang piano teacher? Hindi. Matutumbasan ba ng pagpapraktis ng bata ang ibinayad ng Nanay sa piano teacher? Hindi. Ang pagpapraktis ay nagpapakita ng pasasalamat ng anak sa napakagandang regalo ng Nanay. Nakikita iyon sa pagsasamantala niya sa napakagandang pagkakataong ibinibigay sa kanya ng Nanay para mapabuti ang kanyang buhay. Ang kagalakan ng Nanay ay hindi ang maibalik ang ibinayad niya kundi ang makita na napakinabangan ang kanyang regalo—ang makita na napabuti ang kanyang anak. Kaya nga patuloy niyang sinasabi na magpraktis, magpraktis, magpraktis.

Kung itinuturing ng anak na sobrang mag-utos ang Nanay na magpraktis siya ("Inay naman, bakit ko ba kailangang magpraktis? 'Yung ibang mga bata nga, hindi nagpapraktis! Magiging propesyonal na manlalaro naman ako ng baseball e!"), siguro ay dahil hindi pa siya nakakaunawa ayon sa pagkaunawa ng Nanay. Hindi niya nauunawaan na mapapabuti ang

DETALYE MULA SA *SI CRISTO SA GETSEMANI*, NI HEINRICH HOFMANN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG C. HARRISON CONROY CO.; BACKGROUND © THINKSTOCK/ISTOCKPHOTO



***Kapag naunawaan natin ang biyaya, nauunawaan natin na patuloy ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ni Cristo at ang Kanyang lakas ay sakdal sa ating kahinaan.***

buhay niya kung pipiliin niyang maging mas mahusay.

Sa gayon ding paraan, dahil binayaran na ni Jesus ang katarungan, masasabi Niya sa atin ngayon na: "Magsisunod kayo sa hulihan ko" (Mateo 4:19); "[Tuparin] ninyo ang aking mga utos" (Juan 14:15). Kung sa tingin natin ay sobra-sobra na ang mga ipinagagawa Niya sa atin, siguro ay dahil hindi pa tayo nakakaunawa ayon sa pagkaunawa ni Cristo. Hindi pa natin nauunawaan na tinutulungan Niya tayong marating ang dapat nating kahinatnan.

Sinabi ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang nagsising makasalanan ay dapat pagdusahan ang kanyang mga kasalanan, ngunit hindi kaparusahan o kabayaran ang layunin nito. Ang layunin nito ay *pagbabago*" (*The Lord's Way* [1991], 223; binigyang-diin sa orihinal). Ihalintulad natin ito sa batang piyanista: Ang bata ay kailangang magpraktis ng piyano, ngunit hindi kaparusahan o kabayaran ang layunin nito. Ang layunin nito ay pagbabago.

Ang himala ng Pagbabayad-sala ay hindi lamang na maaari tayong mabuhay pagkatapos nating mamatay kundi maaari tayong mabuhay nang mas masagana (tingnan sa Juan 10:10). Ang himala ng Pagbabayad-sala ay hindi lamang na maaari tayong maging malinis at maaliw kundi maaari tayong magbago (tingnan sa Mga Taga Roma 8). Nilinaw sa mga banal na kasulatan na walang maruming bagay na makapananahanang kasama ng Diyos (tingnan sa Alma 40:26), ngunit walang anumang bagay na hindi nagbago na gugustuhing manahanan doon.

Ang himala ng Pagbabayad-sala ay hindi lamang na tayo ay makauuwi kundi—sa mahimalang paraan—mapapanatag tayo roon. Kung hindi tayo inutusan ng Ama sa Langit at ng Kanyang Anak na sumampalataya at magsisi, hindi natin hahangaring magbago. Isipin ang inyong mga kaibigan at kapamilya na piniling mamuhay nang hindi sumasampalataya at nagsisisi. Ayaw nilang magbago. Hindi nila sinisikap na talikuran ang kasalanan at mapanatag sa

DETALYE MULA SA *SI CRISTO AT ANG MAYAMANG BINATANG PINUNO,* NI HEINRICH HOFMANN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG C. HARRISON CONROY CO.



## MAHAHALAGANG IDEYA

- Naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya ni Cristo, na nagbayad sa ating mga kasalanan.
- Ang ating mga ginagawa, tulad ng pagsisisi at pagsunod sa mga kautusan, ay hindi nagliligtas sa atin, ngunit ang mga ito *ay* hinihingi ng Tagapagligtas upang tulungan tayong magbago.
- Ang biyaya ng Diyos ay banal na kapangyarihan na tutulong sa atin sa lahat ng ating pagkukulang at mapapasaatin sa lahat ng oras.

harap ng Diyos. Bagkus, sinisikap nilang talikuran ang Diyos at napapanatag sila sa kasalanan. Kung hindi tayo inutusan ng Ama at ng Anak na makipagtipan at hindi Nila ibinigay ang kaloob na Espiritu Santo, walang paraan para magbago. Maiiwan tayo magpakailanman na kapangyarihan ng isipan lamang ang taglay, hindi ang Kanyang kapangyarihan. Kung hindi tayo inutusan ng Ama sa Langit at ng Kanyang Anak na magtiis hanggang wakas, hindi maisasagawa ang mga pagbabagong iyon sa paglipas ng panahon. Ang mga ito ay paimbabaw lamang magpakailanman sa halip na tumimo sa ating puso't isipan at nagiging bahagi natin—bahagi ng ating pagkatao. Sa madaling salita, kung hindi tayo inutusan ni Jesus na palaging sumunod, hindi tayo kailanman magiging mga Banal.

### Tinutulungan Tayo ng Biyaya

"Pero hindi ba ninyo alam na napakahirap magpraktis? Hindi ako masyadong magaling magpiyano. Maling nota ang natitipa ko. Matagal akong matuto." Sandali lang. Hindi ba bahagi ng pagkatuto ang lahat ng iyan? Kapag mali ang pagtipa sa nota ng isang batang piyanista, hindi natin sinasabi na hindi na siya nararapat magpraktis. Hindi natin inaasahang hindi siya magkakamali. Inaasahan lang natin na patuloy siyang magsisikap. Maaaring pagiging perpekto ang mithiin niya sa huli, ngunit sa ngayon makukuntento na tayo sa pag-unlad niya tungo sa tamang direksyon. Bakit napakadaling unawain ng pananaw na ito sa konteksto ng pag-aaral ng piyano ngunit napakahirap unawain sa konteksto ng pag-aaral ng mga bagay na espirituwal?

Napakaraming lumalayo sa Simbahan dahil sawa na silang makadama na parang lagi silang may pagkukulang. Sinikap na nila noon, ngunit patuloy nilang nadarama na parang hindi sapat ang nagagawa nila. Hindi nila nauunawaan ang biyaya.

Hindi dapat maging dalawa lamang ang pagpipilian kailanman: ang maging perpekto o sumuko. Kapag nag-aaral ng piyano, ang pinagpipilian lang ba ay ang magtanghal sa Carnegie Hall o tumigil na lang? Hindi. Ang pag-unlad at paglago ay nangangailangan ng sapat na panahon. Ang pag-aaral ay nangangailangan ng sapat na panahon. Kapag naunawaan natin ang biyaya, nauunawaan natin na ang Diyos ay may mahabang pagtitiis, na ang pagbabago ay isang proseso, at na ang pagsisisi ay isang huwaran sa ating buhay. Kapag naunawaan natin ang biyaya, nauunawaan natin na patuloy ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ni Cristo at ang Kanyang lakas ay sakdal sa ating kahinaan (tingnan sa II Mga Taga Corinto 12:9). Kapag naunawaan natin ang biyaya, tayo ay maaari, tulad ng nakasaad sa Doktrina at mga Tipan, na "magpatuloy sa pagtitiyaga hanggang sa [tayo] ay maging ganap" (D at T 67:13).


Ang biyaya ay hindi isang makina na nagiging aktibo lamang kapag naubos ang ating gasolina. Sa halip, ito sa tuwina ang pinagmumulan ng ating lakas. Hindi ito ang liwanag sa dulo ng lagusan kundi ang liwanag na tumatanglaw sa ating pagdaan sa lagusan. Ang biyaya ay hindi nakakamtan kung saan-saan. Natatanggap ito dito mismo at ngayon mismo.

### Ang Biyaya ay Sapat

Sapat ang biyaya ni Cristo (tingnan sa Eter 12:27; D at T 17:8)—sapat para bayaran ang ating mga pagkakautang, sapat para baguhin tayo, at sapat para tulungan tayo hangga't nangyayari ang pagbabagong iyon. Itinuturo sa atin ng Aklat ni Mormon na lubos tayong umasa sa "kabutihan, at awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas" (2 Nephi 2:8). Sa paggawa nito, hindi natin matutuklasan—tulad ng pinaniniwalaan ng ilang Kristiyano—na walang hinihingi sa atin si Cristo. Bagkus, matutuklasan natin kung bakit marami Siyang hinihingi sa atin at ang lakas na gawin ang lahat ng ipinagagawa Niya (tingnan sa Mga Taga Filipos 4:13). Ang biyaya ay hindi ang kawalan ng matataas na inaasahan ng Diyos. Ang biyaya ay ang presensya ng kapangyarihan ng Diyos (tingnan sa Lucas 1:37).

Sapat ang biyaya ng Diyos. Sapat ang biyaya ni Jesus. Sapat na ito. Ito lang ang kailangan natin. Huwag sumuko. Magsikap pa. Huwag tumakas at magdahilan. Umasa sa Panginoon at sa Kanyang sakdal na lakas. Huwag maghanap ng taong masisisi. Maghanap ng taong tutulong sa inyo. Hanapin si Cristo, at, kapag ginawa ninyo ito, madarama ninyo ang nagbibigay-kakayahang kapangyarihan at banal na tulong na tinatawag nating Kanyang kamangha-manghang biyaya. ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal na ibinigay sa Brigham Young University noong Hulyo 12, 2011. Para sa buong teksto sa Ingles, bisitahin ang speeches.byu.edu.*



**Ni Elder D. Todd Christofferson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# MGA HAKBANG TUNGO SA KALIGAYAHAN

*Ang mga utos ay hindi ibinigay para maghigpit kundi para gawing posible ang tunay nating hinahangad at ang nais para sa atin ng ating Ama sa Langit, na nagmamahal sa atin.*



PAGLALARAWAN NI DAVID HABBEN; PAGLALARAWAN NI ROBERT CASEY © IRI



MGA ARALING PANG-LINGGO
*Paksa sa Buwang Ito:*
**Ang mga Kautusan**

Kung minsan, may ilang taong nalilito, na iniisip na ang mga kautusan ay paghihigpit o mga sagabal na nagpapagulo sa buhay, na nag-aalis ng mga pagkakataon o kaligayahan o kasiyahan sa buhay. Ang totoo, pinoprotektahan at ginagabayan tayo ng mga kautusan tungo sa kaligayahan. Ang mga ito ay hindi paghihigpit kundi para gawing posible—para makamtan natin sa buhay na ito at sa kabilang-buhay—ang tunay nating hinahangad at ang nais para sa atin ng ating Ama sa Langit, na nagmamahal sa atin.

Ang mga ito ay parang mga baitang ng hagdanan. Bawat hakbang ay maaaring kumatawan sa isang kautusan, at sa bawat kautusang sinusunod natin, makakaakyat tayo. Pagkatapos, kung nauunawaan natin ang diwa ng mga kautusan, hihingi pa tayo ng iba. Hindi tayo naghihinanakit hinggil sa mga kautusan; humihingi pa tayo ng iba para lalo tayong umunlad. At nagbibigay ang Ama sa Langit na nagmamahal sa atin ayon sa ating mga hangarin. Kung hangad natin ito, bibigyan Niya tayo ng iba pang mga kautusan para mapadali ang ating pag-unlad.

Kaya, mga kabataan, huwag sana kayong magreklamo tungkol sa mga kautusan. Huwag sabihing, "Ayaw ko nang maragdagan iyan," sa halip ay sabihing, "Sige pa, sige pa. Gusto kong umunlad. Gusto kong lumigaya. Gusto kong maging katulad ng aking Ama sa Langit. At ipinapakita sa akin ng mga kautusan kung paano gawin ito. Inaakay ako ng mga ito tungo sa pag-unlad at pinoprotektahan din ako mula sa masama at sa mga bagay na sumisira sa kaligayahan—at kung minsan ay pinoprotektahan din nito ang buhay mismo."

Umaasa ako na kumbinsido kayo. Dapat nating gawin ang lahat ng bagay na kailangan para masunod ang mga kautusan, kahit tila nag-iisa tayo sa paggawa nito. ■


*Mula sa isang mensaheng ibinigay sa mga kabataan sa Salta, Argentina, noong Nobyembre 2011.*

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa paksang ito, tingnan sa Thomas S. Monson, "Ang Pagsunod ay Nagdudulot ng mga Pagpapala," *Liahona,* Mayo 2013, 89; at L. Tom Perry, "Ang Pagsunod sa Batas ay Kalayaan," *Liahona,* Mayo 2013, 86.

## SUMALI SA USAPAN



Sa buong Setyembre pag-aaralan ninyo ang mga kautusan sa inyong mga priesthood quorum at mga klase sa Young Women at Sunday School. Maaari ninyong isipin ang ilang utos na madalas mahirapan ang mga kaedad ninyo na sundin. Anong mga pagpapala ang natanggap na ninyo at ng iba sa pagsunod sa mga kautusang iyon? Magmungkahi ng mga paraan na mapapatotohanan ninyo ang mga pagpapalang iyon sa mga tao sa inyong paligid, at sundin ang Espiritu para malaman kung ano ang sasabihin at kailan ito sasabihin. Maaari ninyong isadula ang ilang halimbawa sa isang family home evening o ibahagi ang inyong patotoo sa isang lesson sa Sunday School.



# *Ano ang* **MAGANDA** *sa* **MALAKI** *at* **MALUWANG NA GUSALI?**

**Ni Dennis C. Gaunt**

Si Abby ay sabik na makapunta sa prom pero inisip niya na sana ay medyo katulad ng mga damit na suot ng mga kaibigan niya ang bago niyang damit. Inisip niya na mas kaakit-akit at modernong tingnan ang mga kaibigan niya sa suot nilang bestida na walang manggas kaysa hitsura niya sa kanyang disenteng damit, at nag-alala siya na baka siya lang ang nakasuot nang ganoon.

Si Nate ay kasama ng kanyang kaibigan isang gabi nang maglabas ng ilang lata ng serbesa o beer ang isa sa mga kabarkada niya at ipinasa-pasa ang mga ito. Nang tumanggi si Nate noong una, na sinasabing, "Hindi ako puwede," sinimulan siyang pagtawanan at tuksuhin ng mga kaibigan niya. Ayaw ni Nate na isipin ng mga kaibigan niya na wala siyang pakisama, kaya inisip niyang sumipsip ng kaunting beer para hindi na nila siya pagtawanan.

Pamilyar ba sa inyo ang mga sitwasyong ito? Tulad nina Abby at Nate, bawat isa sa atin ay dumarating sa puntong kailangan nating magpasiya kung ano ang pipiliin nating gawin. Sa mahihirap at mahahalagang desisyong ito, kung minsan ay natatakot tayong panindigan ang ating paniniwalaan dahil natatakot tayong mamukod-tangi.

Naranasan mismo nina Abby at Nate ang ilan sa mga pagsubok na inilarawan sa pangitain ni Lehi tungkol sa punungkahoy ng buhay. Sa pangitaing iyon, nalaman natin na ang dalawa sa mga pangunahing dahilan kaya nililisan ng mga tao ang makipot at makitid na landas ay dahil nabubulag sila sa tukso (tingnan sa 1 Nephi 8:23; 12:17) at nahihiya sila sa panlalait ng mga taong nasa malaki at maluwang na gusali (tingnan sa 1 Nephi 8: 26–28). Suriin natin ang dalawang bahaging ito ng pangitain ni Lehi para malaman kung hindi lamang natin ito higit na mauunawaan kundi matututo pa tayo rito na panindigan at ipagtanggol ang tama.

## Tumahak sa Landas na Ito

Ang problema sa mga tukso ng mundo ay talaga namang *katukso-tukso* ang mga ito, hindi ba? Sabi nga ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985): "Sino ang nagsabi na hindi nakakatuwa ang kasalanan? . . . Ang kasalanan ay kaakit-akit at kanais-nais. . . . Ang kasalanan ay madaling gawin at marami kang kasama na masaya."[1]


Ayaw man nating aminin, marami sa ibang mga landas na iyon ang kadalasa'y nakakaganyak. Ang ilan sa mga daan ay biglang pumapaling sa mga nakakatuwang direksyon, samantalang ang iba ay dahan-dahang lumiliko kaya mukhang tumatahak pa rin sila sa landas ng ebanghelyo. Ang ilan ay may nakahahalinang alpombrang pula patungong katanyagan. Ang iba ay mukhang nalalatagan ng ginto at mamahaling hiyas.

Ganitung-ganito rin ang pang-akit ng malaki at maluwang na gusali. Kunsabagay, ang ilan sa mga pinakamayaman, pinakabantog, pinakakaakit-akit, at pinakamalakas na impluwensya sa daigdig ay naninirahan doon! Sino ang aayaw na makasama, tularan, at gayahing manamit ang mga taong iyon? Kadalasan ay mukhang mas masaya ang buhay nila kaysa sa atin na nagsisikap manatili sa landas ng ebanghelyo.

Katulad ng kaibigan nating si Abby, kapag lalo nating pinansin ang mga nakatira sa malaki at maluwang na gusali, baka nga lalo pa tayong mainggit o malungkot o magalit. Maaaring isipin nating hindi yata makatarungan na napakarami nilang magagandang bagay samantalang tayo'y nagsusumigasig na manatili sa landas patungo sa punungkahoy ng buhay.

Alam ni Satanas na ang isa sa pinakamaiinam na paraan para makumbinsi ang mga tao na lisanin ang landas ng ebanghelyo ay ang papaniwalain sila na napakahirap, nakababagot, o makaluma ang manatili sa tamang landas. Hindi mahalaga

MGA PAGLALARAWAN NI STEVE KROPP



*Kapag sinabi sa inyo ng mundo na mas mabuti ang kanilang paraan, magkaroon ng lakas ng loob na manindigan at ipamuhay ang mga katotohanan ng ebanghelyo.*

### PANININDIGAN SA ATING PINANINIWALAAN

Para makapanood ng video tungkol sa paninindigan sa ating pinaniniwalaan at mapakinggan ang paliwanag ng mga kabataan kung bakit nila piniling sundin ang kanilang mga pamantayan, bisitahin ang youth.lds.org at hanapin ang mga video na "Dare to Stand Alone [Tapang na Manindigang Mag-isa]" at "I Choose to Be Pure [Pinili kong Maging Dalisay]" sa ilalim ng Featured Videos (makukuha sa Ingles, Portuges, at Espanyol).

sa kanya kung alin sa ibang mga landas ang tahakin natin—anumang landas ay puwede—basta't hindi iyon landas ng ebanghelyo.

### "Ano ang Lasa ng Bungang Iyon?"

Ang pagkutya sa matatapat ay paboritong gawin ng mga tao na nasa malaki at maluwang na gusali. Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson, "May ilang kilalang tao at iba pa . . . na madalas ay minamasdan ng madla na mahilig mambatikos nang harapan sa relihiyon sa kabuuan, at kung minsan, lalo na sa Simbahan. Kung hindi matibay ang ating patotoo, ang gayong pagbatikos ay magiging dahilan upang mag-alinlangan tayo sa sarili nating mga paniniwala o determinasyon."[2]

Tila saanman tayo magpunta sa buhay, sa personal man o sa internet, lagi nang may bukas na bintana sa malaki at maluwang na gusaling malapit sa atin na may isang taong handang ituro ang kanyang daliri at pagtawanan ang mga bagay na mahalaga sa atin. Siguro naranasan na nating lahat ang pangungutyang ito sa ibat't ibang pagkakataon, at maaaring napakasakit nito. Alam natin na dapat tayong tumugon sa paraang katulad ni Cristo, ngunit hindi ito laging madali. Ayaw ninuman na pagtawanan o hamakin ng iba ang kanyang taimtim na mga paniniwala. Tulad ni Nate, maaaring tumutugon tayo kung minsan sa mga katagang "Hindi ako puwede—Mormon ako," para lamang pagtawanan tayong lalo ng iba.

### "Hindi Ako Puwede . . ."

Napansin ba ninyo na laging nakatuon ang mga nangungutya sa mga salitang *hindi puwede?* Tulad ng, "Bakit *hindi ka puwedeng* uminom niyan?" "Bakit *hindi ka puwedeng* sumama sa aking mamili kapag Linggo?" o "Bakit *hindi ka puwedeng* makipagseks bago ka ikasal?"


Ang pagtutuon sa salitang *hindi puwede* ay maaaring makapagpahina sa atin. Pakiramdam natin ay mahina tayo at naduduwag. Pakiramdam natin ay para tayong mga kaawa-awang biktima ng isang Diyos na nagkulong sa atin para hindi tayo maging masaya.

Lumang-luma na ang taktikang ito. Sa katunayan, ginagamit na ito ni Satanas sa simula pa lamang. Nang ilagay ng Diyos sina Adan at Eva sa Halamanan ng Eden, sinabi Niya sa kanila, "Sa lahat ng punungkahoy sa halamanan ay malaya kang makakakain" (Moises 3:16). Ang mga salita bang "lahat ng punungkahoy" ay paghihigpit na para sa inyo? Kahit sinabi ng Diyos kina Adan at Eva na may mga tiyak na ibubunga ang pagkain ng punungkahoy ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama, hindi Niya sila talaga pinaghigpitan kailanman. Kanilang-kanila ang buong halamanan at sinabihan silang, "Ikaw ay maaaring mamili para sa iyong sarili, sapagkat ito ay ibinigay sa iyo" (Moises 3:17). Para sa akin kalayaan iyan!

Kaya nakakatuwa na nang dumating si Satanas kalaunan sinabi niya, "Oo, sinabi ba ng Diyos—Hindi ka dapat kumain sa bawat punungkahoy ng halamanan?" Moises 4:7. Parang itinanong lang ni Satanas na, "Bakit *hindi ka puwedeng* kumain ng bunga ng punungkahoy na iyan?" sa tonong nangungutya na tulad ng nasa mga bintana ng malaki at maluwang na gusali. Nagtuon si Satanas sa isang bagay na sinabi ng Diyos na may kaakibat na bunga, at pinalabas niya na gustong pagkaitan ng Diyos sina Adan at Eva. Binaluktot ni Satanas ang mga salita ng Diyos, at nagdagdag ng mga kasinungalingan para kumbinsihin silang sundin siya sa halip na sundin ang Diyos. Sa huli, ang pagkain ng bunga ay bahagi na pala ng plano noon pa man. At ang Diyos ay naglaan ng isang Tagapagligtas upang bigyan ng pagkakataon sina Adan at Eva at kanilang mga anak na umunlad at makabalik.

### "Ayaw Ko!"

At ano ba talaga ang ibig nating sabihin kapag sinasabi nating "Hindi ako puwede—Mormon ako"? Ang sinasabi ba talaga natin



**ANG KAPANGYARIHANG PUMILI**

"Dahil sa [ang mga anak ng tao] ay tinubos mula sa pagkahulog sila ay naging malaya magpakailanman, nakikilala ang mabuti sa masama; kumikilos para sa kanilang sarili at hindi pinakikilos" (2 Nephi 2:26).

ay, "Gusto ko sana, at kung hindi lang ako Mormon, gagawin ko 'yan"? May kaibigan ako dati na mahilig magbiro tungkol sa lahat ng bagay na gusto niyang gawin kung hindi siya miyembro ng Simbahan. Ang problema, hindi ko masabi palagi kung nagbibiro nga siya.

Sa halip na magtuon sa *hindi puwede* at *huwag,* mas maganda kung gagamitin natin ang mga salitang *ayaw.* Iyon bang "Ayaw ko—Mormon ako." Ang paggamit ng *ayaw* sa halip na *hindi puwede* ay binabago ang tuon ng mga kataga at ipinapakita na may kakayahan tayong pumili para sa ating sarili. Sa pagsasabi ng "Ayaw ko," sinasabi nating, "*Pinipili* kong huwag gawin iyan, hindi dahil sa ako ay nabubulagan o pinaghihigpitan, kundi dahil naniniwala ako sa kalayaan at pananagutan, at *gusto* kong gawin ang tama. Pinipili kong kumilos at hindi ako pinakikilos" (tingnan sa 2 Nephi 2:14, 26).

Ang paggamit ng "Ayaw ko" sa halip na "Hindi ako puwede" ay kahanga-hangang pagpapakita ng katapangan. Hindi kailangan ng tapang para sundan ang mga tao sa iba't ibang landas ng mundo. Magagawa iyan ng sinuman. Ang manindigan para sa katotohanan ay nagpapakita ng tunay na pananampalataya. Ang pamumukod-tangi sa mundo ay nangangailangan ng tunay na katapangan. Ipinapakita nito na tunay nating ginagamit ang ating kalayaan at talagang nag-iisip tayo para sa ating sarili. Ang mga tao sa malaki at maluwang na gusali ay laging tinutukoy bilang mga taong walang pangalan, walang mukha. Sa huli, ang kanilang mga salita ay hungkag at walang kabuluhan. Sa tapat na paggamit ng ating kalayaan, magkakaroon tayo ng tapang na sabihin, tulad ni Lehi at ng matatapang at matatapat na miyembro ng kanyang pamilya, "Hindi namin sila pinansin" (1 Nephi 8:33).

Sa kabila ng patuloy na pagsama ng daigdig, ang mga naninindigan at tumatahak sa landas ng ebanghelyo ay tunay na namumukod-tangi. Ngunit hindi sila nag-iisa. Tulad ng paanyaya sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson, "Nawa ay maging matapang tayo at handang manindigan sa paniniwala natin, at kung kailangan nating manindigang mag-isa, nawa ay magawa natin ito nang buong tapang, pinalalakas ng kaalaman na totoong hindi tayo nag-iisa kapag naninindigan tayo sa panig ng ating Ama sa Langit."[3] ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

**MGA TALA**

1. Spencer W. Kimball, *Faith Precedes the Miracle* (1972), 229.
2. Thomas S. Monson, "Tapang na Manindigang Mag-isa," *Liahona,* Nob. 2011, 60–61.
3. Thomas S. Monson, "Tapang na Manindigang Mag-isa," 67.



# MAGING LIWANAG SA INYONG MGA KAIBIGAN



**Ni Elder Benjamín De Hoyos**
Ng Pitumpu

Lumaki ako sa piling ng mga taong kaibigan ko na simula pa noong bata ako hanggang mag-12 anyos ako. Magkakapitbahay kami. Iisa ang paaralang pinasukan namin at dumadalo kami sa birthday party ng isa't isa. Kung minsan ay kumakain ako sa bahay nila, sila sa amin, at magkasama kaming nagsasaya. Pero noong tinedyer na kami, nagsimulang magbago ang lahat. Hindi sila mga miyembro ng Simbahan, at nagmumura sila, naninigarilyo, at umiinom ng alak. Ibang-iba ang pananaw nila tungkol sa batas ng kalinisang-puri kaysa akin.

Pinag-isipan kong mabuti ang sitwasyon, at saka ko tinanong ang tatay ko kung ano ang gagawin ko. Sabi niya, "Kailangan mong magpasiya. Magkaiba kayo ng matatalik mong kaibigan. Dati'y hindi mo napapansin, pero ngayon napakalaki ng pagkakaiba."

Nagtiwala ako sa payo ng aking ama. Alam ng mga kaibigan ko na miyembro ako ng Simbahan, kaya nang ipasiya kong huwag sumama sa kanila palagi, naunawaan nila. Kalaunan, hindi na kami gaanong nagkasama-sama kahit magkakaibigan pa rin kami.

Mahirap para sa akin na iwanan ang mga kaibigan ko, pero alam ko na mahalagang mapanatili ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa buhay ko. Naisip ko ang payo ni Alma sa kanyang mga anak na lalaki nang ituro niya sa kanila na manalig sa Diyos. Sabi niya, "Sino man ang magbibigay ng kanyang tiwala sa Diyos ay tutulungan sa kanilang mga pagsubok" (Alma 36:3).

Isa sa mga nakatulong sa akin para malagpasan ang mahirap na panahong ito ay ang pagpunta sa mga aktibidad ng Simbahan linggu-linggo, kabilang na ang Mutual. Naging abala rin ako sa pagsasayaw, sports, at mga youth conference.

Nagkaroon ako ng isang bagong kaibigan na hindi miyembro ng Simbahan, at paminsan-minsan ay niyayaya niya akong sumama sa mga party. Ang mga party na ito ay kasabay ng Mutual, kaya sinasabi ko sa kanya, "Pasensya na. Gusto ko sanang magpunta, pero may iba akong plano."

Itinanong niya kung ano ang gagawin ko. Sabi ko sa kanya, "Pupunta ako sa Mutual."

"Ano 'yung Mutual?" tanong niya.

Ipinaliwanag ko na marami kaming masasayang aktibidad sa Mutual at naglilingkod ako bilang tagapayo sa panguluhan. Sa pangatlo kong pagtanggi sa imbitasyon niya sa akin sa mga party, sabi niya, "Isama mo naman ako sa Mutual."

Kaya sumama siya sa akin, tinuruan siya ng mga missionary, at nabinyagan kalaunan.

Inaanyayahan ko kayong magdesisyon ngayon para maging liwanag kayo sa inyong mga kaibigan. Ang isang bagay na magagawa ninyo ay dumalo sa seminary. Ginagawa ng mga seminary teacher ninyo ang *kanilang* bahagi; pinaghahandaan nilang mabuti ang mga ituturo nila sa inyo. Lalong magiging pagpapala sa inyo ang Seminary kapag ginagawa ninyo ang *inyong* bahagi: basahin ang mga takdang-aralin, manalangin at mag-ayuno at tumanggap at ipamuhay ang mga turo. Natututo kayo kapag parehong ginawa ng nagtuturo at ng tinuturuan ang kailangan nilang gawin.

Noong hayskul ako, isa sa mga kaibigan ko ang nag-imbita sa akin sa party at sinabing, "Itanong natin sa tatay ko kung puwede nating hiramin ang kotse niya." Ayaw ipahiram sa kanya ng tatay niya ang kotse. Pagkatapos, nang makita ako ng kanyang ama, sinabi nito, "OK, ipapahiram ko lang sa iyo ang kotse kung si Benjamín ang magmamaneho."

Alam ng taong ito na miyembro ng Simbahan ang buong pamilya ko, hindi kami umiinom ng alak, at maingat akong magmaneho.

Ang reaksyon ng tatay ng kaibigan ko ay nakatulong sa akin na pahalagahan ang mga turo at halimbawang ipinakita ng mga magulang ko. Sa bahay, nagdaraos kami ng family home evening at panalangin ng pamilya. Ang Linggo ay araw ng pahinga para sa amin. Sa ganitong uri ng mga bagay namin naipapamuhay ang ebanghelyo, at masayang-masaya kaming gawin ito. Madalas papuntahin ng tatay ko ang iba pang mga miyembro ng Simbahan sa bahay namin para pag-usapan ang ebanghelyo tuwing Linggo ng hapon. Magkakasama kaming kumakain, pinag-uusapan namin ang ebanghelyo, at pinatitibay namin ang aming pagkakaibigan.

Maghanda ngayon na bumuo ng sarili ninyong matatag na pamilya. Magagawa ninyo iyan kapag masigasig ninyong pinag-aralan ang ebanghelyo. Tandaan na kung kayo ay magtitiwala sa Diyos, taimtim na mananalangin araw-araw, magbabasa ng mga banal na kasulatan, mananatiling dalisay, at gagawin ninyo ang inyong Tungkulin sa Diyos o Pansariling Pag-Unlad, kayo ay poprotektahan mula sa kapahamakan, magiging liwanag sa inyong mga kaibigan, at magagalak sa inyong buhay. ■

PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER

## Sa aming lugar, itinuturing nila na magkasintahan na kayo sa unang deyt pa lang. Paano **makikipagdeyt sa iba't ibang tao** ang isang tao nang hindi nasasabihan na siya ay walang delikadesa o hindi tapat?

Malaking hamon ito sa maraming kabataang Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo. Pinapayuhan sila na "iwasan ang madalas na pakikipagdeyt sa iisang tao" para hindi sila magkaroon ng seryosong relasyon sa murang edad (*Para sa Lakas ng mga Kabataan* [buklet, 2011], 4). Ngunit sa kultura ng halos buong mundo, nagiging magkasintahan muna ang isang lalaki at isang babae bago pa man sila unang magdeyt; gayundin naman, ang minsang pagdedeyt ay maaaring magpahiwatig na magkasintahan na sila at hindi na puwedeng makipagdeyt sa iba. Sa gayong kultura, ang pakikipagdeyt sa iba't ibang tao ay mukhang nakakasira sa "relasyon" at maaari kang magkaroon ng reputasyon na ikaw ay walang delikadesa o hindi tapat. Kaya ano ang dapat mong gawin?

Una sa lahat, tiyakin na alam ng lahat ang iyong paniniwala at katapatan sa mga pamantayan ng Panginoon tungkol sa kalinisang-puri at kadalisayang seksuwal para walang magduda sa iyong pagkatao at pag-uugali. Susunod, maaari mong pagsikapang pagandahin ang kultura sa pakikipagdeyt sa paligid mo sa pamamagitan ng pagpapaalam sa kanila ng mga tuntunin ng Simbahan. Kung pag-aalinlanganan ng mga tao ang mga pamantayan mo sa pakikipagdeyt, tanungin sila kung bakit nila iniisip, kung wala naman silang balak na mag-asawa kaagad, na kailangan nilang magkaroon ng emosyonal at pisikal na relasyon at makipagkasintahan sa napakamurang edad. Yayain silang sumamang magdeyt na may kasamang iba pa para makita nila ang saya kapag lumalabas nang magkakasama nang hindi nakakagawa ng imoralidad na dulot ng maagang pag-iibigan. At ipaalam sa kanila ang patnubay at payo sa inyo ng mga buhay na propeta at apostol. ■






## Bakit nagsisimulang **mag-home teaching** ang mga binatilyo sa edad na **14** samantalang ang mga dalagita ay nagsisimulang **mag-visiting teaching** sa edad na **18**?

Sa isang paghahayag na ibinigay nang maorganisa ang Simbahan noong 1830, ipinahayag ng Panginoon, "Ang tungkulin ng mga guro ay pangalagaan ang simbahan tuwina, at makapiling at palakasin sila" (D at T 20:53). Bukod sa mga teacher sa Aaronic Priesthood, tungkulin din ito ng mga priest at ng mga mayhawak ng Melchizedek Priesthood (tingnan sa D at T 20:45–52). Ang home teaching ay isang paraan para magampanan nila ang tungkuling ito sa pamamagitan ng pagtanggap ng partikular na mga atas mula sa mga lider ng priesthood. Ang visiting teaching, bagama't kahalintulad nito, ay medyo naiiba ang layunin, na naglalaan ng pagkakataon sa kababaihan ng Relief Society na patatagin at turuan ang isa't isa sa pamamagitan ng mga atas sa kanila ng Relief Society presidency (na inaprubahan ng bishop o branch president). Siyempre pa, dapat hangarin ng mga kabataang babae (lalo na ang mga panguluhan ng klase) na patatagin at suportahan ang isa't isa sa iba't ibang paraan, ngunit hindi sila inaatasang bumisita buwan-buwan sa partikular na mga tao. ■

## Ano ang mga **pisikal na kalusugang kailangan** para makapagmisyon?


Ang malulubhang pisikal na kapansanan o problema sa kalusugan ay maaaring makahadlang sa ilang tao na magampanan ang gawaing misyonero nang maayos at maaari ding magkaroon ng masamang epekto sa paglilingkod ng kanilang kompanyon. Karaniwan ay hindi nagmimisyon ang gayong mga tao. Halimbawa, ang mga taong nangangailangan ng wheelchair o saklay o hindi makaganap ng pang-araw-araw na gawain nang walang tulong ng iba ay hindi inirerekomendang magmisyon. At ang taong sobra sa timbang ay labis na mahihirapan sa pang-araw-araw na gawain sa misyon, kaya maaaring hilingan ng mga lider ng priesthood ang ilang tao na magbawas muna ng timbang bago sila irekomenda para sa misyon. Hinggil sa kalusugan ng buong katawan, ang isang magagamit na panuntunan ay na dapat kang makalakad nang mga anim na milya (9 km) sa isang araw nang walang kahirap-hirap.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa alinman sa mga bagay na ito, maaari kang masagot at mapatnubayan ng iyong bishop o branch president. ■

## Kailan ako dapat magsimulang magbayad ng **mga handog-ayuno at** iba pang **mga donasyon?**

Kung may pinagkakakitaan ka na at kusa kang magbibigay, maaari ka nang magsimulang magbigay ng mga handog-ayuno anuman ang edad mo. Siyempre pa, kapag kumikita ka na, iniutos ng Panginoon na magbayad ka ng ikapu mula sa kita mo. Bukod pa rito, "kasama sa wastong araw ng pag-aayuno ang . . . saganang pagbibigay ng handog-ayuno para matulungan ang mga nangangailangan" (*Para sa Lakas ng mga Kabataan* [buklet, 2011], 39). Hindi komo nagbayad na ang mga magulang mo para sa pagkain ng pamilya ninyo ay hindi ka na magbibigay ng sarili mong kontribusyon kung madama mo ito kapag nag-aayuno ang pamilya mo sa bawat buwan. Tandaan, kahit bata ka pa, kahit magkano ang kontribusyon mo, ang pinakamahalaga ay sumusunod ka sa utos ng Panginoon at nagsasakripisyo para mabiyayaan ang iba. Ikaw at maging ang iba pa ay mabibiyayaan ng iyong mga sakripisyo. At kung magkaroon ka ng inspirasyon at kaya mong gawin, maaari ka ring kumunsulta sa mga magulang mo at magbigay ng mga donasyon sa iba pang mga pondo ng Simbahan na nakalista sa Tithing and Other Offerings slip. ■


PAGLALARAWAN NI MATTHEW REIER; MGA BARYA © THINKSTOCK/ISTOCKPHOTO



**Ni Rosemary M. Wixom**
Primary General President

# *Ang* IMPLUWENSYA *ng* MUSIKA

*Makikita natin sa isang eksperimento sa mga daga kung paano tayo maaapektuhan ng musikang pinakikinggan natin.*



Kapag tinatanong ko ang isang tao, "Ano ang pinaka-naaalala mo tungkol sa Primary?" ang madalas na sagot ay, "Ang musika." Hindi natin malilimutan ang mga titik sa mga awitin sa Primary—nakatimo ang mga ito sa ating puso. Tingnan natin, halimbawa, ang sumusunod na mga awitin sa Primary. Makukumpleto ba ninyo ang bawat parirala?

"Sinisikap kong tularan . . ."

"Ama sa Langit kayo ba'y . . . ?"

". . . Aklat ni Mormon"

Habang kinukumpleto ninyo ang bawat pangungusap, nasumpungan ba ninyo ang inyong sarili na kinakanta ang himig?

Kung gayon, siguro ay dahil pinalalakas ng musika ang ating mga pandamdam, inaantig ang ating damdamin, at ibinabalik ang mga alaala. Kaya hindi nakapagtataka na ipinagdiriwang natin ang mga paglalaan ng templo sa isang kaganapang pangkultura kung saan lumalahok ang mga kabataan sa nakasisiglang musika at pagsasayaw. Sa mga kaganapang ito "magkaingay [tayong] may kagalakan sa Dios" at "awitin [natin] ang kaluwalhatian ng kaniyang pangalan" (Mga Awit 66:1–2).

## Lagi Tayong Naaapektuhan ng Musika

Itinuturo sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* na "malaki ang epekto ng musika sa inyong isipan, espiritu, at ugali."[1] Mapagyayaman ng musika ang inyong buhay sa napakaraming paraan, ngunit maaari din itong maging mapanganib. Sabi ni Pangulong Thomas S. Monson, "Ang musika ay makakatulong sa inyo na mas mapalapit sa inyong Ama sa Langit. Magagamit ito para magturo, magpasigla, magbigay-inspirasyon, at magkaisa. Gayunman, ang musika, dahil sa bilis, tiyempo, intensidad, at mga titik nito, ay maaaring magpahina sa inyong sensitibidad sa mga espirituwal na bagay. Huwag punuin ng di-kaaya-ayang musika ang inyong isipan."[2] At maaaring hindi na mahalaga kung pinakikinggan ninyong mabuti ang mga salita o hindi; ang mga salitang nilapatan ng musika kadalasan ay madaling matutuhan at matandaan.[3] Kaya pala tayo pinag-iingat na "piliing mabuti ang musikang pinakikinggan [natin]."[4]

## Mga Daga, Musika, at Pagkatuto


Ang gusto ninyong musika ay maaari ding makaapekto sa kakayahan ninyong makatapos ng gawain o matuto. Sinuri ng dalawang nagsasaliksik ang pagkakaugnay na ito sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga epekto ng musika at ritmo sa nervous system ng mga daga. Sa loob ng walong linggo, hinayaang makinig ng mga balse (musikang napakaganda at napakahusay ng pagkalikha) ni Strauss ang isang grupo ng mga daga, samantalang ang ikalawang grupo ay hinayaang makinig sa magulong musika ng tuluy-tuloy na pagtambol. Ang ikatlong grupo ay inilagak sa tahimik na lugar.

Pagkaraan ng walong linggo, inilagay ang mga daga sa isang maze para humanap ng pagkain. Ang mga daga sa ikalawang grupo ay nagpagala-gala na walang direksyon—"isang malinaw na pahiwatig na nahirapan silang matuto"—at mas natagalan silang makahanap ng pagkain kaysa nang magsimula ang eksperimento. Ang mga dagang lantad sa "magulong musika ay hindi lang nahirapang



matuto at makaalala, . . . kundi nagbago rin ang galaw ng mga selula sa utak nila." Nakakatuwa ang natuklasan ng mga nagsasaliksik: "Naniniwala kami na pinilit ng mga daga na huwag pansinin ang epekto ng maingay at magulong musika. . . . Nahirapan silang labanan ang kaguluhan."[5]

Ano ang maituturing na "kaguluhan" sa ilang musika ngayon—mga bagay na maaaring makahadlang sa inyo na matuto nang husto? Maaaring may kinalaman ito sa ritmo at tiyempo ng musika (tulad sa mga daga) o sa mga salitang ginamit o mga mensaheng inihahatid. Sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang lipunan ay dumaranas ng hindi kapansin-pansin ngunit matinding pagbabago. Nagiging lalong mapagpaubaya ito sa kung ano ang tatanggapin nito para maglibang. Bunga nito, karamihan sa mga itinatanghal na mga tugtugin ng mga sikat na mang-aawit ngayon ay tila mas naglalayon na manggambala kaysa magpayapa, mas makapukaw kaysa magpapanatag."[6]



## Kailangan ang Panahon at ang Espiritu

Hindi lamang ritmo at mga titik ng walang tigil na tugtugan ang nakapipinsala. Sa pakikinig sa gayong musika, hinahadlangan din natin ang tahimik na mga sandali para tayo makapag-isip nang malinaw at makinig sa Espiritu. Sa *The Screwtape Letters,* isang popular na nobelang Kristiyano, isang tauhang nagngangalang Screwtape ang kumatawan kay Satanas at pinilit akitin ang mabubuting kaluluwa sa kanyang layon. Sabi ni Screwtape, "Nakakatawa na laging iniisip ng mga tao na nagpapasok tayo ng mga bagay-bagay sa kanilang isipan: ang totoo ay natutupad natin nang husto ang ating layon sa pag-aalis ng mga bagay-bagay sa kanilang isipan."[7] Talagang alam ni Satanas na hindi na niya kailangang punuin ng masasamang bagay ang ating isipan sa tuwina kung maiaalis naman niya ang ating pansin sa mga bagay ng Espiritu. "Kung palagi kayong nakikinig ng musika, maaaring mawalan kayo ng tahimik na sandali para magnilay, makiramdam, at makatanggap ng espirituwal na patnubay."[8]

Kailangan natin ang patnubay ng Espiritu Santo sa tuwina. Dahil diyan, dapat nating piliing mabuti ang musikang pinakikinggan natin at ang mga sayawang dinadaluhan natin. Hayaang gabayan kayo sa Espiritu, at kapag may mga alinlangan kayo sa musikang pinakikinggan ninyo o sa inyong sitwasyon, magkaroon ng lakas ng loob na kumilos para manatili sa inyo ang Espiritu. ■

### MGA TALA

1. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 22.
2. Thomas S. Monson, *A Prophet's Voice: Messages from Thomas S. Monson* (2012), 77.
3. Tingnan sa Jack R. Christianson, sinipi sa "Author's criterion for picking music: does it encourage a proper life style?" *Church News,* Mayo 6, 1989, 5.
4. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 22.
5. Richard Lipkin, "Jarring Music Takes Toll on Mice," *Insight,* tomo 4, blg. 14, Abril 4, 1988, 58.
6. Boyd K. Packer, "Karapat-dapat na Tugtugin, mga Karapat-dapat na Isipan," *Liahona,* Abr. 2008, 33.
7. C. S. Lewis, *The Screwtape Letters* (1982), 20.
8. *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 23.

MULA KALIWA: THINKSTOCK/ISTOCKPHOTO; LARAWAN NI ROSEMARY M. WIXOM © BUSATH PHOTOGRAPHY; LARAWANG KUHA NI ROBERT CASEY; THINKSTOCK/COMSTOCK; BACKGROUND: THINKSTOCK/ABLESTOCK.COM



# ISANG PANALANGIN SA AKING PUSO

*Ang pagtatakda ko ng mas matataas na pamantayan sa musikang pinakikinggan ko ay nakatulong para mas makahiligan ko pa ito.*

**Ni Ma. Consuelo N.**

Mahilig ako sa musika, at parang hindi kumpleto ang araw ko kapag hindi ako nakinig dito o kumanta. Nitong huli, may nagbago sa pagkahilig ko sa musika, at may natutuhan akong ilang bagay na nagpabago sa pag-iisip ko tungkol sa at paggamit ko ng musika.

Nagsimula iyon nang basahin ko ang banal na kasulatan kung saan sinabi ng Panginoon, "Sapagkat ang aking kaluluwa ay nagagalak sa awitin ng puso; oo, ang awit ng mabubuti ay isang panalangin sa akin, at ito ay tutugunan ng pagpapala sa kanilang mga ulo" (D at T 25:12). Nang mabasa ko ang talatang iyon, naalala ko ang isang bagay na itinuro sa akin ng nanay ko. Minsan, nang kumanta ako ng mga himno sa hindi tamang paraan, ipinaalala niya sa akin na ang mga himno ay maaaring maging mga panalangin at kailangan kong kantahin nang maayos ang mga ito. Palagay ko ang talatang ito ay tumutukoy hindi lamang sa mga himno kundi sa anumang awiting kinakanta natin nang may matwid na hangarin. Isipin ang mga pagpapalang darating sa atin, tulad ng sabi sa banal na kasulatan, kapag kumakanta tayo ng mga awitin sa Panginoon.

Nalaman ko rin ang kahalagahan ng pakikinig sa magandang musika. Matapos basahin ang banal na kasulatang ito, sinimulan kong suriin ang listahan ko ng mga kanta at inalis ko rito ang mga hindi nakaayon sa mga turo sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*.

Hindi nagtagal at kinailangan kong magpasiya tungkol sa musikang wala sa koleksyon ko. Isang araw noong nasa eskuwelahan ako, nagpatugtog ng isang kantang hindi maganda ang isang kaklase ko. Hindi maganda ang pakiramdam ko sa kanta, kaya pinakiusapan ko siyang magpatugtog ng iba, na ginawa naman niya. Alam ko na bawat isa sa atin ay maaari ding magkaroon ng gayong lakas ng loob sa gayong mga sitwasyon. At sa mga pagkakataon na ayaw baguhin ng mga tao ang musika para sa atin, may iba pa tayong magagawa: maaari tayong umalis at pumunta sa ibang lugar.

Alam ko na sa pamamagitan ng magandang musika mas mapapalapit tayo sa ating Ama sa Langit. Ang musika ay maaaring magpasigla at magbigay-inspirasyon sa atin, mag-anyaya sa Espiritu Santo, antigin tayong gawin ang tama, at tulungan tayong madaig ang mga tukso ng kaaway (tingnan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* [buklet, 2011], 22–23).

Tandaan na kapag kinakanta natin ang awitin ng mga matwid, para tayong nananalangin sa ating Ama sa Langit. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Metro Manila, Philippines.*

### PUMILI NG MAGANDANG MUSIKA

"Malaki ang epekto ng musika sa inyong isipan, espiritu, at ugali.

"Piliing mabuti ang musikang pinakikinggan ninyo. Pag-ukulan ng pansin ang nadarama ninyo habang nakikinig. May mga musikang nagpapahiwatig ng masama at nakapipinsalang mensahe. Huwag makinig sa musikang naghihikayat ng kalaswaan o lumuluwalhati sa karahasan sa pamamagitan ng mga titik, tiyempo, o intensidad nito. Huwag makinig sa musikang gumagamit ng bastos o nakasasakit na pananalita o nag-uudyok ng kasamaan. Ang gayong musika ay nakapagpapahina ng inyong sensitibidad sa mga espirituwal na bagay."

***Para sa Lakas ng mga Kabataan*** **(buklet, 2011), 22.**

PAGLALARAWAN NI STEVEN KEELE

# PUMAILANLANG TUNGO SA KINABUKASAN

Dagdagan ang kaalaman at tingnan kung hanggang saan kayo dadalhin ng inyong pag-aaral.



PAGLALARAWAN NINA DRAVOT AT CARNEHAN

# SA KABILA NG MANINIPIS NA DINGDING

*Kalaunan na lang namin nalaman na, nang turuan namin ng ebanghelyo ang isang pamilya, naturuan din namin ang kanilang kapitbahay.*

**Ni Monica Garcia Adams**

Bilang mga misyonera, ibinahagi namin ang ebanghelyo sa isang maralitang babaeng nakatira sa paanan ng mataas na burol malapit sa maliit na lungsod sa hangganan ng Asunción, Paraguay.

Si Soledad at ang kanyang asawang si Oscar ay nakatira sa isang kuwarto ng isang mahaba at makipot na bahay na ang totoo ay isang hanay lamang ng magkakatabing kuwarto na may maninipis na dingding sa pagitan. Bawat kuwarto ay isang maliit na tirahan na may isang bintana, isang pinto, isang mesa, at isang kama. May ilang ganitong gusali sa lugar na ito, na gawa sa kahoy, pawid ang bubong, at lupa ang sahig. Ang mga luad na isiniksik sa mga siwang ay nakahadlang sa pagpasok ng lamig.

## Nakinig si Soledad

Si Soledad ay may tatlong musmos na anak, at siya mismo ay bata pa rin—at laging abala sa gawaing-bahay. Iyon lang ang kaya niyang gawin para mapangalagaan ang kanyang tahanan at ang araw-araw na pangangailangan ng kanyang mga anak. Pero tila gusto naman niyang bisitahin namin siya at alam niya na kailangan niya ang Diyos sa kanyang buhay.

Malayang ipinahayag ni Soledad kung ano ang naiisip at nadarama niya. Umibig siya at sumamang magtanan kay Oscar, kahit tutol ang kanyang mga magulang. Pareho silang hindi nakatapos ng pag-aaral at walang trabaho, at malabo ang kanilang kinabukasan. Inisip niya kung pinabayaan na siya ng Diyos at kung pinarurusahan Niya sila dahil sa kanilang mga maling desisyon.

Naglalako si Oscar ng mga paninda sa pagsisikap na tulungang makaraos ang kanyang pamilya. Kapag maraming benta, bumibili siya ng pagkain at, kung minsan, ng kaunting pasalubong sa mga anak. Pero kapag mahina ang benta, madalas siyang umuuwi na desperado, galit, at lasing.

Nahirapan kaming magkompanyon na tulungan silang harapin ang napakaraming temporal na problema. Ngunit ipinadama rin sa amin ng Espiritu na patuloy namin silang mahalin at turuan, kahit kung minsan ay parang mabagal ang pagsulong nila. Matapos



ang ilan pang pagbisita at taimtim na pagdarasal, nadama namin na kailangan namin silang bigyan ng panahon na pag-isipan ang naituro namin, pag-aralan ang Aklat ni Mormon, at manalangin.

Ipinaliwanag namin ang aming mga alalahanin kay Soledad, at nabagabag siya. Akala niya ay pababayaan na namin ang kanyang pamilya. Sinabi rin niya sa amin na buntis siya sa pang-apat nilang anak at hindi niya alam kung paano sila makakaraos.

PAGLALARAWAN NI SAM LAWLOR



Galit na sinabihan niya kaming umalis at huwag nang bumalik.

**Nakinig Din si Juan**

Gayunman, wala kaming kamalay-malay na ang kapitbahay nilang si Juan ay nakikinig pala sa kabila ng dinding sa mga itinuturo namin. Bata pa siya, mausisa, at napakamahiyain. Noong nakikinig siya, marami siyang tanong tungkol sa plano ng kaligtasan, sa Aklat ni Mormon, at sa pagsisisi. Hinihiram pala niya ang Aklat ni Mormon ni Soledad, binabasa ito, at ipinagdarasal ang lahat ng tahimik niyang pinag-aaralan.

Lumipas ang mga araw. Nagsimulang mag-alala si Juan nang hindi na kami bumalik para turuan sina Soledad at Oscar. Pagkatapos isang gabi, habang malakas ang bagyo, tinanong niya si Soledad kung saan kami nakatira at paano niya kami makokontak. Hindi raw nito alam, at nagsimulang umiyak si Juan. Nagpatotoo siya kay Soledad na totoo ang aming mensahe at lumabas sa dilim ng gabi para hanapin kami habang bumubuhos ang ulan, habang nagpuputik ang mga kalsada dahil sa tubig-baha.

Ilang oras pa ang lumipas, patuloy siyang naghanap kahit pagod at nagiginaw. Nagsimula siyang manalangin habang gumagaygay sa dilim, na nangangako sa kanyang Ama sa Langit na kung tutulungan Niya siya na mahanap kami, magpapabinyag siya at maglilingkod sa Kanya habambuhay. Samantala, dahil namangha sa patotoo ni Juan, ipinagdasal ni Soledad na bumalik kami. Umuwi na si Juan ngunit patuloy siyang nanalangin at nagbasa ng Aklat ni Mormon sa sumunod na dalawang araw. Nanalangin din nang taimtim si Soledad at kinausap niya si Oscar. Magkasama nilang sinimulang basahin ang Aklat ni Mormon.

**At Nakinig ang Ama sa Langit**

Dalawang araw pagkaraan ng bagyo, habang nakaluhod kaming magkompanyon sa panalangin, may nagtulak sa amin na bumalik sa maliliit na bahay sa paanan ng burol. Agad kaming nagpunta, at pagdating namin, sinalubong kami nina Soledad, Oscar, kanilang mga anak, at ni Juan na lumuluha sa galak at katuwaan. Sinabi nila sa amin ang lahat na nangyari, at mula noon, lahat sila ay sabik nang matuto tungkol sa ebanghelyo. Hindi nagtagal at nabinyagan si Juan, at sumunod kaagad sina Soledad at Oscar.

Naaalala ko na nagtaka ako kung bakit lubhang ipinadama sa amin na patuloy kaming magturo kahit noong hindi gaanong interesado sina Soledad at Oscar. Naaalala ko na nagtaka ako kung bakit ganoon na lang ang kagustuhan naming bumalik gayong pagalit nila kaming itinaboy. Ngunit nang makita ko ang kagalakang dumating sa buhay ni Juan at pagkatapos ay sa pamilya nina Soledad at Oscar, nalaman ko na hindi lamang nakikinig si Juan sa kabila ng maninipis na dingding kundi nakikinig din ang Ama sa Langit sa mga panalangin ng bawat isa sa amin, mga panalanging nagmula sa puso. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*



**Ni Elder**
**Neil L. Andersen**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# PAGKATUTO MULA SA MGA BUHAY NA PROPETA

*Maaari ba tayong maging mas masigla, mapanuri, at masunurin sa pagtutuon ng pansin sa payo at turo ng mga Kapatid?*

Totoong mahal natin si Pangulong Thomas S. Monson, ang dalawang tagapayo sa Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol. Pero sa pagkilala sa ating pagmamahal at katapatan, itatanong ko, Maaari ba tayong maging mas masigla, mapanuri, at masunurin sa pagtutuon ng pansin sa payo at turo ng mga Kapatid?



*Ang Unang Panguluhan—*
*Henry B. Eyring, Pangulong Thomas S. Monson, Dieter F. Uchtdorf*

## Apat na Bagay na Itatanong

Isipin kung paano ninyo sasagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Masasabi ba ninyo sa akin ang mga pangalan ng tatlong miyembro ng Unang Panguluhan at ang mga pangalan ng bawat miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol? Sila ang 15 kalalakihang sinasang-ayunan natin bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.
2. Kung ipapakita namin ang larawan ng Kalalakihang ito, makikilala ba ninyo ang bawat isa sa kanila? Bihira nating pansinin ang isang taong hindi natin kilala o nakikilala.
3. Maibabahagi ba ninyo sa akin ang payo ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol mula sa huling pangkalahatang kumperensya? At matutukoy ba ninyo ang mga alalahanin nina Pangulong Monson, Pangulong Eyring, at Pangulong Uchtdorf sa mga Mensahe ng Unang Panguluhan sa *Liahona* sa taong ito?
4. Marahil ang mas mahalaga ay, maibabahagi ba ninyo sa akin ang isang pasiya kamakailan kung saan binago ninyo ang isang bagay sa buhay ninyo dahil sa payong natanggap ninyo mula sa isa sa 15 kalalakihang ito?

## Ang Huwaran ng Panginoon

Ang mga dahilan kung bakit napakahalaga ng mga sagot natin sa mga tanong na ito ay nakasalalay sa tungkulin at responsibilidad ng Unang Panguluhan at ng Labindalawang Apostol. Sa tuwing itatatag ang Simbahan ng Panginoon, tumatawag ang Panginoon ng mga propeta at apostol. Sinabi ng Tagapagligtas, "Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal" (Juan 15:16). Sa kalalakihang ito ang ordinasyong iyan ay naghahatid ng espirituwal na kapangyarihan at taimtim na responsibilidad—isang kapangyarihang makaalam at magpatotoo at isang responsibilidad na magturo at magpala. Naghahatid din ito ng

MGA LARAWANG KUHA NI CRAIG DIMOND © IRI; BACKGROUND: THINKSTOCK/ISTOCKPHOTO

responsibilidad at pangako sa ating lahat. Responsibilidad nating makinig at sumunod, at pinangakuan tayo na darating ang mga pagpapala kapag tayo ay naniwala at tumalima sa kanilang sinabi.

Nang tumawag ng labindalawang disipulo ang Panginoon sa lupain ng Amerika matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, itinuro Niya sa mga tao: "Pinagpala kayo kung kayo ay makikinig sa salita nitong labindalawang aking pinili mula sa inyo upang maglingkod sa inyo, at maging inyong mga tagapaglingkod" (3 Nephi 12:1). Sa ating panahon, sa napakahirap na sandali, nangako ang Panginoon sa mga Banal, "Kung ang aking mga tao ay makikinig sa aking tinig, at sa tinig ng aking mga tagapaglingkod na aking itinalagang aakay sa aking mga tao, masdan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, sila ay hindi maaalis mula sa kanilang lugar" (D at T 124:45).


Ito ang huwaran ng Panginoon. Tumatawag siya ng 15 kalalakihang "karaniwan ang katayuan sa buhay"[1] at pinagkakalooban sila ng mga susi at kapangyarihang gabayan at turuan tayo. Hindi tayo pinipilit na sumunod; walang pamimilit. Ngunit kung pakikinggan nating mabuti ang kanilang sinasabi, kung tutugon tayo at kusa nating babaguhin ang ating pag-uugali kapag pinagtibay ng Espiritu Santo ang kanilang payo, hindi tayo iaalis sa ating lugar—ibig sabihin ay hahawak tayo nang mahigpit sa gabay na bakal at mananatili tayong ligtas magpakailanman sa landas patungo sa punungkahoy ng buhay. ■


*Hango sa mensahe mula sa isang Church Educational System fireside na ibinigay noong Marso 4, 2007, dalawang taon bago tinawag si Elder Andersen sa Korum ng Labindalawang Apostol.*


**MGA TALA**


1. Boyd K. Packer, "The Twelve Apostles," *Ensign,* Nob. 1996, 6.
2. Kaugnay ng kahalagahan ng mga buhay na propeta, sinabi ni Pangulong Wilford Woodruff: "Kung nasa atin ang bawat paghahayag na ibinigay ng Diyos sa tao; kung nasa atin ang Aklat ni Enoc; kung nasa atin sa wikang Ingles ang di naisaling lamina; kung nasa atin ang mga nakasarang talaan ng Tagapaghayag na si San Juan, at iba pang mga paghahayag, at nakasalansan ang mga ito nang sandaang talampakan ang taas, ang simbahan at kaharian ng Diyos ay hindi lalago, sa panahong ito o sa alinmang panahon ng daigdig, nang walang mga buhay na orakulo [propeta] ng Diyos" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* [2005], 217).


*Ang Korum ng Labindalawang Apostol*



*Boyd K. Packer*



*L. Tom Perry*


*Russell M. Nelson*



*Dallin H. Oaks*


*M. Russell Ballard*



*Richard G. Scott*



*Robert D. Hales*


*Jeffrey R. Holland*


*David A. Bednar*


*Quentin L. Cook*


*D. Todd Christofferson*



*Neil L. Andersen*

## ANG PATULOY NA PAGDALOY NG PAGHAHAYAG

"Nasa atin ang Biblia, ang Aklat ni Mormon at ang Doktrina at mga Tipan, ngunit lahat ng aklat na ito, kung wala ang mga buhay na propeta at ang patuloy na pagdaloy ng paghahayag mula sa Panginoon, ay hindi aakay sa sinuman patungo sa Kahariang Selestiyal ng Diyos. . . .

"Mangyari pa, lahat ng mga talaang ito ay walang hanggan ang kahalagahan. Hindi ganap na mapapahalagahan ang mga ito, ni ganap na mauunawaan. At bagama't nakapagbibigay ito ng kaalaman, hindi pa rin sapat ito para gabayan ang mga anak ng tao at akayin sila sa kinaroroonan ng Diyos. Para magabayan nang gayon, kailangan ng buhay na Priesthood at ng patuloy na pagdaloy ng paghahayag mula sa Diyos tungo sa mga tao ayon sa sitwasyong kanilang kinalalagyan."[2]

**Pangulong George Q. Cannon (1827–1901), Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, *Gospel Truth: Discourses and Writings of George Q. Cannon,* tinipon ni Jerreld L. Newquist (1987), 252.**



*Alam ni Cara ang totoo.
Ngunit sapat ba ang
tapang niya para
magsulat tungkol dito?*

# Isulat nang Tama

**Ni Jan Pinborough**
Mga Magasin ng Simbahan
Batay sa tunay na buhay

*"Hindi ko ikinahihiya ang evangelio ni Cristo" (Mga Taga Roma 1:16).*

Ibinaba ni Cara ang kanyang lapis at tinitigan ang papel sa ibabaw ng kanyang mesa. Blangko ito maliban sa kanyang pangalan at isang malaking mantsa ng pambura. "Ano ang dapat kong isulat?" naisip niya.

Sa kabila ng pasilyo, abala sa pagsusulat ang kaibigan niyang si Lily. Nagyuko ng ulo si Cara at ipinatong ito sa kanyang braso.

Nagustuhan talaga ni Cara ang bago niyang paaralan. Iyon ay nasa gusali ng ibang simbahan, at maliit lang ang bago niyang klase kaya may oras ang titser niyang si Mrs. Schmidt na tulungan siya sa math. Araw-araw pagkatapos ng klase sa math, nagtuturo si Mrs. Schmidt ng isang aralin mula sa Biblia. Karaniwan sa mga aralin sa Biblia ay katulad na katulad ng natutuhan ni Cara sa bahay at sa Primary.

Ngunit ilang linggo na ang nakararaan sa isang aralin tungkol sa binyag, sinabi ni Mrs. Schmidt sa klase na ang mga sanggol na namatay bago sila nabinyagan ay hindi makakapasok sa langit. At sinabi niya na pumanaw ang isa sa kanyang mga anak matapos itong isilang. Nang sabihin niya iyon, parang naiiyak na si Mrs. Schmidt.

"Pero *talaga* pong napupunta sa langit ang mga sanggol na namamatay," gustong sabihin ni Cara. Kung alam lang iyan ni Mrs. Schmidt, siguro hindi na siya masyadong malulungkot. Pero nahihiyang magsalita si Cara.

Pagkauwi mula sa eskuwela, ikinuwento ni Cara kay Inay ang sinabi ni Mrs. Schmidt. "Ang kaalaman na napupunta sa langit ang mga sanggol ay isa sa mga pagpapalang nasa atin dahil sa Aklat ni Mormon," sabi ni Inay. Umasa si Cara na babasahin ni Mrs. Schmidt ang Aklat ni Mormon balang-araw. Inisip niya na sana may sapat siyang lakas-ng-loob na sabihin iyon sa kanya.

Sa aralin ngayon, sinabi ni Mrs. Schmidt sa klase na ang Diyos, si Jesus, at ang Espiritu Santo ay pawang iisang tao. Naisip ni Cara kung paano nagpakita ang Ama sa Langit at si Jesucristo kay Joseph Smith sa Sagradong Kakahuyan. *Alam* niya na Sila ay dalawang magkahiwalay na nilalang at na bawat isa ay may katawan. Nagalak siya na nakatitiyak siya roon, bago pa man niya kinausap si Inay o si Itay tungkol dito.

Ngunit pagkatapos ay sinabi ni Mrs. Schmidt, "Mga bata, maglabas kayo ng isang pirasong papel at magsulat kayo tungkol sa pinag-uusapan natin."

Dito na nakaramdam ng pag-aalala si Cara. Gusto niyang gawin ang takdang-aralin sa paraang gusto ng titser niya. Sapat ba ang kanyang lakas-ng-loob para isulat ang alam niyang totoo?

Habang nakayukyok ang ulo sa kanyang mesa, nag-alay ng tahimik na panalangin si Cara. "Mahal na Ama sa Langit, ano po ang dapat kong gawin?"

Halos agad-agad, nagsimulang makadama ng kapanatagan at kapayapaan si Cara. Ibinulong ng Espiritu Santo na kung isusulat niya ang nilalaman ng kanyang puso, magiging MAAYOS ang lahat.

Nag-angat ng ulo si Cara, dinampot niya ang kanyang lapis, at nagsimulang magsulat.

*Ang Ama sa Langit at si Jesus ay dalawang magkahiwalay na tao. Sila ay may katawang may laman at buto tulad natin. Ang Espiritu Santo ay isang Espiritu na maaaring mangusap sa atin sa ating puso.*

Pagkatapos sumulat ng ilan pang pangungusap, ibinaba ni Cara ang kanyang lapis. Hindi niya alam kung ano ang iisipin ni Mrs. Schmidt sa isinulat niya, ngunit masaya siya na nasabi niya sa titser niya ang isang bagay na mahalaga at totoo. ■



"Maging mapagpakumbaba at patotohanan ang Panunumbalik ng ebanghelyo. . . . Maging matapang. Manampalataya. Huwag matakot. Magtiwala sa Panginoon."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "The Restoration," *New Era*, Okt. 2011, 5.**


PAGLALARAWAN NI BJORN THORKELSON

# Pastol Ko si Cristo




LARAWANG KUHA NG ISTOCKPHOTO

© ni Tammy Simister Robinson. Isinaayos © 2013 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental at di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.
Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin. Ang orihinal na bersyon ay matatagpuan sa music.lds.org.



**Ni Jean A. Stevens**
Unang Tagapayo sa
Primary General Presidency

# Matatapat na Halimbawa

*"Aakayin sila ng isang maliit na bata" (2 Nephi 21:6).*

Bilang miyembro ng Primary general presidency, gustung-gusto kong makilala ang mga bata sa iba't ibang panig ng mundo. Saanman ako magpunta, may nakikilala akong mababait na batang sumusunod kay Jesucristo at tapat na ipinamumuhay ang ebanghelyo. Madalas ay sila ang umaakay sa kanilang pamilya at sa iba sa pagsunod sa mga kautusan.

Minsan ay binisita ng isang General Authority ang isang ward sa Hong Kong kung saan ang mga tao ay nahihirapang suportahan ang kanilang pamilya. Sinabi niya sa bishop na dapat magbayad ang mga miyembro ng kanilang ikapu.

Nag-alala ang bishop. Halos walang sapat na pagkain at pera ang mga tao para tustusan ang kanilang pangangailangan.

"Kung babayaran nila ang kanilang ikapu, pagpapalain sila ng Panginoon," sabi ng General Authority.

Nag-isip sandali ang bishop. Pagkatapos ay sinabi niya, "Kakausapin ko ang ilan sa pinakamatatapat na miyembro ng aming ward—ang mga batang Primary!"

Nang sumunod na Linggo, binisita ng bishop ang Primary. Tinuruan niya ang mga bata tungkol sa batas ng ikapu. Pinakiusapan niya sila na magbayad ng ikapu sa perang kinita nila. Nangako ang mga bata na magbabayad sila—at nagbayad nga sila!

Pagkaraan ng ilang buwan, kinausap ng bishop ang mga nasa hustong gulang na sa ward. Sinabi niya sa kanila na nagbabayad na ng ikapu ang kanilang mga anak.

"Handa ba kayong magbayad din ng ikapu?" tanong niya.

Naantig ang mga nasa hustong gulang sa matapat na halimbawa ng mga bata. Sinabi nila na magbabayad din sila ng kanilang ikapu. Dahil nagpakita ng halimbawa ang mga bata, natanggap ng kanilang pamilya ng mga pagpapalang kailangan nila (tingnan sa Malakias 3:8–10). Lumago ang pananampalataya at patotoo ng lahat.

Saanman kayo nakatira, maaakay ninyo ang iba sa inyong mabuting halimbawa. Tuparin ang mga kautusan at sundin si Jesucristo. Sa gayon ay magiging pagpapala kayo sa inyong pamilya at sa iba.

Ipinagdarasal namin kayo. At alam namin na, tulad ng mga bata sa Hong Kong, ang inyong halimbawa ay makagagawa ng kaibhan para sa kabutihan! ■



LARAWANG KUHA © BUSATH PHOTOGRAPHY; PAGLALARAWAN NI MAREN J. SCOTT

# Ang Nauvoo Temple at Carthage Jail

*Sumama kayong maglibot sa mahahalagang lugar na ito sa kasaysayan ng Simbahan!*

**Ni Jennifer Maddy**

Noong 1841, marami sa mga Banal sa Nauvoo ang dukha o mahirap. Ngunit alam nila na kailangan nilang magtayo ng templo, tulad ng utos sa kanila ng Panginoon. Mahigit 1,000 kalalakihan ang nagtrabaho para itayo ang templo. Ang kababaihan ang tumahi ng mga polo at nagluto para sa mga trabahador. Marami ang nagsakripisyo para maitayo ang templo. Inasam nila ang mga pagpapalang matatanggap nila roon.

## Carthage Jail

Tumigil ang paggawa sa templo noong Hunyo 1844, nang patayin si Propetang Joseph Smith. Dinala si Joseph at ang ilan pang kalalakihan sa Carthage Jail. Noong Hunyo 27 sumugod ang mga mandurumog sa kulungan. Binaril at pinatay nila si Joseph at ang kapatid niyang si Hyrum.

## Pagtatapos ng Templo


Nadurog ang puso ng mga Banal dahil nawala ang kanilang Propeta. Alam ni Brigham Young, na noon ay Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, na magpapatuloy ang gawain ng Panginoon. Sa wakas ay natapos din ng mga Banal ang templo. Araw-gabing nagtrabaho ang mga lider ng Simbahan sa templo para mabinyagan ang mga Banal para sa kanilang mga ninuno at mabuklod bilang mga walang-hanggang pamilya.



*Ang orihinal na Nauvoo Temple ay may 30 sunstone.*



*Isang hugis-suklay na buwan (crescent moon) ang nakaukit sa labas ng pader ng templo.*



MGA LARAWANG KUHA NINA JENNIFER MADDY AT CRAIG DIMOND © IRI

*Nakapatong ang mga rebulto nina Joseph at Hyrum sa harap ng Carthage Jail. "Sa buhay sila ay hindi nagkalayo, at sa kamatayan sila ay hindi pinaghiwalay!" (D at T 135:3).*





*Patakbong inakyat ng mga mandurumog ang hagdang ito sa Carthage Jail para kunin si Joseph at ang kanyang mga kasama.*

*Si Joseph at ang iba pang kalalakihan ay nasa silid sa itaas ng kulungan.*



**Muling Pagtatayo ng Templo**


Nang lisanin ng mga Banal ang Nauvoo, ang templo ay natupok ng sunog at nasira ng buhawi. Noong 1999, ibinalita ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) na muling itatayo ang Nauvoo Temple sa dating lugar. Ngayon ay makikita ninyo ang magandang templong ito na katulad ng hitsura nito noong 1840s. ■



# Bakit mahalagang magkaroon kapwa ng Biblia at Aklat ni Mormon?

**Ni Elder L. Tom Perry**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

*Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay mga natatanging saksi ni Jesucristo.*



*UPANG INYONG MALAMAN,* GARY L. KAPP, HINDI MAARING KOPYAHIN

**Ang Biblia at Aklat ni Mormon ay kapwa mahalaga sa ating kaligtasan.**


**Isang pagpapala ang magkaroon ng tala tungkol sa misyon ng ating Panginoon at Tagapagligtas na ipinahayag sa Aklat ni Mormon na magdaragdag ng pagpapatibay sa doktrinang ipinahayag sa Biblia.**

**Kailangan natin ang dalawang ito upang maituro at matutuhan natin ang buo at kumpletong doktrina ni Cristo.**

Mula sa "Ang Kapangyarihang Magligtas," *Liahona,* Mayo 2012, 94–97.

# Pinili Ko ang **TAMA**

**Ni Ekene B.,** edad 7, Nigeria



*Kung tumanggi akong inumin ang alak parurusahan ako, at gayon din ang aking pamilya.*

PAGLALARAWAN NI STEVE KROPP

*"Matuto sa iyong kabataan na sumunod sa mga kautusan ng Diyos" (Alma 37:35).*

Sumama ako sa pamilya ko sa pagbisita sa nayon ng mga magulang ko para ipagdiwang ang Bagong Taon. Tatlong taon na kaming hindi nakakabisita roon, at inaasam naming makitang muli ang aming mga kaibigan at mga miyembro ng pamilya. Pagdating namin, masaya nila kaming sinalubong.

Pagsapit ng Bisperas ng Bagong Taon, kasama naming nagtipon ang iba para sa tradisyonal na seremonya sa pagbati sa panganay na lalaki ng bawat pamilya na sana'y mabigyan siya ng proteksyon, mahabang buhay, at kasaganaan. Ako ang panganay na lalaki sa pamilya namin. Nalaman ko na lahat ng nakikibahagi ay inaasahang uminom ng alak bilang bahagi ng seremonya.

Lubha akong nag-alala. Alam ko na ang pag-inom ng alak ay labag sa Word of Wisdom. Ngunit alam ko rin na kung hindi ko iinumin ang alak, maaari akong maparusahan sa kawalan ng galang—at maaaring pati pamilya ko ay maparusahan din. Pagkatapos ay naalala ko ang itinuro sa akin ng aking ina: kapag nalagay ka sa isang sitwasyong hindi mo kayang kontrolin, dapat kang manalangin sa Ama sa Langit at humingi ng tulong sa Kanya.

Tahimik akong nagdasal, "Ama sa Langit, gabayan po sana ako ng Inyong Espiritu at tulungan akong gawin ang tama."

Nang ako na ang iinom ng alak, kinabahan ako, pero nagsalita ako nang malakas at malinaw. "Ang katawan ko ay isang templo. Hindi ko lalabagin ang Word of Wisdom," sabi ko.

Gulat na gulat ang village elder. Bumaling siya sa akin at sinabing, "Mukhang siguradung-sigurado ka sa ginagawa mo. Pakiusap, gusto naming marinig ang iba mo pang mga pananaw."

Ako at ang pamilya ko ay hindi naparusahan, at lumakas ang aming pananampalataya. Alam ko na tinulungan ako ng Ama sa Langit na magkaroon ng lakas ng loob na piliin ang tama. ■

# ANG ATING PAHINA



Mahal na mahal ko ang nanay ko at gusto ko siyang tulungang maghugas ng pinggan. Ipinagdarasal ko rin ang tatay ko. Alam ko na sinabi sa atin ng Ama sa Langit na, "Huwag saktan ang mga tao, huwag silang bansagan, at huwag saktan ang maliliit na hayop."

**Ya-Se C., edad 4, Taiwan**




***Nagbabasa ng mga banal na kasulatan si Prince at ang kanyang mga kapatid na babae sa family home evening.***

Sa family home evening, gusto kong nagbabahagi ng isang talata sa banal na kasulatan at manalangin. Gusto ko ang mga kaibigan ko sa Primary, at gusto kong nag-aalaga ng mga kalapati. Gusto kong magpunta sa Nauvoo Illinois Temple balang-araw, at gusto ko ring maging missionary. Mahal na mahal ko ang aking pamilya! Alam ko na ang Simbahan ay totoo, at mahal ko ang Aklat ni Mormon.

**Prince M., edad 9, Philippines**




**Macarena G., edad 8, Chile**






***Maligayang Kaarawan,* ni James C., edad 5, Peru**



Alam ko na si Jesucristo ay buhay, na mahal Niya tayo, at na ang Simbahan ay totoo. Itinuturo ng kuwento tungkol sa punungkahoy ng buhay na kung susundin natin ang ebanghelyo, maaari tayong lumigaya.


**Manuelis R., edad 5, Venezuela**








**Sarah G., edad 6, Guatemala**



Minsa'y inihatid namin ng nanay ko ang mga kapatid kong lalaki sa airport dahil magbibiyahe sila. Matindi ang trapik noon, at natakot kami na baka maiwan sila ng eroplano. Hindi rin maganda ang pakiramdam ng nanay ko. Noon ako nanalangin, at sumampalataya akong sasagutin ito. Naihatid naman namin ang mga kapatid ko sa eroplano sa oras! Alam ko na dininig ng Ama sa Langit ang panalangin ko.

**Sara P., edad 11, Italy**



Nang isa o dalawang araw na lang ay binyag at kumpirmasyon ko na, nilagnat ako at sumama ang pakiramdam ko. Ayaw kong ipagpaliban ang binyag ko. Nadama ko na dapat ko iyong ituloy sa takdang araw. Maraming kamag-anak at kaibigan ang nagpunta sa binyag ko, ang ilan ay hindi miyembro ng Simbahan. Nang mabinyagan ako, nawala ang lagnat ko, at gumaan ang pakiramdam ko. Nang araw na iyon nadama ko nang napakatindi ang Espiritu Santo. Nagpapasalamat ako na nabinyagan ako at natanggap ko ang Espiritu Santo.

**Sara M., edad 8, Spain**



**Gustung-gusto ng mga batang Primary ng Monay Ward, Cuenca Ecuador Stake, na matuto tungkol sa ebanghelyo.**

## PAGSISIKAP NA TULARAN SI JESUS

Paglabas ko ng gym sa eskuwelahan isang araw, nagkalat ang laman ng backpack ko, at nawawala ang isang laruan ko roon. Naisip ko na kinuha ng kaibigan ko ang laruan ko dahil tinangka niyang bilhin iyon sa akin noong araw na iyon. Nalungkot ako dahil ibig sabihin nito ay hindi na kami magkaibigan. Nang gabing iyon ipinagdasal ko na maunawaan ng sinumang kumuha ng laruan ko na mali iyon at ibalik niya iyon sa akin. Kinabukasan sa eskuwelahan ibinalik sa akin ng kaibigan ko ang laruan at humingi siya ng tawad sa akin para maging magkaibigan kaming muli. Napakasaya ko, at pinatawad ko siya. Nagpapasalamat ako na kaming magkaibigan ay tinulungan ng Espiritu Santo na gawin ang tama. Alam ko na makapagdarasal ako sa Ama sa Langit kahit kailan at tutulungan Niya ako.

**Brandon A., edad 8, Mexico**



***Si Milton kasama ang kanyang ama sa araw ng kanyang binyag.***

Hindi ko malilimutan ang araw ng binyag ko dahil iyon ang pinakamahalagang araw sa buhay ko. Sa araw na iyon ako nakipagtipan sa Ama sa Langit. Alam ko na ang Ama sa Langit at ang Kanyang Anak na si Jesucristo ay buhay at na mahal na mahal Nila ako. Gustung-gusto kong magpunta sa templo, kahit hindi pa ako puwedeng pumasok.

**Milton Aarón V., edad 10, Ecuador**

# Paglilingkuran Ko ang Diyos nang Buong Puso, Kakayahan, Pag-iisip, at Lakas

Isang araw sa oras ng recess, nakita ni Madison ang isang batang babae na umiiyak dahil may nagsabi rito ng masama. Nalungkot si Madison para sa bata at nilapitan niya ito para aliwin. "Gusto mo, laro tayo?" tanong niya sa bata.

Nang araw na iyon, naglingkod si Madison nang buong puso. Sinundan niya ang halimbawa ni Jesucristo at nagpakita ng pagmamahal sa isang nangangailangan. Maipapakita natin ang ating pagmamahal sa Ama sa Langit sa paglilingkod sa iba nang buong puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas. Maibibigay natin ang ating sarili sa paglilingkod!

Paano tayo naglilingkod nang buong puso? Makapaglilingkod tayo nang buong puso sa pagpapakita ng pagmamahal at kabaitan sa iba. Nagmamalasakit tayo sa pangangailangan ng iba. Kapag naglilingkod tayo nang masaya, naglilingkod tayo nang buong puso.

Paano tayo naglilingkod nang buong pag-iisip? Makapaglilingkod tayo nang buong pag-iisip kapag iniisip natin kung paano matutulungan ang iba. Kapag nakita natin ang mga pangangailangan ng mga nasa paligid natin at inisip kung ano ang ating maitutulong, naglilingkod tayo nang buong pag-iisip.

Paano tayo naglilingkod nang buong kakayahan at lakas? Ang paglilingkod nang buong kakayahan at lakas ay maaaring sa paggawa ng mga gawaing-bahay at pagsisikap na tulungan ang iba. Madalas nating mapagpapala at mapaglilingkuran ang matatanda sa paggawa ng mga bagay na mahihirapan silang gawin. ■

## MAG-USAP TAYO

Bilang isang pamilya, pagpasiyahan ang ilang bagay na magagawa ninyo nang sama-sama sa pagbibigay ninyo ng inyong buong sarili sa paglilingkod. Ipaliwanag na tuwing pinaglilingkuran natin ang iba, pinaglilingkuran natin ang Ama sa Langit.



# PAGBIBIGAY NG INYONG BUONG SARILI SA PAGLILINGKOD

Pumili ng isang paraan na gusto ninyong makapaglingkod sa bawat kategorya sa ibaba o mag-isip ng sarili ninyong mga ideya. Kapag nakatapos kayo sa isang paglilingkod, kulayan ang hugis sa tabi ng paglalarawan.

## PUSO




**Sabihin sa inyong mga magulang o kapatid na mahal ninyo sila.**



**Gawan ng kabaitan ang isang taong nag-iisa. Ngitian ang isang tao.**

## PAG-IISIP



**Sulatan ang isang lolo o lola.**



**Alukin ng tulong ang isang kapatid na lalaki o babae sa kanyang takdang-aralin.**




**Tumulong na magplano ng isang proyektong pangserbisyo ng pamilya.**

## KAKAYAHAN AT LAKAS



**Kapag may ipinagawa sa inyo ang inyong mga magulang, gawin ito nang masigasig.**



**Tulungan ang isang kapatid na lalaki o babae sa gawaing-bahay.**



**Magkalaykay ng mga dahon, magbunot ng mga damo, o gumawa ng ibang bagay na makakatulong sa inyong pamilya.**

## AWIT AT BANAL NA KASULATAN

- "Tinawag Upang sa Diyos Maglingkod," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 94
- Doktrina at mga Tipan 59:5


KALIWA: PAGLALARAWAN NI GREG NEWBOLD; KANAN: MGA PAGLALARAWAN NI VAL CHADWICK BAGLEY

# Pinapayapa ni Jesus ang Bagyo

Ni Margo Mae, Utah, USA



Isang araw habang naglalayag si Jesus at ang Kanyang mga disipulo sakay ng isang barko, nagkaroon ng malakas na bagyo.



Sumalpok ang mga alon. Umihip ang hangin. Natakot ang mga disipulo na baka lumubog ang barko.


MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT PECK




Hinanap ng mga disipulo si Jesus. Nakita nila Siyang natutulog.
“Iligtas mo kami!” sigaw nila.
“Bakit kayo’y nangatatakot?” tanong ni Jesus.



Nagbangon si Jesus at inutusang tumigil ang bagyo. Nakita ng mga disipulo nang tumigil ang pagsalpok ng mga alon at pag-ihip ng hangin. Natapos na ang bagyo, tulad ng iniutos ni Jesus na mangyari.



Kung minsan kapag nangyayari ang nakakatakot na mga bagay, natatakot tayo. Pero nariyan lang si Jesus. Ang pag-iisip tungkol sa Kanya ay makakatulong para madama nating ligtas at panatag tayo. ■



PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

**Pinapayapa ni Jesus ang Bagyo**

"At nagbangon [si Jesus], at sinaway ang mga hangin at ang dagat; at humusay na totoo ang panahon" (Mateo 8:26).

# ANG PINAKAMAHABANG SACRAMENT MEETING


**Ni Okon Edet Effiong**

Gustung-gusto kong basahin ang mga aklat ng mga Banal sa mga Huling Araw tungkol sa relihiyon. At dahil ang mga aklat na ito ay hindi madaling makuha sa Nigeria, nanghiram ako sa isang kaibigan ko. Sa hangad na maibalik ang mga aklat ng kaibigan ko sa loob ng ilang araw, lagi kong dala ang mga ito at binabasa ko kapag may bakanteng oras ako.

Isang araw ng Linggo dala ko ang isang hiram na aklat nang dumalo ako sa sacrament meeting sa ward kung saan ako nakatalaga bilang high councilor. Binasa ko ang aklat habang hinihintay kong maibigay sa bishop ang isang mensahe mula sa stake presidency. Nang dumating ang bishop, ipinakausap niya sa akin ang kanyang unang tagapayo dahil kailangan niyang batiin ang ilang bisita. Matapos ipasa ang mensahe sa unang tagapayo, naupo na ako sa pulpito.

Gayunman, kauupo ko pa lang nang mapuna kong nawawala ang aklat ng kaibigan ko. Dahil mga limang minuto na lang ay magsisimula na ang miting —at dahil nakaupo na ang namumunong awtoridad sa pulpito—naisip kong hindi ako dapat umalis. Nanlulupaypay dahil nabigo ko ang kaibigan ko, nagsimula ang pagdurusa ko sa pinakamahabang sacrament meeting na dinaluhan ko.

Inasam kong bumilis ang paglipas ng oras, ngunit bawat bagay na pinag-usapan sa miting ay parang tinalakay nang napakatagal. Alumpihit ako, habang tahimik na nagdarasal na pangalagaan sana ng Diyos ang aklat. Hindi naman talaga mahahaba ang mga mensahe, ngunit nahalinhan ng sobrang pag-aalala ang isipan ko. Limang minuto bago natapos ang miting, hindi na ako makatiis. Nag-abot ako ng maikling liham sa unang tagapayo na nagtatanong kung naiwan ko ang aklat sa tabi niya. Umasa ako na tatango siya. Sa halip ay umiling siya.



*Ang sacrament meeting ay karaniwang tumatagal nang 70 minuto. Ngunit isang araw ng Linggo tila walang katapusan iyon.*


Hindi ako pumikit sa pangwakas na panalangin at sa halip tiningnan kong mabuti ang dalawang natitirang lugar na naisip kong maaaring kinaroroonan ng aklat. Samantala, nagpasiya ako na, kung kailangan, pupunta ako sa mga klase ng Sunday School para ipaalam na nawalan ako ng aklat.

Gayunman, ang nakakagulat, nang matapos ang sacrament meeting, biglang nagbago ang pakiramdam ko, at hindi na ako nag-alala tungkol sa aklat. Ipinakita sa akin ng Espiritu Santo—sa loob lang ng ilang sandali ng espirituwal na kaliwanagan—na wala akong dahilan para mag-alala. Nalaman ko na ang *talagang* mahalaga ay kung pangangalagaan ko o hindi ang mga bagay na ipinagkatiwala sa akin ng Diyos. Agad nalista sa isipan ko ang natatandaan kong ipinagkatiwala sa akin ng Dios: ang aking kaluluwa, pamilya, mga dinadalaw ko sa home teaching, mga dapat kong bahaginan ng ebanghelyo, mga miyembro ng ward na pinaglilingkuran ko, yumao kong mga ninuno na kailangang gawan ng ordenansa sa templo, at iba pa.

Nakita ko nga ang aklat matapos ang isang mahalagang karanasan sa pagsusuri sa sarili. Ngunit sa pagtatapos ng pinakamahabang sacrament meeting, nakita ko rin ang mga aspeto ng buhay ko na kailangan kong ayusin. At ipinasiya kong maging tapat sa paggawa ng mga dapat kong unahin na nais ng Ama sa Langit. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Lagos, Nigeria.*

MGA PAGLALARAWAN NI LES NILSSON




PAGLALARAWAN NI ROBERT T. BARRETT

## GEORGE ALBERT SMITH

**Si George Albert Smith** ay 21 anyos nang siya ay unang tinawag na maglingkod sa mga kabataang lalaki ng Simbahan. Sumali siya sa **Boy Scouts of America,** na pinarangalan siya sa kanyang paglilingkod. Habang naglilingkod bilang Apostol, si George Albert Smith ay isa ring lider sa ilang pambansa at pandaigdigang organisasyon sa pagsasaka. Inilaan niya ang **Idaho Falls Idaho Temple.**



*Sa kanyang artikulong, "Ang Katarungan at Awa ng Diyos," ginamit ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol ang pagtatanim ng mga ligaw na bulaklak o thistles bilang metapora ng pagkabihag sa kasalanan. "Nagtatanim tayo ng binhi ng thistle o ligaw na bulaklak, at marami tayong inaning thistle—sa loob ng maraming taon, malalaking palumpong at sanga nito. Hindi natin ito maaalis hangga't hindi natin ito pinuputol." Para mabasa ang kanyang payo kung paano tayo makapagsisisi at makatatanggap ng awa, tingnan sa pahina 20.*


TAGALOG

4 02107 89893 9

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW